
# Tanging sa Biyaya Lamang



# *Tanging sa Biyaya Lamang*

ISANG PAG-AARAL ng DOKTRINA isinulat ni JIM McCLARTY

© 2007 James T. McClarty
* Maliban na lang kung isaad, ang lahat ng pagtukoy sa Kasulatan ay nanggaling sa King James Version ng Biblia. Ang lahat ng karapatan ay nakatakda.

Nilimbag sa Republika ng Pilipinas

Hindi po ibinebenta ang mga aklat na ito ngunit maaari po kayong humingi ng mga libreng kopya, magtext lang po o tumawag sa cellphone # 0932-629-6594. Tumatanggap din po kami ng mga donasyon para mapanatili ang paglilimbag at pamamahagi ng mga aklat na ito, makipag-uganayan lang po sa numerong nasa itaas.

Nawa'y buksan ng Dios ang inyong puso at isipan patungo sa Kanyang katotohanan, kaligtasan at sa buhay na walang hanggan!

~ Monfiel Pulido, publisher

NAGMULA DIN SA MAY AKDA NITO

MGA LIBRO NG THEOLOHIYA
*Isang Gabay nang Pagbibigay sa Bagong Tipan*
*Isang Maikling Kasaysayan ng Hinaharap*
*Ang Iglesia ba ang Israel?*

MGA KOMENTARYO SA KASULATAN
*Komentaryo sa Sulat ni Pablo sa Iglesia ng mga taga Galacia*
*Komentaryo sa Sulat para sa mga Hebreo*

PATUNGKOL SA MAY AKDA

Si Jim McClarty ay senior pastor ng Grace Christian Assembly sa Smyrna, Tennessee. Siya ay nagtuturo ng Salita ng Dios ng labing-limang taon na. Itinalaga niya ang kanyang panahon sa pagbabasa at pag-aaral ng sa gayo'y maibahagi naman niya sa iba ang Mabuting Balita ni Kristo.

Maaari ninyong mabasa ang iba pa sa naisulat ni Jim sa website ng Grace Christian Assembly: http://www.salvationbygrace.org.

Ang librong ito ay hinahandog nang walang maliit na halaga nang
pag-ibig, sa mga kaanib ng Grace Christian Assembly.
Ang inyong pagtitiyaga, suporta, dedikasyon at katapatan
ay mga patotoo at saksi sa biyaya ng Dios.

Nasabi sa akin minsan ng isang kaibigan,
"Ang palatandaan na tinawag ng Dios ang isang tao
upang mangaral ay sa kadahilanang tinawag
rin Niya ang mga tao para pakinggan siya."
O gaya naman sa paggamit ni Apostol Pablo,
"Kayo ay ang aming sulat, na nasusulat sa aming mga puso…"

Salamat sa pagtitiis sa aking mga sinasabi,
sa pagpapalakas ng aking kalooban na magturo, at sa pagiging pinaka-ginigiliw na
mga kaibigan na mayroon ako sa daigdig.

Isang pribilehiyo para sa akin na maging pastor ninyo.

Hindi makabagong bagay, kung sa gayon, ang aking ipinapangaral. Hindi bagong doktrina. Anong giliw kong inihahayag itong mga matitibay at makalumang doktrina, na tinatawag din naman sa palayaw na Calvinism, ngunit ang mga ito'y nakasisigurado at katotohanang ang mga nahayag na patunay patungkol sa Dios sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Ayon sa katotohanang ito ako'y naglalakbay sa nakaraan, at habang ako'y bumabagtas, nakikita ko ang mga ama sa likod ng mga ama, ang mga kompesor sa likod ng mga kompesor, mga martir sa likod ng mga martir, nagsisitindig para makipagkamay sa akin. Kung ako man ay Pelagian, o iyong naniniwala sa doktrina ng free-will, ako'y pihadong maglalakad ng mga daang-taong mag-isa. Dito at doon mayroong may maling pananampalataya na may kawalan ng karangalan sa pag-uugali na baka bumangon at tawagin akong kapatid. Ngunit, kung ang mga ito'y dadalhin ko bilang pamantayan ng aking pananampalataya, nakikinita ko ang lupain ng mga matatanda ay puno ng aking mga kapatiran; Napagmasdan ko ang karamihan na nagkumpisal ng katulad sa akin, at kumilala na ito ang relihiyon nang tunay na iglesia ng Dios.

*Charles H. Spurgeon, Metropolitan Tabernacle (1834-1892)*

Spurgeon, C.H. Setyembre 2, 1855
http://www.monergism.com/thethreshold/articles/spurgeon2

# *Mga Nilalaman*

PAUNANG KOMENTARYO ………………………………………………......... 13

PASIMULA ………………………………………………................................ 15
*Ang Kasaysayan* † *"Arminianism"* † *"Ang Doktrina ng Biyaya"* † *Ang Mga Pagkakaiba*

1 PANGKALAHATANG KASIRAAN ……………………………………….......... 33
*Pangkalahatang Kawalan ng Kakayahan* † *Ang Ating Kalikasan* † "Pero, Gumagawa Kami ng Mabubuting mga Bagay" † *Ang Pagmamatigas ng Kasalanan* † *Pangwakas*

2 WALANG KUNDISYONG PAGKAHIRANG …………………………….. …. 55
*Ang Bokubularyo ng Pagkahirang (Election)* † *Ang Pagtatalaga sa Kapalaran (Predestination)* † *Ang Nalalaman ng Dios* † *Paunang Kaalaman (Foreknowledge)* † *Kailan Nangyari ang Pagkahirang?* † *Mula sa Pasimula* † *Christocentricity* † *Mga Katangian ng Pagkahirang* † *Pagtatakwil* † *Pangwakas*

3 LIMITADONG PAGTUTUBOS ………………………………………………… 95
*Ano ang Ginaganap ni Cristo sa Krus?* † *Para Kanino Namatay si Cristo?* † *Ang Mga Tupa* † *Ang mga Hawig (Types) sa Lumang Tipan* † *Ang Limitasyon ng Arminian* † *Iba Pang Mga Pagtatalo* † *Pangwakas*

4 HINDI MALABANANG BIYAYA ……………………………………………. 139
*Ang Trinity* † *Mabisang Pagkatawag* † *Pagsisisi* † *"Kinakailangan Ngang Kayo'y Ipanganak na Muli mula sa Itaas"* † *Pananampalataya* † *Ang Biyayang Hindi Malabanan* † *Ang Pakikipagtalo ng "Free Will"* † *Ang Kapamahalaan ni Cristo*

5 PAGTITIYAGA NG MGA BANAL …………………………………………….. 173
*Ang Kasiguraduhan ng Mga Pasya nang Dios* † Ang Lawig ng Kaligtasan † *Para sa Kanya na Syang Pangwakas* † *Ang Binhi ng Ahas* † *Mga Pagtatalo* † *Ang Halimbawa ni Pedro* † *Roma 8:29-30* † *Ang Halaga ng Mga Natubos*

**PAUNANG KOMENTARYO**
# TANGING SA BIYAYA LAMANG

Bilang tagapagturo ng Biblia, karaniwan akong tinatanong, "Ano ang pinaniniwalaan ng inyong iglesia?" Bahagyang maging sapat ang kasagutang, "Naniniwala kami sa Biblia." Karamihan sa mga Christian churches ay kapareho din ang sasabihin. Kaya nga, ang hangad ng librong ito ay ang liwanagin kung ano ang aming pinaniniwalaan sa Grace Christian Assembly at kung bakit namin ito pinaniniwalaan.

Hindi ako ang unang manunulat na sumubok na maipakilala ang mga doktrinang ito sa kasalukuyang panahon. Ngunit ang mga ito ay mabibigat na paksa. Sa gayon, kadalasang ang materyal na ito ay ipiniprisenta sa paraang puno ng temang theolohikal na ang pangkaraniwang bumabasa ay naiiwang may kalituhan pagkatapos. Kaya ito ang aking pag-asa at intensyon na ang presentasyong ito ay maging malinaw at sapat at madaling mahanap para sa bawat magbabasa "na may mga matang nakakakita."

Ang unang patakaran sa interpretasyon ng Biblia ay palagi naman naging ito:
"Isinasaad ng Biblia ang pakahulugan nito at ang kahulugan nito ay hayagan nitong sinasabi." Ang pangalawang patakaran ay tulad din ng nauna: "Ang Kasulatan ang nagpapaliwanag sa Kasulatan."

Pangkaraniwan na sa mga preachers na "maghanap at humugot" sa buong Kasulatan , humahanap ng wala sa lugar na verses na sa tingin ay sinusuportahan ang kanilang natatanging theolohiya, tradisyon, at
mga nabuong "sapantahang-pilosopikal" na siyang pinanghahawakang-pilit, tao man o nang denominasyon. Ngunit nagbigay babala ang Apostol Pablo:

> “Kayo'y mag-ingat, baka sa inyo'y may bumihag sa pamamagitan ng pilosopiya at walang kabuluhang pandaraya, ayon sa tradisyon ng mga tao, ayon sa mga simulain ng sanlibutan, at hindi ayon kay Cristo.” (Colosas 2:8)

Sa ganitong kadahilanan, sinuportahan namin ang mga doktrinang ito ng sari-saring reference mula sa Kasulatan. Ngunit, aming agarang ipina-paalam na ito’y malayo sa mahabang pag-aaral. Pagdating sa pag-aaral ng gawain at ng kalikasan ni Cristo, kahit si Apostol Juan ay kinailangang magtapos “...na kung susulating isa-isa, sa palagay ko, kahit sa sanlibutan mismo ay hindi magkakasiya ang mga aklat na isusulat.  (Juan 21:25)

Ang kapangyarihan at biyaya ng Dios ay nahabi sa pagitan ng mga bersikulo ng Kasulatan. Habang tayo’y dumarating sa pagkaka-alam sa Dios ng Biblia, tayo’y magkakaroon ng mas higit na pagkakilala sa Kanyang pagka-Panginoon sa Kasulatan. Ang librong ito ay “tip-of-the-iceberg” lamang, na nagnanais na umudyok sa kaisipan at diskusyon, at para tulungan tayo sa ating paghahanap ng katotohanan ng kaligtasan kay Cristo na ating Panginoon.

Nawa’y pagpalain kayo ng Dios habang kayo’y nagbabasa.

## INTRODUKSYON
ANG MGA DOKTRINA NG BIYAYA

Ang librong ito ay patungkol sa Biblical *soteriology*. Iyan ang theolohikal na salita para sa pag-aaral ng natapos na gawain ng pagliligtas nang Dios. Ang mga pinakadakilang relihiyon ng daigdig ay sumasang-ayon na ang tao ay mayroong espiritual na kaloobang nababalot sa makataong laman. Karamihan sa kanila ay sumasang-ayon na kapag namatay ang laman, ang espiritu ay patuloy na nabubuhay sa isang porma o kung anoman. Itinuturo ng Biblical Christianity na ang may-akda o lumikha ng buhay na espiritung iyan ay ang Dios. Ngunit inihahayag ding malinaw ng Biblia na hindi lahat ng taong mamamatay ay titindig na pinatawad at tinanggap sa harapan ng Banal na Dios. Kung paanong nangyayari na ang iba ay naliligtas at ang iba ay eternal na magdurusa ang sentro ng ating pag-aaral.

Huwag sana kayong mawalan ng gana sa salitang "doktrina." Ito ay simpleng nagpapakilala sa anumang katuruan bilang isang prinsipyo o paniniwalang-relihiyon. Iyon lang. Ang pinag-aaralan natin dito ay ang mga prinsipyo ng Biblical Christianity, nilagyan ng kaayusan upang maging isang theolohiyang nagkakaisa, nang sa gayo'y mas maunawaan ang napapasa-ilalim na mga katuruan, mga prinsipyo at mga konsepto ng Biblia. Ang Apostol Pablo ay isang dakilang tagapag-tanggol ng tamang pagtuturo.

> *"Hanggang sa dumating ako, bigyang pansin mo ang hayagang pagbabasa ng kasulatan, ang pangangaral, at ang pagtuturo." (1 Timoteo 4:13)*

*“Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.” (2 Timoteo 3:16-17)*

*Tayo'y huwag nang maging mga bata, na tinatangay-tangay ng mga alon at dinadala-dala ng bawat hangin ng aral, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga katusuhan sa paraang mapandaya. (Efeso 4:14)*

*“Sapagkat darating ang panahon na hindi nila matitiis ang wastong aral; kundi, sa pagkakaroon nila ng makakating tainga, ay mag-iipon sila para sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling pagnanasa, at tatalikod sa pakikinig sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at babaling sa mga kathang-isip.” (2 Timoteo 4:3-4)*

Napakahalagang ang Iglesia ay kumpleto sa mga doktrina ni Cristo, sapagkat sila ang pinaka-pundasyong mga bato kung saan ang dalisay na Kristianismo ay nakatatag.

*“Sapagkat ang obispo bilang katiwala ng Diyos ay dapat na walang kapintasan, hindi mayabang, hindi magagalitin, hindi maglalasing, hindi marahas, hindi sakim sa pakinabang; kundi mapagpatuloy ng panauhin, maibigin sa kabutihan, matino ang pag-iisip, matuwid, banal, at mapagpigil sa sarili. Dapat na kanyang pinanghahawakang mabuti ang tapat na salita na ayon sa turo, upang makapangaral siya ng wastong aral, at pabulaanan ang mga sumasalungat dito.” (Tito 1:7-9)*

*“Nguni't magsalita ka ng mga bagay na nauukol sa aral na magaling.” (Tito 2:1)*

## † ANG KASAYSAYAN

Ang *Calvinism*, ito ang karaniwang katawagan, ay may mayamang kasaysayan sa Europa, ngunit makikita ang pinakamatinding impluwensya nito nuong panahon ng pagkatatag ng Estados Unidos. Dahil sa paninindigan sa reporma ni Martin Luther, ang iglesiang nakapangalan sa kanya ay naitatag sa pagtuturo ayon sa paghirang ng Dios (*election*) at sa pagtatakda ng kaligtasan (*predestination*). Pinanghawakan ni John Knox, siyang nagtatag ng Presbyterian Church, ang mga doktrinang ito. Ipinakita ng unang kasaysayan ng Amerika na ang malaking karamihan ng mga Pilgrims na lumunsad sa Plymouth Rock ay mga Calvinistic Presbyterians. Ang mga Congregationalist Churches ng sinaunang Amerika ay dating nakatali sa mga doktrinang ito. At ang mga orihinal na Baptists ay masugid na mga *predestinarians*, kumpara sa mga kasalukuyang kongregasyon na pinangangalandakan ang kanilang mga sarili bilang "Free-Will Baptists" upang mabukod sila mula sa kanilang mga ninuno.

> Ang uri ng *English Calvinism* na ito ay pinatibay ng *Dutch Calvinists* ng New York at New Jersey, nang German Reformed ng Pennsylvania at Maryland, at nang Scots-Irish Presbyterians na nanirahan sa gitnang-Atlantiko at timog na bahagi ng kolonya. Samantalang hindi lahat ng mga naninirahan sa New World ay Protestante at hindi lahat ng mga Protestante ay mga Calvinists, gayunpaman mayroon nang matibay na impluwensyang-Calvinist sa kaisipan at institusyong Amerikano mula pa ng pasimula. Nagttag ang mga Calvinists ng mga unibersidad, nagpasimula sa New England ng *town meeting*, iginiit ang

> separasyon ng gobyernong-federal, gumanap ng prominenteng parte sa kilusan para sa abolisyon ng pang-aalipin, at mismong itinaguyod ang mga likas na institusyon ng *frontier revivalism* tulad ng "*the anxious bench*" at ang "*camp meeting*"… Sa maikling salita, bagaman ang *Calvinism* ay hindi ang bukod-tanging sangkap sa intelektuwal at relihiyosong kasaysayan ng Amerika, ito ay isang mahalagang sangkap sa kadahilanang walang sinoman ang makakaintindi ng kasaysayan at kultura ng Amerika kung wala kahit kaunting pagtangkilik sa pamanang-Calvinist nito.

Ang mga ito'y hindi makabagong mga katotohanan o sariwang mga pagbabago na ating binubulay-bulay. Ito ang mga matatandang katotohanan; ang mga pundasyon ng ating pananampalataya. Kaya naman, kinakailangang magkaroon tayo ng mabilisang buod patungkol sa kasaysayan ng Reformation nang sa gayo'y maunawaan kung saan tayo nagmula at kung papaano tayo nakarating dito. Ngunit, yamang ang librong ito'y hindi inalay para sa Church History, at kung isasa-alang-alang ang kalakihan at ang kalawakan ng Reformation, maraming malalaking mga detalye at mga mahalagang persona na maaari nating alalahanin ngunit malalampasan. Sa librong ito, tayo'y magiging pamilyar lamang sa partikular na mga pangalan at makasaysayang mga pangyayari na mismong may kuneksyon sa mga pag-aaral na susunod.

Sa unang 300 taon na pamamalagi ng Church, ang pangunahing konsentrasyon ng mga theologian at ng mga manunulat ay ang patungkol sa kalikasan ni Cristo, ang Kanyang pagka-Dios at ang Kanyang pagkatao. Sa paglipas, wala tayong masyadong mahahanap sa paraang matatawag sa kalaunan na *Grace Doctrine* hanggang sa ika-limang siglo – na hindi naman sapat para sabihin na ang mga doktrinang ito ay hindi malinaw na sinabi sa loob ng Biblia. Ngunit dapat nating alalahanin na ang kanoni-

sasyon ng Biblia sa bersyong nasa atin ngayon ay hindi napangyari sa loob ng ilang daang-taon.

Mula sa pasimula, ang Kristianismo ay napasama sa pakikibaka sa pagitan ng mga Hudyong nahikayat, na nanatili sa kanilang makasaysayang mga tradisyon at ng mga nahikayat na Hentil, na nag-sisunod sa *Pauline theology* ng pag-aaring ganap *(justification)* sa pamamagitan ng biyaya *(grace)* na walang mga gawa ng Kautusan.

> *"At nalalaman natin na ang tao ay hindi inaaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, at tayo ay sumasampalataya kay Cristo Jesus, upang ariing ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at hindi sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, sapagkat sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay hindi aariing ganap ang sinumang laman." Galacia 2:16*

Pangkaraniwan, may mga pangkatang umusbong sa Church, na dumidepensa sa alinmang panig ng kontrobersyang Kautusan/Biyaya *(Law/Grace)*. Habang ang isang kampo ay nakipagtalo at pumanig sa posisyon ni Pablo, ang mga Hudyong nahikayat ay karaniwang hindi mapalaya ang kanilang mga sarili mula sa mga tradisyon ng kanilang mga ninuno at mga lider-relihiyon, na itinataguyod ang hakang kaligtasan sa pamamagitan ng Kautusan at ang pang-sariling katuwiran na pinaghirapan sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan ni Moises. *(Sinaitic Law)*

Ito ngang si Augustine ng Hippo (354-430 AD) ang siyang nagpakilalang muli sa kalakhan ng publikong kaalaman patungkol sa katotohanan na ipinapahayag nang Biblia: ang nalaglag na kalagayan ng tao, ang pagkahirang na walang kundisyon at ang kaligtasan sa biyaya.

Sinimulang isa-ayos ni Augustine ang theolohiyang-Biblikal para tugunan ang katuruan ni Pelagius (360?-420?), na nilisan pang-habangbuhay ang Roma nuong 411 AD at nawala sa talaan ng kasaysayan nung 418. Itinuro ni Pelagius na, kontra sa talaang-Biblikal, na ang pagkalaglag ni Adan ay isang indibidwal na kapariwaraan na walang anumang epekto sa pangkalahatang sangkatauhan. Itinuro niya na ang kamatayan ni Cristo ay pawang halimbawa lamang ng pagkamartir, at ang isang tao sa kanyang natural na kalagayan ay may kakayahang gawin ang kanyang pang-sariling personal na kaligtasan sa pamamagitan ng lakas ng kalooban at ng sariling pasya.

Kaya nga, isinulong ni Augustine ang pagsalungat kay Pelagius sa pamamagitan ng masistemang pagtuturo. Itinuro niya:

- Na ang buong sangkatauhan ay nalaglag kasabay ni Adan.
- Na ang lahat ng tao, ayon sa kalikasan, ay nasira at patay ayon sa espiritu.
- Na ang indibidwal na kalooban ay malayang magkasala, ngunit hindi malayang gumawa ng kabutihan patungo sa Dios.
- Na si Cristo ay naghirap bilang kapalit ng isang partikular na grupo ng tao.
- Na ang Dios ay naghihirang ng sinumang naisin Niya at hindi nagtatangi
- Na ang biyaya ng kaligtasan ay mabisang nailagay sa mga nahirang na mga tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Si Augustine ang unang tunay na taga-salin ni Apostol Pablo at napagtagumpayang kamitin ang pagtanggap ng

doktrinang ito sa sinaunang Iglesia. Agarang pagkalipas nito, ay namayagpagang kapangyarihan at kasikatan ng Simbahang Romano Katoliko. Sa paglipas ng panahon, itinaguyod ng Roma ang pagtitiwala sa pamahiin at paglawig ng pagka-ignorante sa Kasulatan. Ang mga Papa ay nagkamal ng napakalaking kapangyarihang-politikal at eklesiastikal na nang kalaunan ay napasailalim ang kalakhan ng Europa sa kapamahalaan ng Roma. Ang moralidad ng pamunuang-Iglesia ay patuloy na yumabong sa kasamaan, habang ang kaparian ay naging lalong bulok, na nauwi sa pagbebenta ng mga indulihensya *(indulgences)*: mga kabayarang ginawa upang bawasan ang panandaliang kaparusahan sa kasalanan, maging sa buhay na ito o para sa mga kaluluwang nasa Purgatoryo. Ang Iglesia sa Roma ay nagpasasa sa mga tradisyong nagmula sa mga mahiwagang relihiyon ng matandang Babilonia, na ninais ang tradisyong-eklesiastikal kaysa doktrinang-Kristiano. Ang Kasulatan ay masidhing naitago mula sa ordinaryong mga tao, na inaakalang masyadong "banal" at mahirap itong basahin ng kahit sino puwera lang sa mga nai-pwesto sa itaas ng kaparian.

> Upang maintidihan ang ating pagka-ugat sa Renaissance, dapat nating alalahanin na nuong ikalimang siglo, ang Imperyong Romano ay winasak ng mga barbaro mula sa hilagang Europa – kasama ang kanyang mga institusyong-politikal, mga kaalaman at mga sining. Itong kabuuang pagkawasak ng kulturang-Romano ay nagpasailalim sa Europa sa loob ng sanlibong-taong panahon na minsan ay tinatawag na *"The Dark Ages"*. Ang panahon na iyon ay madilim sapagkat ang liwanag ng pagkatuto, sa kalakhang parte, ay nangawala. Ang pagka-ignorante o kawalan ng kaalaman ay nangibabaw sa lahat ng ibayo.

Ang buhay-Espiritual nang karamihan sa mga taga-Europa nuong panahong iyon ay napapamahalaan ng dalawang tema: pamahiin at pagpapasakop. Nang ang pagkatuto ay halos nadiliman, at ang maaasahang pagtuturo sa Kasulatan at theolohiya ay halos nawala, nagpasasa ang mga pangkaraniwang tao sa kanilang mga imahinasyon sa hindi mabilang na mga pamahiin. Nakikinita ng isang pangkaraniwang tao ang mundo na napupuno ng mga anghel, dimonyo, at iba pang mahiwagang mga nilalang na kumokontrol sa buhay at nagpapasya ng kapalaran. Dumating ang Iglesia Romano Katoliko para sakupin pareho ang pulitika at kultura ng Europa, at halos ang lahat ng tao ay dependente sa iglesia para sa kaligtasang walang hanggan. Sa bandang ito, kinontrol at pinangasiwaan ng simbahan ang pitong sakramento na, kung panghahawakan, ay ang tanging paraan kung saan ang biyayang-nagliligtas mula sa Dios ay maaaring maipagkaloob. Sa isang banda naman, tinaglay ng simbahan ang malawak na kapangyarihan ng pag-ekskumulga *(excommunication)*, na hinarangan ang mga heretiko at mga makasalanan sa biyayang-nagliligtas na mula sa mga sakramento, at ang kapangyarihang sumasansala kung saan maaaring ilayo ng Papa ang mga sakramento sa isang nasyon o grupo ng tao. Ang makapangyarihang mga instrumentong ito ang nagpahinuhod sa buong populasyon ng Europa na maging dependente sa isang galit na Dios na inihayag ang Kanyang banal na kalooban sa pamamagitan lamang ng simbahang Romano.

Mula sa kapabayaang ito na ang isang Martin Luther (1483-1546), isang mongheng Augustino, ang nanguna sa repormang-Aleman ng Iglesia. Si Luther ay isang ganap na *predestinarian*. Sa kanyang sulat na *"Bondage of the Will"*, isinaad niya ng pagkalinaw ang doktrina ng pagtatalaga ng kapalaran *(predestination)*.

Si John Calvin (1509-1564) ay nagtayo sa mga pundasyong inilatag ni Martin Luther. Ang mga tagasunod nina John Calvin, Huldrych Zwingli (1484-1531), at John Knox (1513-1572) ay nakilala bilang "the Reformers." Ang kanilang layunin ay ang pagtanggi sa

aral at tradisyon ng Roma habang inihahayag at ipinanunumbalik ang doktrinang-Biblikal. Ang Catholic Church, determinadong pigilan itong paglago ng theolohiyang anti-Catholic, ay lumikha ng mga panata na nagbibigay sa kanila ng karapatan na bigtihin o sunugin ng buhay ang kahit sinomang hindi nila makasundo. Sa gayon, ang church ng *Reformation*, ang mga Protestante, na nag-protesta laban sa maling pananampalataya ng Catholic Church, ay palagiang inilagay sa panganib ang kanilang buhay at katawan nang sa gayo'y maihayag ang kanilang pinaniniwalaan.

## † "ARMINIANISM"

Si Jacob (o John) Arminius (1560-1609) ay isang estudyante ng kahalili ni John Calvin, si Theodore Beza, na nagturo sa University of Geneva sa Swizerland. Nuong 1588, nabasa ni Arminius ang mga nailathala ng *Pelagian theologian* na si Dorch Coornhert (1522-1591) at nakita niya na ang argumento ay mas malakas kaysa sa kanyang sariling paniniwala. Naging tagasunod siya sa mga doktrina nang biyayang-unibersal at nang kalayaan ng kalooban. *(universal grace and freedom of the will)*

Dumulog si Arminius sa gobyerno ng Holland na magsagawa ng isang *synod*, o kapulungan ng mga iglesia, para maitatag ang opisyal na posisyon ng Church patungkol sa doktrina. Mayroon siyang dalawang pangunahing pagtutol laban sa malawakang pagkalat ng panig-Augustinian/Calvinismo:

1. Ang paghirang *(election)* ba nang Dios patungong kaligtasan ay kundisyunal ba o hindi kundisyunal? Samakatuwid ba'y, humirang ba ang Dios ng mga tao ayon sa makapangyarihan Niyang kalooban?

O mayroon bang mabuti at nakaka-akit na kalikasan ang tao---tulad ng confession o katapatan---na mag-oobliga sa Dios para piliin ang taong iyon?

2. Ang biyaya *(grace)* ba ng Dios ay mapahihindian o hindi mapahihindian? Samakatuwid ba'y, kung ang Dios ay hihirang ng isang tao na may intensyon upang siya ay iligtas, maaari bang hindian ng taong iyon ang Dios kung gugustuhin niya? O, sila ba'y payak na ukol para sa langit anupaman ang kanilang personal na kalooban at nais?

Nuong Nobyembre 13, 1618, isang nasyonal na Synod ang ginanap sa Dort, Holland. Kasamang lumahok ang mga kinatawan nang halos lahat ng *Reformed Churches* ng Europa, kasama ang Church ng Inglatera. Tumagal ang pagpupulong hanggang Mayo 9, 1619. Ang panig ng Arminianismo ay nakipagtalo para sa kanilang pinanghahawakang limang puntos bilang basehan ng doktrinang-Biblikal:

1. Ang Dios ay humihirang o tinatanggihan ang tao ayon sa nakikinitang pananampalataya o hindi paniniwala. Samakatuwid baga'y, ang Dios sa Kanyang walang katapusang karunungan ay tumitingin sa mahabang teleskopyo ng kasaysayan ng tao at nakikita *"in advance"* kung sino ang maniniwala at kung sino ang hindi. Ang Dios ay "pumipili" o itinatakwil sila ayon sa kaalamang iyon.
2. Si Kristo ay namatay para sa lahat ng tao at sa bawat isang tao, bagamang tanging ang mga nananampalataya ang naliligtas.
3. Sobra ang kabulukan ng tao na kinakailangan ang makalangit na biyaya – na humahantong sa pananampalataya.
4. Ngunit maaaring tanggihan ng indibidwal ang biyayang ito.
5. Maaaring mawalan ng pananampalataya ang mga tunay na napagbagong mga naniniwala at sa ganitong paraan ay napaparam ang kanilang kaligtasan.

Ikinumpara ng kapulungan sa Dort ang mga doktrina ng *Arminian* sa malinaw na salita ng Kasulatan (Biblia) ngunit hindi nila napagkasundo ang mga ito. Bilang resulta, pangkalahatang itinakwil nila ang doktrinang *Arminian*. Sapagka't ipinapanguna

ng mga ito ang kataasan nang kalooban ng tao *(man's will)* sa ibabaw ng kapamahalaan ng Dios, ang mga theoryang ito ay umaapila sa pagnanasa ng tao na pamahalaan ang kanyang sariling kapalaran, at ang mga ito'y patuloy na itinuturo sa mga churches sa buong daigdig. Sa paglipas ng mga panahon, ang aral ng *Arminian* ay nakilala sa pamamagitan ng lumalagong kaibahan nito sa sinauna at makasaysayang paniniwala ni Apostol Pablo. Halimbawa, narito ang ilan sa mga theolohikal na patakaran na kasalukuyang pinang-hahawakan ng mga churches na nagpakasal sa doktrinang *Arminian*:

- Ang kasalanan ay nangyayari dahil sa mga gawa ng kalooban, kumpara sa pagiging bahagi ito nang ating natural na kalikasan.
- Ang polusyon ay namana mula sa pagkalaglag ni Adan, ngunit ang kanyang sala ay hindi ipinataw sa kahit sinoman sa kanyang lahi.
- Ang kabulukan ng tao bilang resulta ng pagkalaglag ay hindi dapat isipin na para sa pangkalahatan.
- Hindi naiwala ng tao ang kapangyarihan ng sariling-pasya *(self-determination)* o ang kakayahang ibaling ang kanyang kalooban patungo sa mabubuting plano.
- Ang pagtutubos ni Cristo ay sinadyang pantay para sa lahat ng tao at para sa kada tao, at ginagawa lamang nitong posible ang kaligtasan. Ang kaligtasan ay nagiging mabisa lamang kung tatanggapin ito ng nanunumbalik na mananampalataya.
- Ang pagsisisi at pananampalataya ay nauuna bago ang muling kapanganakan. *(regeneration)*
- Ang kalooban ng tao *(human will)* ang isa sa mga sanhi ng pagkapanganak-na-muli. *(regeneration)*

- Ang pananampalataya ay isang mabuting gawa ng tao at isang batayan ng pagtanggap sa Dios.
- Ang personal na katuwiran ni Cristo ay hindi ipinapataw sa mga naniniwala.
- May posibilidad na ang mananampalataya ay maaaring makatamo sa buhay na ito ng katayuan kung saan makakawangis niya ang makalangit na kalooban nang sa gayo'y matawag siyang "ganap".

- Ang pag-ibig ang pinakamataas na kalikasan ng Dios, ang pinaka-totoong halimuyak ng Kanyang persona.
- Ang tao ay hindi gaanong binulok ng kasalanan na dumating na sa punto na hindi na niya kayang paniwalaan ang Mabuting Balita kapag ito ay ipinakilala sa kanya, ni hindi rin naman siya ganong kalubos na kontrol ng Dios na dumating na sa puntong hindi na niya kayang itakwil ang Mabuting Balita.
- Nakasalalay sa mananampalataya na ingatan ang kanyang sarili sa ilalim nang kalagayan ng biyaya sa pamamagitan ng pag-alalay sa sariling pananampalataya. Sila na mga nagkukulang sa puntong ito ay naitatakwil dahil sa resulta ng kanilang pangsariling kawalan nang lakas ng kalooban.

## † ANG "MGA DOKTRINA NG BIYAYA"

Bilang resulta nang pasya na ang limang puntos ng Arminianism ay sa kabuuang hindi maka-Biblia, isinulong ng kapulungan ang isang sistema ng theolohiya na mula noo'y nakilala sa katawagang "Ang Limang Puntos ng Calvinism". Ang sistemang ito ay itinayong naka-pundasyon sa Kapamahalaan *(Sovereignty)* ng Dios sa lahat ng mga bagay. Ito ang matibay na doktrina ng kaligtasan na itinuro ni Pablo na ibinigay sa atin mula sa Kasulatan. Ngayon marahil ay isang magandang pagkakataon kung saan maaaring salaysayin ang ilang mga partikular. Samantalang ang mga doktrinang iniharap sa pag-aaral na ito ay kilala sa palayaw na *"Calvinism"*, hindi ako mahigpit na Calvinist.

Hindi ko sinasamba si John Calvin. Sa katotohanan, maraming pinaniwalaan si Calvin na hindi ko pinaniwalaan.

Halimbawa, pinaniwalaan niya na maaari nating mapangyari ang kahariang-milenyo kung sapat ang makatuwirang pamumuhay. Hindi ako ayon. Ipinaglalaban ko na itinuturo ng Biblia na ang Dios ay may mga "takdang oras" at ang daloy nang kasaysayan ng tao ay darating sa hangganan nito sa ganap na sandaling itinakda ng Dios magmula pa noong ipundasyon ng daigdig.

Pinanghahawakan ni John Calvin ang Sabbath. Ako hindi. Maliwanag na itinuturo ni Pablo na ang pagpapahinga sa natapos na gawa ni Cristo ang katuparan ng anino ng mga Sabbath ng Lumang Tipan. (Colosas 2:16-17)

Si John Calvin ay isang *"sacrilist"* na naniwala sa paggamit ng kapangyarihan ng pamahalaan para sugpuin ang paghihimagsik ng mga Anabaptist laban sa lumalakas na mga tropang-Constantinian/Catholic sa loob ng Reformed Church, kahit na ito'y mauwi sa pagsunog nilang mga "heretiko."

Kahit na ang mga matigas na tagapag-tanggol nang theolohiya ng Reformation ay sumasang-ayon na ang Calvinism ay nagbago at lumago sa paglipas ng mga taon, na iniwanan na nito sa likuran ang ilan sa mga naunang kamalian. Iyon na nga kung bakit ang paniniwalang *"always reforming"* ay patuloy na nagsasalitang tunay sa ating mga tainga.

Ang tao ay saklaw ng pagkakamali; kahit ang pinakamatalino sa mga tao. Ito ang dahilan kung bakit tayo sumusunod kay Cristo – hindi sa tao. Gayunpaman, binigyan ng Dios ang ilan sa mga tao ng kahanga-hangang kaisipan patungkol sa Kanyang Salita at ang karunungang ilagay sa kaayusan ang isang theolohiya upang sa gayo'y mas malinaw nating mabatid upang

makatulong sa ating maintindihan ang Kasulatan habang binabasa natin ito.

Kaya nga, habang si John Calvin at ako ay naghihiwalay ng pagsasama paminsan-minsan, ang sistema ng doktrina na yumabong mula sa Pagpupulong sa Dort ay nananatiling magaling at may kabuluhan.

Sa paglipas ng panahon, ang mga doktrinang ito ay naparito at nakilala bilang mga Doktrina ng Biyaya *(Doctrines of Grace)*, binibigyan ng pagkakaiba mula kay John Calvin, ang tao, at ipinapatong ang diin kung saan ito nauukol – sa Dios, sa Kanya mismo. Maaaring maalala ang limang puntos sa pamamagitan ng pag-gamit ng acronym, gamit ang salitang *TULIP:*

T . . . . Total Depravity o Total Inability *(Pangkalahatang Kasiraan)*
U . . . . Unconditional Election *(Walang Kundisyong Pagkahirang)*
L . . . . . Limited Atonement *(Limitadong Pagtutubos)*
I . . . . . Irresistible Grace *(Hindi Malabanang Biyaya)*
P . . . . . Perseverance of the Saints *(Pagtitiyaga ng mga Banal)*

Ang mga doktrinang ito ay naisalarawan din naman sa isang acronym gamit ang salitang *GRACE*:

G . . . . Gracious Election *(Mabiyayang Pagkakahirang)*
R . . . . Ruined Sinners *(Nasirang mga Makasalanan)*
A . . . . Accomplished Redemption *(Natapos na Pagtubos)*
C . . . . Compelling Love *(Nagpupumilit na Pag-ibig)*
E . . . . Everlasting Love *(Walang Hanggang Pag-ibig)*

Narito pa ang isang presentasyon nang limang doktrinang ito, mariing ipinapakita ang pagkakasunod-sunod ng *Grace at Salvation*:

Ang Pangangailangan ng Biyaya . . Pangkalahatang Kasiraan. . . . . .Kaligtasan ay Kinailangan
Ang Bukal ng Biyaya . . . . . . . . . . .Walang Kundisyong Pagkahirang. .Kaligtasan ay Pinlano
Ang Paglalaan ng Biyaya . . . . . . . ..Partikular na Pagtutubos. . . . . . Kaligtasan ay Binili
Ang Paghahayag ng Biyaya . . . . . .Mabisang Pagkakatawag. . . . ….Kaligtasan ay Inilagay
Ang Pagtatagumpay ng Biyaya . . .. Pagtitiyaga ng mga Banal. . . . . Kaligtasan ay Nilubos

## † ANG MGA PAGKAKAIBA

Ngayon, halos lahat ng church na nagsasabit ng pangalang "Christian" sa itaas ng kanilang pintuan ay sasang-ayon na ang tao ay mga makasalanan. Ang debate ay sumesentro sa epekto ng kasalanan sa tao at ang lawak ng kasiraang nangyari bilang resulta ng pagkalaglag. Sa gayon, ang unang tanong ay:

> Ang mga tao ba ay simpleng bumaba ang kabutihan kumpara sa dati?
>
> o
>
> Ang mga tao ba ay lubos na nasira dahil sa paghihimagsik ni Adan?

Dati, ang Biblia ay nagsasalita palagi sa pagpili ng Dios nang ilang mga tao para sa ilang tungkulin at partikular na mga kapalaran. Sa gayon, ang ikalawang tanong ay:

> Pumipili ba ang Dios ayon sa pinaghirapang kabutihan?
>
> o
>
> Pumipili ba ang Dios ayon sa Kanyang pang-sariling layunin at mabuting kasiyahan?

Dati, ang lahat ng Christian churches ay sang-ayon na si Cristo ay namatay sa krus bagamang Siya sa Kanyang persona ay walang kasalanan.

Gayon nga, Siya ay namatay bilang kapalit para sa iba. Ang debate ay nagmumula sa kung sino ba ang mga nagsitanggap ng katubusang ito. Ang ikatlong katanungan ay:

> Si Cristo ba ay namatay para sa kada tao at para sa lahat ng mga tao na nabuhay?
>
> o

Si Cristo ba ay namatay para lamang sa mga nahirang *(elect)* na mga tao na soberanong pinili ng Dios para bigyan ng buhay na walang hanggan?

Ang Biblia ay tumutukoy din sa pangangailangan ng tao sa Banal na Espiritu upang maligtas. Sa gayon, ang ika-apat na katanungan ay:

Ang tao ba ay may kakayanang labanan ang pagtawag ng Banal na Espiritu?

o

Minsang pinili ng Dios ang isang nasirang makasalanan at namatay si Cristo para sa kanya, kinakailangan bang sumuko ng lalaki o babaeng iyon sa tawag ng Dios nang sa gayo'y siya'y maligtas?

Kahulihan, yamang ang isang tao ay maaaring maligtas saan mang punto ng kanyang buhay dito sa daigdig ngunit manatiling nandito pa rin sa marami pang mga taon, ang ikalimang katanungan ay:

Maaari bang ang isang tao ay mahirang, tinubos na, at tinanggap ang pagtawag ng Dios at pagkatapos nito ay mawala ang kanilang kaligtasan, sa kadahilanang masikap na pinili nila ito o dahil sa kanilang ignoranteng pagpapabaya?

o

Ang kasiguraduhan ba nang paghirang, ang kakumpletuhan nang pagtubos, ang katunayan nang pagtawag, at ang paglalagay ng Espiritu ay maaasahan na dadalhin, sa pamamagitan nang kapangyarihan ng Dios, ang naligtas na mga tao hanggang sa kanilang naihanda nang kapalaran sa Langit?

Ito ang mga katanungan na aming hinahanapan ng kasagutan sa pag-aaral na ito nang mga Doktrina ng Biyaya. At kapag dumating ka na sa pagka-unawa nito, makikita mong ang mga ito'y binabad sa buong Kasulatan. Hindi sila nakatago sa mga hiwalay na sitas na kinakailangan pang hilahing "out-of-context" at "bigyan ng sariling paliwanag" para ito'y mapatotohanan. Sila ang pinaka "puso" ng Kasulatan.

UNANG KABANATA

## PANGKALAHATANG KASIRAAN

Tulad ng ibang paksa kailangan nating magsimula sa pasimula at magumpisa sa umpisa. Ang Kabuuang Kasiraan *(Total Depravity)* ay nangangahulugang ang bawa't bahagi ng kalikasan ng tao, ang kabuuan at ang pangkalahatang pagkatao, ay bulok at walang kakayanang gumawa nang anumang kabutihan na makapagpapasaya sa Dios. Sa simpleng pangungusap, ang unang doktrinang ito ay nagsasabing, "Ang tao ay makasalanan."

Mas ninanais nang ilang mga theologian ang katagang Pangkalahatang Kawalan ng Kakayanan *(Total Inability)* para maidiin ang punto na ang mga tao sa kabuuan ay walang kakayanang tulungan ang kanilang mga sarili, kahit na hindi sila gaanong masama gustuhin man nila, na parang ito ang nais ipakahulugan ng pangungusap na Pangkalahatang Kasiraan. Ngunit, ito ay isang payak na pagpili lamang. Ang katotohanan ng paksang ito, ayon sa Biblia, na ang tao ay nasa isang desperadong kundisyon.

Lahat nang ito ay nagsimula sa Halamanan ng Eden. Pagkatapos nang pagsalangsang nina Adan at Eba, ang kalikasan nang tao ay nagbago mula sa pagiging "ayon sa larawan at wangis ng Dios" tungo sa larawan ng kanilang amang si Adan; binulok at makasalanan. Ang pagbabagong iyan ng karakter at kalikasan ay naipasang pababa sa lahat ng saling-lahi ni Adan.

> *"Kaya't kung paanong sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, at sa pamamagitan*

*ng kasalanan ay ang kamatayan, kaya't dumating sa lahat ng mga tao ang kamatayan, sapagkat ang lahat ay nagkasala;" (Roma 5:12)*

Ang bagong katayuan na ito ay hindi isang simpleng kamalian na nagkataon lamang, ngunit isang lubos na pagbabago ng kaibuturang sangkap ng sangkatauhan.

*"Nakita ng PANGINOON na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama." (Genesis 6:5)*

Pansinin na kahit sa kalagitnaan nang pinakamaagang lahi ni Adan, ang kanilang kasamaan ay napakalaki at ang lahat ng haka ng kanilang kaisipan at ang kada nasa ng kanilang puso ay kasamaan lamang – wala nang iba. At ito'y kasamaang tuloy-tuloy! Ni walang maikling mga sandali nang kabutihan ang pumasok. Ito ang paraan kung saan tinitingnan ng Dios ang tao alinsunod sa kanilang pang-sariling kalikasan.

Ngayon, ayon kay Pablo, minsang ang makasalanang kalikasan ay pumasok sa sangkatauhan, ang bawat isa at ang lahat ng tao ay ipapanganak sa ganitong katayuan. Tayo ay mga nalaglag na mga nilalang. Ngunit nilalabanan ng tao ang ganitong konsepto. Kaya may mga katanungang lumalabas. Saang punto kaya na ang tao ay nagiging ganitong masamang makasalanan? Siya ba ay ipinanganak sa ganitong paraan o natututunan ba niya ito? Ang mga sanggol ba ay ipinanganak na inosente at umaabot ba sila sa "edad kung saan sila'y mananagot" *(age of accountability)* kung saan kinakailangan nilang panghawakan ang responsibilidad para sa kanilang mga gawa.

*“At sinamyo ng PANGINOON ang masarap na amoy, at sinabi ng PANGINOON sa kanyang puso, "Hindi ko na muling susumpain ang lupa dahil sa tao, sapagkat ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kanyang pagkabata. Hindi ko na rin muling lilipulin ang lahat ng nabubuhay na gaya ng aking ginawa.” (Genesis 8:21)*

*“Narito, ako'y ipinanganak sa kasamaan; at ipinaglihi ako ng aking ina sa kasalanan.” (Awit 51:5)*

*“Ang masama ay naliligaw mula sa bahay-bata, silang nagsasalita ng mga kasinungalingan ay naliligaw mula sa pagkapanganak.” (Awit 58:3)*

Ang pagkaligaw na ito sa Dios ay nagsisimula sa sinapupunan. Ang mga kasalanan ng mga magulang ay ipinasa sa mga anak sa pamamagitan ng dugo ng mga magulang. Ang mga anak ay may sala at lumalabas mula sa sinapupunan na nagsasalita ng mga kasinungalingan, na nagpapatunay ng kanilang pagiging makasalanan.

*“Ito'y isang kasamaan sa lahat na ginawa sa ilalim ng araw, na isang kapalaran ang dumarating sa lahat. Gayundin, ang puso ng mga tao ay puno ng kasamaan, at ang kaululan ay nasa kanilang puso habang sila'y nabubuhay, at pagkatapos niyon ay nagtutungo sila sa kamatayan.” (Eklesiastes 9:3)*
*“Ang puso ay mandaraya kaysa lahat ng bagay, at lubhang napakasama; sinong makakaunawa nito?” (Jeremias 17:9)*

Ang kasalanan ay nananahan sa pinaka-kaibuturan ng ating mga personalidad at karakter. Ang kasalanan ay hindi nagsisimula sa isang panglabas na kilos, tulad ng kalasingan, kalibugan, pagpatay o anumang katulad. Ang kasalanan ay nagsisimula sa ating mga puso at ang mga gawaing iyon ay mga simpleng paghahayag ng paghihimagsik na kasalukuyang naninirahan sa kalooban.

Ang mapanirang kalikasang ito ay hindi lamang kinokotrol ang tao para umayaw sa paggawa ng kabutihan, ito ay kumokontrol upang siya'y lubos na mawalan ng kakayanang gumawa ng kahit anuman na maaaring ikonsidera na kalugod-lugod sa paningin ng Dios. Iyan ang kalawakan ng kanyang kasiraan. Hindi lamang siya nasisiyahan sa kanyang paghihimagsik, siya ay walang kakayanang gumawa ng kahit anupaman para sa kanyang sariling kapakanan upang maging kalugod-lugod o kaakit-akit sa Dios.

Ngayon, may isang importanteng theolohikal na patunay na napapaloob sa katotohanang ito. Kung tunay ngang ang mga tao ay nag-aangkin ng pangunahing kawalan ng kakayanan para gumawa ng kabutihan o para bigyang kaluguran ang Dios, kung gayon, ang makabagong mga tradisyon na kontra dito ay walang saysay, walang kwenta, hindi tumpak at malinaw na hindi ayon sa Kasulatan upang sabihin sa ganitong mga sagad sa pagkasirang mga tao na "maniwala at magkaroon ng pananampalataya," o "gumawa ng desisyon para kay Cristo." Ang makalamang mga nilalang ay walang kakayanang magkaroon ng pananampalataya o mag-isip ng sadyang mabubuting mga bagay. Ang kanilang mga puso at mga kaisipan ay "pawang masama na lamang parati." Kung gayon, papaano silang biglaan na lamang magdedesisyon para piliin ang buhay na walang hanggan at magkaroon ng pananampalataya sa Dios?

*“Mababago ba ng taga-Etiopia ang kanyang balat, o ng leopardo ang kanyang mga batik? Kung gayon ay makakagawa rin kayo ng mabuti, kayong mga sanay gumawa ng masama.” (Jeremias 13:23)*

Ang malinaw na kasagutan ay – “Hindi, ang Etiope at ang leopardo ay walang kapangyarihan para baguhin ang kanilang mga sarili. Sila ay produkto ng kanilang mga kalikasan. Sila ay ipinanganak sa ganoong paraan at sila’y walang desisyon.” Gayon din naman, ang taong ipinanganak sa isang masamang katayuan at kasiraan ay walang kapangyarihang gumawa nang laban sa kanyang sariling kalikasan at gumawa ng anoman – kahit anumang bagay – na mabuti.

*“Ang PANGINOON ay nakadungaw mula sa langit sa mga anak ng mga tao, upang tingnan kung may sinumang kumikilos na may talino, na hinahanap ang Diyos. Silang lahat ay naligaw, sila ay pare-parehong naging masasama; walang sinumang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa.” (Awit 14:2-3)*

*Gaya ng nasusulat, "Walang matuwid, wala, wala kahit isa; wala ni isang nakakaunawa, wala ni isang humahanap sa Diyos. Lahat ay lumihis, sama-sama silang nawalan ng kabuluhan; walang gumagawa ng mabuti, wala, wala kahit isa." (Roma 3:10-12)*

*“Tayong lahat ay gaya ng mga tupang naligaw; bawat isa sa atin ay lumihis sa kanyang sariling daan…”
(Isaias 53:6)*

*"Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit mga daang tungo sa kamatayan ang dulo nito." (Kawikaan 14:12)*

Napakalinaw, ang tingin ng Dios sa tao – sa lahat ng mga tao – ay pawang masasama at nangasirang mga nilalang. At mababasa nating pareho sa Luma at Bagong Tipan na walang kahit isang tao na kaylan man ay piniling hanapin ang Dios o sumunod man sa Kanya. Walang sinuman ang naka-iintindi ng mga bagay-espiritual at wala man lang kahit isa na kapaki-pakinabang sa mga bagay na espirtual.
"Wala, wala kahit isa."

## † LUBOS NA KAWALAN NANG KAKAYANAN

Si Jesus ay nagsalita patungkol sa mga taong hindi kakayaning sumunod sa Kanya. Inihayag Niya na hindi lamang nila susundin ang natural nilang inklinasyon upang mag-rebelde at hindi makaunawa, pero sila'y wala talagang kakayanang gumawa! Nagsalita Siya patungkol sa kanila na mayroong mga mata, ngunit hindi naman makakita. Nagsalita Siya patungkol sa kanila na mayroong mga tainga ngunit hindi naman makarinig. Sinabi Niya na ang sanhi kung bakit hindi sila lalapit sa Kanya ay sa kadahilanang hindi sila makalapit sa Kanya!

*"Bakit hindi ninyo nauunawaan ang aking sinasabi? Sapagkat hindi ninyo matanggap ang aking salita." (Juan 8:43)*

*"Walang taong makakalapit sa akin malibang ilapit siya ng Ama na nagsugo sa akin; at siya'y muli kong bubuhayin sa huling araw." (Juan 6:44)*

*"Hindi maaaring mamunga ng masama ang mabuting puno at mamunga ng mabuti ang masamang puno." (Mateo 7:18)*

*“Hahanapin ninyo ako, ngunit hindi ninyo ako matatagpuan, at kung saan ako naroroon ay hindi kayo makakapunta roon.” (Juan 7:34)*

*Sumagot sa kanya si Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, 'Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.” (Juan 3:3)*

Masdan kung paanong diinan ni Jesus ang Kanyang mga pangungusap. Hindi Niya sinabi na ang tao ang responsable para tunghayan Siya at pagkatapos ay mag-desisyon para sa kanilang mga sarili. Hindi Niya binuksan ang pagkakataon na sila’y makapili o mag-desisyon. Inihayag Niyang maliwanag na ang sangkatauhan ay tutugon batay sa kanilang lubos na kawalan ng kakayahan.

Pagkatapos rin naman, si Pablo, ang dakilang tagapagpaliwanag ng Lumang Tipan, ay ipinaloob ang temang ito sa kanyang mga sulat:

*“Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos; sapagkat hindi ito napapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari;” (Roma 8:7)*

*“at ang mga nasa laman ay hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos.” (Roma 8:8)*

Ito ang sentro ng buong diskusyon. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga tao ay hindi simpleng nalamog lamang sa pagkalaglag ni Adan; sila’y hindi nakatanggap ng simpleng sugat

lamang na pagdaka'y gagaling. Inihayag ng Dios kay Adan na nang araw na kinain niya ang bunga ng punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama na siya ay mamamatay!

> *At iniutos ng PANGINOONG Diyos sa lalaki, na sinabi, "Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka." (Genesis 2:16-17)*

Ngunit, nabuhay si Adan ng daan-daang taon pagkatapos ng nakamamatay niyang desisyon. Nagkamali ba ang Dios? Hindi, si Adan ay namatay sa espiritu nuong sandaling iyon. Hindi lamang siya nalamog sa espiritu; siya'y namatay sa kasalanan. Saka siya nagsimulang mamatay nang pisikal ayon sa resulta ng pagkabulok niya sa espiritu.

Ating tunghayan nang mas malapit ang mga pangyayari na nagdala sa ating kasalukuyang katayuan ng lubusang pagkasira. Si Adan at ang kanyang asawa ang mga solong namalagi sa maluwalhating halamanang ibinigay sa kanila ng Dios upang pamahalaanan.

Sa pasimula, mayroon na silang isa lamang pagbabawal na laban sa kanilang kalayaang magpasya. Bago ang pagkalaglag, si Adan at Eba ang may "pinaka-malayang" mga kalooban sa kahit sinomang nabubuhay. Ang kanilang mga pagpili ay lubos na walang gumagambala, maliban lang sa nag-iisang, bukod-tanging patakarang iyon. Ngunit, ang ahas, si Satanas, ay pumasok sa Eden at nilapitan ang babae na may intensyong tuksuhin ang babae na gumawa nang laban sa patakaran ng Dios.

*“Ang ahas nga ay higit na tuso kaysa alinman sa mga mailap na hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Diyos. Sinabi niya sa babae, "Sinabi ba ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?'” At sinabi ng babae sa ahas, "Makakain namin ang bunga ng mga punungkahoy sa halamanan; subalit sinabi ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang bunga ng punungkahoy na nasa gitna ng halamanan; huwag din ninyo itong hihipuin, kundi kayo'y mamamatay.'" Subalit sinabi ng ahas sa babae, "Tiyak na hindi kayo mamamatay. Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo'y kumain noon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama.” (Genesis 3:1-5)*

Bagamang nalalaman ni Eba ang kautusan ng Dios na huwag hawakan o kainin ang nanggaling sa punong kahoy, siya ay nahikayat na ang pagkain nang bunga nito ay gagawin siyang “tulad ng Dios” kung saan makapag-dedesisyon siya para sa kanyang sarili kung ano ang mabuti at kung ano ang masama. Sa maikling sabi, si Eba ay gagawa ng sarili niyang pasya at lilikha ng sarili niyang mga patakaran patungkol sa kanyang buhay at sa kanyang katayuang eternal. Si Eba kung gayon ang magiging unang tao na totohanang makagagawa ng “kalayaan ng kalooban / pagpapasya” sa kabila ng malinaw na panuntunan ng salita ng Dios.

Ang konsepto ng pagpapasya at ng “kalayaan ng kalooban” ay pangunahing tumatayo sa karamihan ng katuruang *Arminian*. Ang napapasa-ilalim na akala ng gayong katuruan ay ganito: kung simpleng natututunan lang ng tao ang pagkakaiba sa

pagitan ng mabuti at masama, natural na mas pipiliin nila ang mabuti at iiwasan ang masama. Ngunit ano ang naging dulot ng desisyon ni Eba? Siya ba, sa katunayan, ay naging katulad ng Dios? Ang kanya bang katayuang-espiritual ay pinag-buti ng kanyang bagong tuklas na kaalaman?

> *"Kaya't nang makita ng babae na ang bunga ng punungkahoy ay mabuting kainin, nakakalugod sa paningin, na dapat nasain upang maging matalino, siya ay pumitas ng bunga nito at kinain ito; at binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at siya'y kumain. At parehong nabuksan ang kanilang mga mata, at nalaman nilang sila'y mga hubad. Magkasama silang nagtahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panakip. Narinig nila ang tinig ng PANGINOONG Diyos na lumalakad sa halamanan sa malarnig na bahagi ng maghapon. Nagtago ang lalaki at ang kanyang asawa sa PANGINOONG Diyos sa mga punungkahoy sa halamanan. Tinawag ng PANGINOONG Diyos ang lalaki at sa kanya'y sinabi, "Saan ka naroon?" Sinabi niya, "Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan at ako'y natakot, sapagkat ako'y hubad; at ako'y nagtago." (Genesis 3:6-10)*

Ang pagsalangsang nina Adan at Eba ay nagbunga ng kahihiyan at pagkatakot. Ang kakayanang mag-isip para sa kanilang mga sarili at gumawa ayon sa sarili nilang pasya ang nagtulak sa kanila papalayo sa Dios, hindi ang mapalapit sa Kanya.

Ngayon, ayon kay Apostol Juan, ang kasalanan ay kinasihan sa pamamagitan nitong tatlong makasanlibutang sanhi: ang masamang pita ng laman; ang masamang pita ng mga mata; at ang kapalaluan sa buhay.

> *"Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan." (1 Juan 2:16)*

Nakita ni Eba na ang bunga ay mabuti para kainin (ang masamang pita ng laman), ito ay kaaya-aya sa mga mata (ang masamang pita ng mga mata) at ito'y hinangad para gawing matalino ang isang tao (ang kapalaluan sa buhay).

Nagdulot ito upang sila'y hindi na makatulad ng Dios sa kahit anumang paraan. Bagkus ang kabaligtaran ang nangyari. Unang napagtanto nila na sila'y hubad at sila'y nagtiis sa kahubaran. Sila ay nalantad bilang mga makasalanan, mga rebeldeng laban sa kautusan ng Dios, at sinubukang pagtakpan ang kanilang pagkakasala at magkubli. Bilang karagdagan pa sa kanilang kahihiyan, kaysa maging kapantay at kaparis ng Dios, na makihati sa Kanyang kapangyarihan, sila'y nalaglag mula sa Kanyang mabuting mga biyaya at pinarusahan Niyang may kontrol sa lahat ng kapangyarihan.

Sila'y pawang walang pananggalang laban sa Kanyang paghatol. Isinumpa ng Dios ang bawat isa sa kanila, kasama ang ahas, at sila'y pawang walang kakayanang tumindig laban sa kautusan ng Dios na Kataas-taasan. Nagnasang maging parang Dios sa kanilang sariling-kalooban, sila'y naging isinumpang mga makasalanan, mga alipin ng kanilang kahihiyan, at nabihag sa kanilang paghihimagsik. Sila ay pinalayas sa Eden at ang sangkatauhan ay naputol mula sa punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama at sa punong kahoy ng Buhay.

Si Adan ay itinuturing sa theolohiya bilang "pinunong-sentral" ng buong sangkatauhan. Ang pakahulugan nito ay pinang-hahawakan ng Dios ang bawat tao na nagkasala sa kalapastanganan ni Adan. Tayong lahat ay ipinanganak sa saling-dugo ni Adan at lahat tayo ay pawang saling-lahi niya. Dahil dito, tayong lahat ay ang nalaglag na mga anak ng mga naunang rebelde. Ang kanilang pagkalaglag, at ang pagkasirang nangyari sa kalikasang-

espritual, ay naipataw sa bawat isa sa atin. Hindi tayo ipinanganak na *spiritually neutral*. Tayo ay ipinanganak na mga rebelde laban sa kautusan ng Dios, at katulad nang ating mga magulang, tayo ay walang kakayanang iwaksi ang hatol ng Makapangyarihan sa lahat.

## † ANG ATING KALIKASAN

Upang lalong maipunto ang ating katayuang sakdal ng kahinaan, sinulatan ni Pablo ang iglesia sa Efeso at mariing inihayag ang ating nalaglag na kalikasan:

> *"Kayo noo'y mga patay sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, na dati ninyong nilakaran, ayon sa lakad ng sanlibutang ito, ayon sa pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway. mga anak ng pagsuway; Tayong lahat ay dating nabuhay sa gitna ng mga ito, sa mga pagnanasa ng laman, na ating ginagawa ang mga nais ng laman at ng pag-iisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kapootan, gaya naman ng mga iba."(Efeso 2:1-3)*

Bagamang katotohanang sa mga talatang ito ay pinamamanhikan ni Pablo ang mga mananampalatayang "nagsipasok mula sa kamatayan patungong kabuhayan," pansinin ang kanyang pakahulugan sa mga taong nasa kanilang natural na katayuan:

- Patay dahil sa mga pagsalangsang at mga kasalanan
- Naglalakad ayon kay Satanas, ang pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, mga naging anak ng pagsuway.
- At tayong lahat ay nagpupumilit na gawin ang mga kahalayan at ang mga pita ng ating laman sapagka't tayo'y katutubong mga anak ng kagalitan.

Ang mga tao'y ipinanganak na patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan. Hindi nasugatan. Hindi sumusuray-suray lamang. Hindi ginagawa ang pinakamahusay na kaya nilang

gawin – pawang mga bato, malamig at patay. Ang isang patay na tao ay lubusang walang kakayanang tulungan ang kanyang sarili. Tingnan si Lazaro. Kaya ba niyang tulungan ang kanyang sariling bumangon mula sa kanyang libingan? O, may kakayanan ba ang lambak ng mga tuyong buto ni Ezekiel na tulungang gisingin ang kanilang mga sarili? Sukdulang hindi! Sila'y pawang walang kakayanan.

Ang tao ay hindi lamang ipinanganak sa loob ng sirang katayuang ito, siya'y walang kakayanang baguhin ang kanyang kapalaran, at hindi rin nila kayang pahindian ang kasalanan! Tinatawag tayo ng Kasulatan na "aliping bihag" ng kasalanan. Tayo ay ibinentang buo dito! Pag-aari tayo nito. At bilang mga alipin, nakakasigurong gagawin natin ang naisin ng ating panginoon.

> *Sinagot sila ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang bawat nagkakasala ay alipin ng kasalanan."*
> *(Juan 8:34)*

> *"Subalit nakikita ko ang kakaibang kautusan sa aking mga bahagi na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pag-iisip, at ako'y binibihag sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa bahagi ng aking katawan. Kahabag-habag na tao ako! Sino ang magliligtas sa akin mula sa katawang ito ng kamatayan?"*
> *(Roma 7:23-24)*

Inihayag ni Pablo na ang bawat sangkap ng kanyang katawan ay napasailalim sa pagkabihag nang isang natural na kautusan na kung saan siya'y walang kakayanang iligtas ang kanyang sarili. Kahit na alam ni Pablo ang kautusan ng Dios sa kanyang

pagiisip, ang kautusan ng kasalanan na kumalat sa kanyang pagkatao ang nagdala sa kanya sa pagkabihag. Tinawag niya ang kanyang katawan na katawan ng kamatayan sapagkat ito'y binulok ng kasalanan, at tumangis siya sa kanyang kawalan ng kakayanang iligtas ang kanyang sarili sa naka-ambang kamatayan.

Mas lalong walang kakayanan ang tao na gamitin ang kanyang kalooban para labanan ang kautusan ng kasalanan na nasa kanyang katawan kaysa gamitin niya ang kanyang kalooban para pakawalan ang kanyang sarili sa epekto ng gravity.

### † "NGUNIT GUMAGAWA KAMI NG MABUBUTING MGA GAWA!"

Hindi isinasa-walang-bahala nang doktrina ng Pangkalahatang Kasiraan ang posibilidad na ang tao ay maaaring gumawa ng mabuting mga bagay. Hindi akma ang katawagan ng mga theologians sa atin na "Lubos na Kabulukan." Tayo ay may kakayananang gumawa ng mabubuting gawa, kung ikukumpara sa ibang mas masasamang gawain. Ang lahat ay nakasalalay sa ginagamit nating batayang panukat. Kung ikukumpara sa mga ginawa ni Hitler, ang mga ginawa ni Mother Teresa ay mukhang napakabuti. Subalit kung ikukumpara sa mga gawa ni Cristo, sa Kanyang ganap na pagtalima at buong kaloobang sakripisyo, lahat tayo ay nahanay sa abang kakulangan. At higit pa diyan, kapag tayo ay ikinumpara sa ganap na kabanalan at katuwiran ng Dios – mabuting hayaan nating si Job ang sumagot:

> *"Paano ngang magiging ganap ang tao sa harapan ng Diyos? O paanong magiging malinis ang ipinanganak ng isang babae? Tingnan mo, maging ang buwan ay hindi maningning, at hindi dalisay ang mga bituin sa kanyang paningin; gaano pa nga kaliit ang tao, na isang uod! At ang anak ng tao, na isang bulati!"*
> *(Job 25:4-6)*

Tunay na ang tao ay hindi nagwawala na lamang sa hindi mapigilang kaululan. Ang Dios ay namamahala sa bawat pasikot ng Kanyang kaharian at pinipigilan ang tao na maging buo at kumpletong masakop ng kanilang masamang kalikasan at kumawala na parang baboy-damo.

> *"Tunay na pupurihin ka ng poot ng tao: ang nalabi sa poot ay ibibigkis mo sa iyo." (Awit 76:10)*

Tayo ay may kakayanang gumawa ng mga kawanggawa o mabubuting mga gawa. Maaari nating maisip na ang pagpatay ay mali at sa gayo'y iwasan ang pumatay. Maaari tayong maging tapat na mga asawa, masustentong magbigay, mapagpitagang manilbihan o nakikisamang mga mamamayan. Ngunit, ang mga gawaing ito ay hindi nakapagpapabago sa ating natural na kalikasan at sila'y naiiwang kapos upang bigyang kaluguran ang matayog na pamantayan ng isang makatuwiran at banal na Dios. Higit pa sa mga gawang makalaman ang kinakailangan para bigyan Siya ng kasiyahan. Kinakailangan ang espiritual na mga katangian, tulad ng pananampalataya.

> *"At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang tagapagbigay gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa kanya." (Hebreo 11:6)*

Ang natural na tao ay walang kahit anumang pananampalataya sa Dios. At ang kanyang mga kilos, gaano man kaganda ang hangarin, ay hindi sapat para mapunan ang kawalang iyon ng pananampalataya. Sa kahihinatnan, ang lahat ng makalamang

gawain ng natural na tao – anopaman ang kabutihang mayroon ito – ay nakikita ng Dios bilang kasalanan.

> *"Ang mapagmataas na tingin, at ang pusong palalo, siyang ilaw ng masama, ang mga ito'y kasalanan." (Kawikaan 21:4)*

Ang kawikaang ito ay nagtuturo sa atin na ang pagmamataas at ang kapalaluan ay makasalanan. Madali naman itong panghawakan. Ngunit, inihahayag din nito na ang simpleng pag-aararo ng bukid, ang paggawa ng pang-araw-araw na gawain at ang pag-ikot natin sa mundong ito ay kasalanan sa mga mata ng Dios. Kaya nga ang kabutihan o kasamaang dulot ng isang gawain ay hindi ang magpapasya kung makasalanan ba ito. Ang kasalanan ay hindi lamang ang paggawa ng masasamang mga bagay. Ang kasalanan ay ang pagiging natural natin – pawang likas na makasalanan.

*Hindi tayo makasalanan sa kadahilanang tayo'y nagkakasala; tayo ay nagkakasala sa kadahilanang tayo'y mga makasalanan.* Isa sa mga Griegong salita na naisaling *kasalanan* sa Biblia ay ang *hamartia*. Ang kahulugan nito ay *malaglag na kapos sa kaganapan ng Dios; sumala sa marka*. Simpleng maging kulang kumpara sa Dios, sa pamantayan ng kaganapan *(perfection)*, kabanalan at katuwiran ay nangangahulugang kasalanan. Ngunit tayo'y higit pa sa simpleng *"sumala sa marka."*

> *"...tunay na bawat tao sa kaniyang mainam na kalagayan ay pawang walang kabuluhan." (Awit 39:5)*

Sa ating pinakamahusay na kalagayan, lahat tayo'y nalaglag na kapos sa kaganapan.

> *"pagkawasak at kalungkutan ang nasa kanilang mga landas, at ang daan ng kapayapaan ay hindi nila nakilala." "Walang takot sa Diyos sa kanilang mga mata." (Roma 3:16-18)*

Iyan ang natural na katayuan ng tao. Walang pagkatakot sa Dios sa harap ng kanilang mga mata. At ayon sa Awit 111:10, "Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan." At para lalo pang palalain ang mga pangyayari, kahit na ang ating pinakamahusay na mga gawa at makatuwirang ugali ay sumapit sa kawalan:

> *"Sapagka't kaming lahat ay naging parang marumi, at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi: at nalalantang gaya ng dahon kaming lahat; at tinatangay kami ng aming mga kasamaan, na parang hangin. At walang tumatawag ng iyong pangalan, na gumigising upang manghawak sa iyo; sapagka't ikinubli mo ang iyong mukha sa amin, at iyong pinugnaw kami sa aming mga kasamaan." (Isaias 64:6-7)*

## † ANG PAGMAMATIGAS NG KASALANAN

Isang likas na katangian ng kasalanan ay kapag ito'y nagsimula, ito'y nagiging isang puwersang napakalakas na tanging ang Dios lamang ang makaka-kontrol o makasusugpo nito. Nang si Satanas ay nag-rebelde sa Langit at itinapong pababa (Lucas 10:18), siya'y walang kalakasan para manumbalik mula sa kanyang masamang mga pamamaraan. Sa kahuli-hulihan, igagapos siya ng Dios at itatapon sa dagatdagatang apoy upang pigilin ang kanyang kasamaan (Mateo 25:41, Pahayag 19:20). Gayon din naman, ang mga anak ng dyablo ay gagawin din kung ano ang ginawa ng kanilang ama, tumatangging manumbalik mula sa kanilang pagrerebelde at sumuko sa paghatol.

*“Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito. Nguni't dahil sa sinasabi ko ang katotohanan, ay hindi ninyo ako sinasampalatayanan.” (Juan 8:44-45)*

Kahit sa wakas ng panahon, kapag isinagawa ng Dios ang pag-hatol sa sanglibutan, ang mga naninirahan sa lupa ay hindi iiyak para sa habag o “pipiliing” magkaroon ng pananampalataya nang sa gayo’y maligtas. Sa kalagitnaan ng kasindakan at kapanglawan, itatanghal ng mga tao ang lubos nilang kawalan ng kakayahang manumbalik mula sa kanilang kasamaan at bagkus ay maghahanap ng makakanlungan  mula sa mukha ng Dios.

*“Ang mga hari sa lupa, ang mga prinsipe, ang mga pinuno ng hukbo, ang mayayaman, ang malalakas at ang bawat alipin at ang bawat malaya, ay nagtago sa mga yungib, sa mga bato at sa mga bundok; at sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, "Mahulog kayo sa amin at itago ninyo kami mula sa mukha ng nakaupo sa trono, at mula sa poot ng Kordero; sapagkat dumating na ang dakilang araw ng kanilang pagkapoot, at sino ang makakatagal?” (Pahayag 6:15-17)*

Ngayong tunay, kung ang kinakailangan lamang ng tao para “pumili upang maniwala” o upang “magsisi at magkaroon ng pananampalataya” ay isang akmang panghalina, mayroong kay dami ng mga taong ito! Ngunit sila’y lubos na walang kakayanan para magsisi, kaya sila’y nagsisitakbong palayo sa Kordero.

Para ang sinumang tao ay mapaginhawa mula sa patuloy na pabigat at pagkabalisa ng pagkakasala, kinakailangang gumawa ang Dios ng mapag-himalang gawa ng pagbabago. Ang nalaglag na kalikasan ay kinakailangang pagbaguhin tungo sa isang eternal at espiritual na kalikasan. Iwan sa kanilang mga sarili,

ang isang tao ay walang kakayanang baguhin o kahit na mapagtanto ang kawalang pag-asa ng kanyang kalagayan.

Kaya nga, kinakailangang ang Dios ang gumawa ng paunang hakbang. Ang tao'y walang kakayanan. Sa ganitong paraan, ang pagbabago at ang gawain ng pagliligtas ay nakasalalay sa mga kamay ng Dios.

## † PANGWAKAS

Upang repasuhin, ang Doktrina ng Pangkalahatang Kasiraan ay nagsasabi sa atin na:

- Nang si Adan ay nalaglag, ang buong sangkatauhan ay nakinita sa ating kinatawang ama at pinaghatian nating lahat ang sumpang nakasama sa kanyang paghihimagsik. Ang kabayaran ng kasalanan ay "kamatayan" (Roma 6:23). Alam nating ang mga tao ay patuloy na naturing na makasalanan sapagkat ang mga tao ay patuloy na namamatay.
- Kahit na mayroong ilang kapansin-pansing "mabuting" mga gawa na kayang gawin ng mga tao, ang mga gayong gawain ay hindi nakahihigit sa maruruming mga basahan. Ang mga gawang ito'y hindi mapapabilang sa kapulungan ng Langit.
- Ang tao ay lubos na walang kakayanang tulungan ang kanyang sarili. Siya ay patay sa mga pagsalangsang at sa mga kasalanan.

Siya ay isang alipin ng kasalanan. Mayroon siyang pusongmandaraya at balakyot at siya'y kikilos ng kada oras sa kahalayan at pagnanasa ng kanyang puso. Yamang ganito, hindi niya kayang "makapili", "magdesisyon", magkaroon ng udyok ng kaalaman,

mahikayat o pilitin man para paganahin ang kanyang sariling pananampalataya.

Hindi natin maiintindihan ang Biblia, o “ang pag-ibig na humila nang plano ng kaligtasan” hanggat hindi natin naiintindihan ang puntong ito. At hindi natin maiintindihan ang kahit anumang patungkol sa mga Doktrina ng Biyaya hangga’t hindi natin naiintindihan ang isang ito. Hindi nating tunay na mapagpapahalagahan ang pagpapakumbaba ni Cristo at kung gaanong kalalim Niya tayong inabot upang iligtas tayo hanggang sa tayo’y “magsitingin sa malaking bato na inyong kinaputulan, at sa luwang ng hukay na kinahukayan sa inyo” (Isaias 51:1).

> *“Nang ito'y marinig ni Jesus, sinabi niya sa kanila, "Ang malalakas ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit. Hindi ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan.” (Marcos 2:17)*

Ang lahat nang ito’y makatatayo o malalaglag dito. Ang mga malulusog na mga tao ay hindi nangangailangan ng manggagamot. (Lucas 5:31). Ang mga buhay na mga tao ay hindi nangangailangan ng pagkabuhay-na-magmuli. Ang gumagalaw na mga tao ay hindi nangangailangan na “ipanganak-na-magmuli.” Naparito si Jesus upang hanapin at iligtas silang mga nangawala. Naparito Siya upang magpagaling ng maysakit at buhayin ang patay – hindi ang gantimpalaan ang mabubuti at palakasin ang loob ng mga magaling at may kakayanan.

At kung makikinita mo ang sarili mo sa pagsasalarawan ng nasirang sangkatauhan, kung gayon ay mayroong magandang kasigu-raduhan na naparito si Jesus para iligtas ka. Tanging sa biyaya lamang ng Dios na mapagtatanto ng isang tao at aaminin na siya ay lubos na walang kakayanan at desperadong nangangailangan ng isang Tagapagligtas.

“Okay, Jim,” ang sagot mo, “Sobrang kumbinsido na talaga ako. Pero, katunayan ngang ang sangkatauhan ay lubos na masama at nasira sa Banal na paningin ng Dios at tayo’y lubusang

walang kakayanang tulungan ang ating mga sarili, papaanong maliligtas ang kahit sinong tao? Alam nating sinasabi sa Biblia na may ilan ngang maliligtas."

Oo, eksakto! Kaya nga tinawag ang mga itong mga Doktrina ng Biyaya. Kung walang anumang nasa tao ang makapagpapalapit sa atin sa Dios at kahit gayon ay mayroong din namang maliligtas, ito marahil ay kinakailangang para sa sariling layuning-paghahari ng Dios ayon sa Kanyang mabuting kasiyahan at siguradong hindi dahil sa mga gawa ng tao o dahil sa kung anumang pagpapahalaga na mayroon sa tao.

Wala! Walang kahit anumang bagay!

Ito nga'y kinakailangang nagmula sa Dios, sa Kanyang biyaya, gumagawa ng pagpili, yamang tayo'y walang kakayanang piliin ang Dios. At ang pagtatantong iyan ang papatnubay sa atin patungo sa ikalawa sa mga Doktrina ng Biyaya: *Walang Kundisyong Pagkahirang.*

IKALAWANG KABANATA

## WALANG KUNDISYONG PAGKAHIRANG

Ang mga salitang *hirang* at *paghirang* ay lumabas ng 27 beses sa Biblia, sa Luma at Bagong Tipan. Mayroong mahigit na 100 pagka-banggit sa *pinili* ng Dios at *pagpili* ng Dios. Gayunpaman, ang "paghirang" ay isa sa mga pinaka-hindi maintindihang araling-konsepto sa buong Kristianismo. Ang pangunahing katanungan na kinakailangan nating sagutin ay, "Sino ang humihirang kanino?"

Ang pinaka-madaling paraan para maintindihan ang pangunahing palagay ng paghirang ay sa pamamagitan ng ilang simpleng katanungan at kasagutan.

*Naniniwala ka bang ligtas ka?*

Oo.

*Ok, kung gayon sino ang nagligtas sa iyo?*

Ang Dios.

*Magaling. At niligtas ka ba ng Dios sa isang pagpapasya o aksidente lamang?*

Sa isang pagpapasya!

Iyan ang paghirang.

Nagliligtas ang Dios ng ilang tao at ginagawa Niya ito sa isang pagpapasya.

Para sa mas-theolohikal na pagpapaliwanag, inihayag ni Pastor David Morris ang paghirang sa ganitong paraan:

> “Dahil sa Pangkalahatang Kasiraan at kawalan ng kakayahan ng tao, ang kaligtasan mula sa kasalanan at sa kabayaran nito ay ganap na sa Panginoon, ang ating Dios na may tatlong pagkakaisa. Sa nakalipas na walang hanggan, bago pa nalikha ang sangsinukob, hinirang na ng Dios kay Cristo ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman. Ang pagkahirang ng karamihang ito mula sa masa nang kahatulan ng napahamak na sangkatauhan sa kanilang pagkakatayo kay Adan ay batay sa biyaya ng Dios at sa Kanyang mabuting kasiyahan at hindi dahil sa ginawa ng tao ayon sa kanyang kalikasan o nakinitang katangian.”

Malalalim na salita. Ngunit lubos na ayon sa Biblia. Na hinahatulan ng Kasulatan ang tao na bulok, makasalanan, nasira, walang kakayanan, patay na mga uod, habang nalalaman din namang ang ilan sa kanila ay tatanggap ng eternal na kaligtasang nanggaling sa isang Tapat at Banal na Dios, tayo ngayon ay napilitang magtanong kung papaanong nagiging posible ang ganitong bagay.

Katulad ng sinabi nung una, karamihan sa mga Christian churches ay umaamin na ang Dios ay gumagawa ng ilang pagpili sa Kasulatan. Ang debate ay sa kung anong mga kundisyon ang nagiging inspirasyon ng pagpiling iyon at kung hanggang saan sa lawak ng Kanyang sansinukob  ginagawa ng Dios ang Kanyang karapatang pumili.

Ipinaglalaban ng mga Doktrina ng Biyaya na ang paghirang ng Dios ay walang kundisyon *(unconditional)*. Sa pangkalahatan, walang anumang bagay na kaakit-akit o mabuti man na maaaring makita ang Dios sa isang nasirang makasalanan, para maobliga ang Dios na iligtas siya. Bigyang kunsiderasyon ang mga dahilang ito:

- Katulad ng isinaad sa pakahulugan ni Pastor Morris, ang paghirang na ito ay nangyari “bago itinatag ang sanglibutan” (Efeso 1:4), bago pa gumawa ang tao ng kahit anomang bagay. Sa gayon, ang mga gawa ng tao ay

hindi maaaring maging kunsiderasyon sa paghirang ng Dios, yamang Siya ay pumili bago pa mang gumawa ang tao ng kahit anumang bagay.

- Ang pinaka-sentro ng paghirang na ito ay ayon sa dalisay at kataas-taasang biyaya. Kung gayon, hindi ito maaaring makundisyon sa anumang kalikasan ng taong hinirang, kung dili “ang biyaya ay hindi na biyaya.” Ang pinaka-pakahulugan ng biyaya ay *pabor o kagandahang-loob na hindi ka karapat-dapat.* Ang anumang aksyon ng Dios patungo sa kaligtasan ng tao na nakundisyon sa pamamagitan ng isang bagay na ginawa ng taong iyon ay isang gantimpala, at hindi isang kaloob na biyaya.

> *“Gayundin sa panahong kasalukuyan ay may nalalabi na hinirang sa pamamagitan ng biyaya. Ngunit kung ito'y sa pamamagitan ng biyaya, ito'y hindi na batay sa mga gawa; kung hindi, ang biyaya ay hindi biyaya.” (Roma 11:5-6)*

## † ANG BOKUBULARYO NG PAGHIRANG

Hindi natin mapagbubulay-bulayan ang Biblical na paghirang kung hindi isasama ang ilang mga salita at prinsipyo, tulad ng *foreordination* (paunang-pagkakilala), *foreknowledge* (paunang-kaalaman), at *predestination* (pagtatalaga). Walang katunayan, sapagkat may ilang nais na mapaniwala tayo, na ang paghirang ay striktong doktrina ng Bagong Tipan lamang o na si Apostol Pablo lamang ang nagpakilala nito sa Kasulatan. Ang karapatan at kakayahan ng Dios na piliin ang kapalaran ng Kanyang nilikha ay napapaloob sa buong Kasulatan. Halimbawa, hinahayag ng Biblia na ang Dios ay buong kapamahalaang pumipili ng:

- Mga bansa (tulad ng Israel)
- Mga tao (tulad nina Moises, David at Pablo)
- Mga nalabi (tulad ng 7,000 na hindi iniluhod ang kanilang mga tuhod kay Baal)
- Mga panahon (tulad ng mga kapistahan at ng mga Sabbath), at
- Mga lugar (tulad ng bayan ng Jerusalem, ang lupain ng Israel at ang partikular na mga bahagi ng kalupaan na titirahan ng kada tribo)

Likas sa isang Hari na pamahalaan niya ang kanyang kaharian. Ang Dios ay Panginoon sa lahat ng Kanyang nilikha at Siya ay masikap na gumagawa sa kada minuto ng Kanyang nasasakupan. Sa kadahilanang ito, nagpapasya o pumipili Siya batay sa Kanyang walang katapusang mga opsyon:

- Ano ang mangyayari
- Papaano ito makaka-apekto sa bawat ibang pangyayari, at
- Sino ang napapaloob sa bawat pangyayari

Tinatawag ito ng mga theologians na *foreordination* (paunang pagkakilala) – ipinapasya na ang mga pangyayari ay magaganap bago pa man ito mangyari. Gayon din naman, sa pagsasalaysay ng mga katangian ng Dios, daang-taon ng ginamit ng Christian church ang mga terminong ito:

- *Omnipotent* – Siya ay ganap na lubusang makapangyarihan.
- *Omnipresent* – Siya ay ganap na nasa lahat ng dako sa isang iglap.
- *Omniscient* – Siya ay ganap na nakaaalam ng lahat ng mga bagay.

Ngayon, kung ang Dios ay lubusang makapangyarihan, walang anumang bagay sa Kanyang kaharian na maaaring mangyari na hindi Siya ang nagbibigay kapangyarihan para mapangyari ito; kung hindi ganito, mayroong ibang kapangyarihang hiwalay sa Kanya at Siya'y hindi tunay na lubusang-makapangyarihan.

Pangalawa, kung siya ay nasa lahat ng dako palagi, ang Kanyang partisipasyon sa mga pangyayari sa Kanyang kaharian

ay dapat na pumailanglang hanggang sa pinakamaliit na mga detalye; kung hindi ganito, Siya ay nawawala saan man.

At pangatlo, kung Siya ay lubos na nakakaalam, walang pangyayari na maaaring makatakas sa Kanyang kamay. Walang nangyayaring malaya sa Kanya o ikakamangha Niya, at Siya ay ganap na may kamalayan sa lahat ng desisyon at ang kahihinatnan ng lahat ng desisyon.

Sa pagkabigay ng mga katangiang ito, dapat nating wakasan na:

- Alam ng Dios ang lahat ng pangyayaring nagaganap sa Kanyang sansinukob.
- Ang Dios ay nandoroon sa lahat ng pangyayari.
- Ang Dios ang nagbibigay kapangyarihan sa lahat ng pangyayari.

Ngunit, umangat pa ng isang hakbang ang Biblia at inihahayag din na ang Dios ay nagpasya na sa lahat ng pangyayaring magaganap sa Kanyang nasasakupan at walang anumang mangyayari na hindi Niya paunang itinatag. *Mula sa pinakamalaki –*

> *"Ang bawat tao ay magpasakop sa mga namamahalang awtoridad, sapagkat walang pamamahala na hindi mula sa Diyos; at ang mga pamamahalang iyon ay itinalaga ng Diyos." (Roma 13:1),*
>
> *hanggang sa pinakamaliit na detalye –*
> *"Ang pagsasapalaran ay hinahagis sa kandungan, ngunit mula sa PANGINOON ang buong kapasiyahan." (Kawikaan 16:33)*
>
> *mula sa parang hindi kapansin-pansin –*

*“Hindi ba ipinagbibili ng isang kusing ang dalawang maya? Ngunit isa man sa kanila ay hindi nahuhulog sa lupa na hindi batid ng inyong Ama.” (Mateo 10:29)*

*hanggang sa pinaka-matalik –*
*“Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo; nababatid mo ang aking pag-iisip mula sa malayo.” (Awit 139:2)*

Sa kasagutan ng Dios kay Job sa Kabanata 38 patungong 41, itinala ng Dios ang hangganan at kakumpletuhan ng Kanyang paghawak sa Kanyang nilikha. Isinama Niya ang lahat mula sa pagsukat at paggawa ng sansinukob, hanggang sa pagpapakain ng kada sanggol na hayop, hanggang sa pag-gapos at pag-kontrol kay Satanas mismo.

Kapag pinag-usapan natin ang *Walang Kundisyong Paghirang* nararapat na maunawaan na ang Dios ay may karapatan bilang Panginoon at Hari, at mayroong kapangyarihan bilang Makapangyarihan sa lahat; na gawin ang anumang naisin Niya sa lahat ng Kanyang nilikha.

*“Ang lahat ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala; at kanyang ginagawa ang ayon sa kanyang kalooban sa hukbo ng langit, at sa mga nananahan sa lupa. Walang makakahadlang sa kanyang kamay, o makapagsasabi sa kanya, "Anong ginagawa mo?” (Daniel 4:35)*

*“Sapagkat sa pamamagitan niya nilalang ang lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga bagay na hindi nakikita, maging mga trono o mga pagkapanginoon, maging mga pinuno o mga may kapangyarihan — lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya mismo ay una sa lahat ng mga bagay, at ang*

*lahat ng mga bagay ay nahahawakang sama-sama sa kanya." (Colosas 1:16-17)*

Anuman ang gawin ng Dios, ginagawa Niya ito para sa Kanyang pinakadakilang kaluwalhatian. Ang lahat ng bagay ay umiral dahil pinili Niyang likhain sila at nagpasya na sila ay iiral. Walang umiiral na labas sa Kanyang nakapangyayaring pamamahala at ang lahat ng mga bagay ay nagpapatirapa sa kalooban Niya na lumikha sa kanila. Ginagawa Niya ang Kanyang nais gawain ayon sa sarili Niyang kalooban. At kasama diyan ang pagliligtas sa tao.

## † ANG PAGTATALAGA SA KAPALARAN *(PREDESTINATION)*

Ngayong mayroon nang pundasyon, maiintindihan na natin ang *predestination*. Ipinakikita ng salitang ito ang simpleng pakahulugan nito – Ipinapasya na ng Dios ang patutunguhan ng mga tao bago pa man ito maganap at mayroon Siyang kapangyarihan para isakatuparan ang pasyang ito. Iyan lang ang tanging paraan upang ang sinoman ay maaaring makarating sa Langit. Tulad ng kapangyarihan Niya nuong palayasin ang unang mga rebelde mula sa Halamanan, Siya ay may kapangyarihang ibalik sinoman o ang lahat ng kanilang lahi sa Kanyang presensya.

Nasira dahil sa paghihimagsik ni Adan, ang masa ng sangkatauhan ay patuloy na lumalakad patungo sa Impiyerno. Ito ang kanilang kalikasan at ang kanilang kanaisan na tumungo sa kanilang sariling daan, daan na siguradong mag-aakay sa pagkawasak:

*"Pumasok kayo sa makipot na pintuan, sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang patungo sa kapahamakan, at marami ang pumapasok doon." (Mateo 7:13)*

Ngunit ang Dios, niloob na ipakita ang Kanyang awa at maihayag ang Kanyang biyaya, ay naghirang ng mga tao – maysalang mga makasalanan – at nagpasya na sila ay tutungo sa ibang daan, daang mangunguna patungong kaligtasan:

*"Sapagkat makipot ang pintuan at masikip ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nakakatagpo niyon." (Mateo 7:14)*

Si Pablo ay bihasa sa paggamit ng salitang ito na paghirang. Ang mga ito'y inilagay niyang magkasama para sa atin sa sumusunod na talata, na karaniwang tinuturing bilang "ang ginintuang tanikala ng pagtutubos."

*"Sapagkat ang mga nakilala niya nang una pa ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid; at yaong mga itinalaga niya ay kanya namang tinawag at ang mga tinawag niya ay itinuring niyang ganap; at ang mga itinuring na ganap ay niluwalhati din naman niya." (Roma 8:29-30)*

Habang tayo ay umuusad tungo sa limang indibidwal na mga Dokrina ng Biyaya, iyong mapapansin ang kagandahang napapasaloob sa isang tatalang ito:

1. "...yaong mga itinalaga Niya" (election o paghirang)
2. "ay Kaniyang tinawag naman" (irresistible grace o hindi malabanang biyaya)
3. "at ang mga tinawag ay inaring-ganap naman Niya" (limited atonement o limitadong pagtutubos)

4. “at ang mga inaring-ganap ay niluwalhati din naman Niya.” (perseverance of the saints o pagtitiyaga ng mga banal)

Ating bibisitahing muli ang talatang ito mamaya at iyong mauunawaan kung papaanong ang lahat ng bahagi ay nagkakaisa. Ngunit sa ngayon, pansinin ang napakatiyak na wika ni Pablo. “Yaong mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, ay itinalaga naman Niya… yaong mga itinalaga Niya, ay Kaniyang tinawag naman, at ang mga tinawag ay inaring-ganap naman Niya: at ang mga inaring-ganap ay niluwalhati din naman Niya.” May isang grupo lamang ng tao sa prosesong ito. Ang mga taong nagsimula bilang “unang-nakilala” ay ang mga tao din naming mauuwi bilang “niluwalhati.” Pansinin din na wala ni isa mang pahiwatig na nagdagdag ang mga taong ito ng kanilang sariling partisipasyon sa proseso. Hindi sila ang mga aktor; sila ay mga tagatanggap ng mapagbiyayang aksyon ng Dios.

## † ANG PAGKAKILALA NG DIOS

Ang Roma 8:29 ay paboritong talata din naman ng mga *Arminian* theologians. Karaniwang tinututukan nila ang salitang *foreknow* o *nang una pa'y kaniyang nakilala* at ginagamit ito bilang kanilang katibayang-talata *(proof-text)* na nagsasabing may napag-alaman ang Dios na kasang-ayunan o kahanga-hanga patungkol sa mga taong ito na dahil sa pagkakakilanlang ito ay naghikayat sa Dios para sila’y tawagin, ariing-ganap at luwalhatiin. Ngunit, sa naibigay sa ating kaunawaan patungkol sa Lubusang Pagkasira *(Total Depravity)*, walang ibang napag-alaman ang Dios sa kanila kungdi pawang kasamaan lamang. Kaya hindi maaaring gamiting basehan ng Kanyang paghirang ang kanilang mga gawa. Hindi rin maaaring unang-mapagkilanlan ng Dios na

sila'y magkakaroon ng mabubuting mga gawa, sapagkat ikinakatuwiran ng Kasulatan na ang mabubuting mga gawa ay resulta ng pagtatalaga ng kapalaran, hindi ang sanhi.

> *"Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Efeso 2:10)*

Tulad din naman, hindi rin maaaring unang-mapagkinlanlan ng Dios na sila'y maaaring magkaroon ng pananampalataya sapagka't ang panampalataya, mismo, ay kaloob ng Dios, na ibinigay sa kanila na Kanyang nahirang.

> *"At nagsisampalataya ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang hanggan." (Gawa 13:48)*

Pansinin na ang Gawa 13:48 ay hindi nagsasabing, "at nagsisampalataya ang lahat ng mga naniwala na mga itinalaga sa buhay na walang hanggan." Una, ang buhay na walang hanggan ay itinalaga at pagkatapos ay binigyan sila ng Dios ng kakayahang manampalataya.

> *"Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki." (Efeso 2:8-9)*

Malinaw na sinasabi ng talatang ito na ang kaloob na pananampalataya ay isang gawa ng biyaya at tayo'y naligtas sa pamamagitan ng mapagbiyayang kaloob na iyon. Yamang sa ito ay isang kaloob ng biyaya, ni hindi tayo naligtas o tinanggap man natin ang kaloob, batay sa ating mga ginawa sapagkat sadyang kalikasan ng makasalanang tao na maging arogante at mapagmapuri kung magkakaroon sila ng kahit anumang parte upang siguraduhin ang kanilang pagkatubos.

Karagdagan, para pagtibayin ang punto, ang kahulugan ng biyaya ay isang *hindi pinaghirapang pabor o kagandahang-loob na nagmula sa Dios.* Kung nagbigay ang Dios ng pananampalataya sa tao na ibinatay sa isang katangiang nasa kalooban ng tao, ito ay isang pabor na pinag-hirapan o napagtrabahuhan – hindi biyaya.

Katulad din naman, nang inilista ni Pablo ang mga kaloob ng Banal na Espiritu sa 1 Corinto 12:9, kasama sa mga mas tinatanyag at pinangangalandakang mga kaloob tulad ng pagpapagaling, paggawa ng himala, propesiya, pagkakilala sa mga espiritu, at iba't-ibang mga wika, kanyang isinama: "Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu." Ngayon, kung ito ngang Banal na Espiritu ng Dios ang nagpupuno sa mga tao ng pananampalataya, papaano kayang maibibilang ng Dios ang pananampalataya ng kahit sinong tao bilang isang positibong pabor na pinaghirapan nilang kitain upang maging karapat-dapat sa kaligtasan?

Hindi rin naman nakita ng Dios sa hinaharap na may mga tao na makikisama sa Iglesia upang paghirapang kitain ang pabor ng Dios. Subalit, ang Dios ay nagdagdag sa katawan ni Cristo ng mga hinirang Niya para sa kaligtasan:

> *"...At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw ang mga naliligtas." (Gawa 2:47)*

Tandaang mabuti na ang Gawa 2:47 ay hindi nagsasabi na, "May mga taong nag-desisyon na makisama sa Iglesia at bilang kinahinatnan ay iniligtas sila ng Dios." Hindi. Sinasabi lamang nito ang kabaligtaran! Idinagdag ng Dios sa katawan ni Cristo sila na sinadya Niyang iligtas.

At hindi nakinita ng Dios sa hinaharap na may mga tao – mga patay, masasama, walang kakayanang mga tao – na pipiliin Siya.

> *"Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko..." (Juan 15:16)*

> *"...walang taong makalalapit sa akin, malibang ipagkaloob sa kanya ng Ama." (Juan 6:65)*

Sa ibang salita, ang paghirang ay hindi *kumpirmasyon (ratification)*. Hindi kinumpirma ng Dios ang ating pagpili sa Kanya, o ang ating pananampalataya sa Kanya, para piliin tayo bilang kapalit. Hindi Niya sinabing,"Kinumpirma Ko ang iyong pagpili sa akin, dahil diyan hinihirang kita."

Gayon din naman, ang paghirang ay hindi *pagpili (selection)*. Ang pagpili ay papasok kapag nagkumpara tayo ng ilang iba't ibang pagpipilian at dadamputin natin ang pinakamahusay. Sinusunggaban natin ang pinakahinog na mga kamatis o ang pinakamurang presyo para sa bagong kotse. Hindi pumili ang Dios. Wala naman kasing mabuti sa mga pagpipilian! Ngunit ang Dios ay humirang ng may kabiyayaan.

Sa katapus-tapusan, upang patahimikin ang anumang misinterpretasyon, kung talaga ngang nilayon ni Pablo na sabihin ang pinang-hahawakan ng mga tagapagpaliwanag na mga *Arminian* patungkol sa sinasabi ng Roma 8:29-30, kung gayon lubusang kinontra ni Pablo ang kanyang sarili, kung ibibigay ang konteksto ng talata. Sundan ang lohika ni Pablo:

- Sa Roma 1:29-32, pinang-hawakan ni Pablo na ang mga tao ay lubusang nasira, na wala ni kaliitang interes sa Dios. Papaanong nakinita ng Dios na sila'y lubusang walang interes sa Kanya ngunit nakinita pa rin na pipiliin nilang pagsilbihan si Cristo?
- Inihahayag ng Roma 2:11, "Sapagkat ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao." (panlabas na anyo o katauhan). Papaano kayang maghirang ang Dios ng mga tao na ang

batayan ay ang kanilang mga gawa kung wala siyang pagtatangi sa ilan at hindi Niya kokontrahin ang Kanyang sariling salita?

- Sinasabi ng Roma 3:9-18 na “walang matuwid” at walang humahanap sa Dios. Gumagamit si Pablo ng mapagsalarawang mga salita para salaysayin ang kanilang kakilakilabot na kalagayan: “Lahat ay lumihis, sama-sama silang nawalan ng kabuluhan; walang gumagawa ng mabuti, wala, wala kahit isa. Ang kanilang lalamunan ay isang libingang bukas; sa pamamagitan ng kanilang mga dila ay umagawa sila ng pandaraya. Ang kamandag ng mga ulupong ay nasa ilalim ng kanilang mga labi. Ang kanilang bibig ay puno ng panunumpa at kapaitan: Ang kanilang mga paa ay matutulin sa pagpapadanak ng dugo; pagkawasak at kalungkutan ang nasa kanilang mga landas, at ang daan ng kapayapaan ay hindi nila nakilala. Walang pagkatakot sa Diyos sa kanilang mga mata.

Ngayon, pagkatapos na kunin ni Pablo ang pagsusumakit para ilarawan ang sangkatauhan sa natural nitong kalikasan, paano kaya niya naipagtalo sa Roma 8:29-30 na nakinita ng Dios na ang ilan sa mga ito ay magkakaroon ng pananampalataya, pipiliin ang Dios o gagawa ng mga gawang may katuwirang sapat upang obligahin ang Dios na hirangin sila para sa kaligtasan? Gagawin sigurong kabaligtaran ni Pablo ang kanyang argumento, ganap na binabara ang kanyang sarili. Siguradong hindi siya ang magiging logician o theologian na ipinalalagay ng iglesia na siya nga. At tunay ngang hindi siya kinakasihan ng Banal na Espiritu habang siya’y sumusulat, dahil siya ay napaghahalatang kumiling sa malaking pagkakamali. Kung anuman ang dapat maging

agarang maliwanag ay sa ang *Arminian* na interpretasyon nang sinulat ni Pablo ay humahantong sa mga pala-isipan at kalituhan.

Ang maliwanag na kalituhan sa parte ng *Arminian* ay batay sa hindi pagkakaintindi ng saklaw ng Griegong salita na *proginsosko*, na isinaling *napag-alaman na nuong una*. Ang *proginsosko* ay kinuha sa dalawang salita: *pro*, o "bago pa", at *ginosko*, "upang mapag-alaman." Iyong salitang *ginosko* ang kinakailangan ng mas malapit na pagsusuri. Sa Kasulatan, ito'y nagsasaad ng isang matalik na relasyon. Ito ay isang karanas-ranas na pagkakilala na dumarating lamang sanghi ng isang malalim at personal na pag-ibig. Mahahanap natin ang relasyong ito na ipinali na sa buong Biblia:

> *"At nakilala ng lalake si Eva na kanyang asawa; at siya'y naglihi…" (Genesis 4:1)*

Hindi lamang natagpuan ni Adan ang kanyang asawa, kilalanin siya bilang tao, at siya'y biglaan na lamang nabuntis. Nagkaroon sila ng malalim, personal, at karanas-ranas na pagniniig.

> *[Sinabi ni Lot] "Narito, may dalawa akong anak na babae na hindi pa nakakilala ng lalaki. …"*
> *(Genesis 19:8)*

Kilala ng mga dalaga si Lot kaya alam nila kung ano ba ang lalaki. May mga kapatid silang lalaki, kaya alam nila ang uri ng lalaki. Ngunit, hindi pa sila nagkaroon ng sekswal na pakikiniig sa isang lalaki – sila'y mga birhen.

> *"Kayo lamang ang aking nakilala sa lahat ng angkan sa lupa: kaya't parurusahan ko kayo sa lahat ninyong mga kasamaan." (Amos 3:2)*

Ang Dios, yamang nakaka-alam ng lahat ng mga bagay *(omniscient)*, ay pamilyar sa ibang mga tao sa mundo. Ngunit Siya ay nagkaroon lamang ng matalik na relasyon, na inahalintulad ng Dios sa isang kasal, sa mga anak ni Israel.

*“Ngunit hindi niya [Jose] ito [Maria] nakilala hanggang sa maipanganak ang isang lalake  na pinangalanan niyang JESUS.” (Mateo 1:25)*

Subalit maliwanag, pamilyar si Jose kay Maria; pareho silang tinipan na para ikasal. Ngunit pinigilan niyang magkaroon ng sekswal na pakikisama kay Maria hanggang sa pagkatapos ng panganganak niya sa batang Cristo.

*“Hindi lahat ng nagsasabi sa akin 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. Sa araw na iyon ay marami ang magsasabi sa akin, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa kanila, 'Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!”*
*(Mateo 7:21-23)*

Ito ay sinasabi ni Jesus sa mga taong nagtiwala na ang kanilang makatuwirang mga gawa ay karapat-dapat na magtamo ng kaligtasan. Ngunit itinakwil Niya sila dahil sa katotohanang hindi Siya nagkaroon ng matalik, karanas-ranas, at mapagmahal na relasyon sa kanila. Pansinin, sa paraang ito, na kung ang Dios ay pumiling magligtas batay sa nakinitang mga gawa at aksyon, ang mga taong ito ay siguradong karapat-dapat sa paghirang!

Ngunit silang inibig ng Dios at sinimulan ng isang matalik na pakikipag-relasyon, sila “ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak .”

## † KAILAN NAGANAP ANG PAGKAHIRANG?

Inilalagay ba ng Dios ang tao sa kalagayan ng “pagkahirang” sa sandali ng kanilang pagbabalik-loob? Ang mga makasalanan ba ay nag-desisyon na sumunod sa Dios at kitain ang “paghirang” na ito bilang kinahinatnan ng kanilang desisyon? O, tayo ba talaga ay lumalahok sa prosesong ito?

> *“Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kanya bago itinatag ang sanlibutan, upang tayo'y maging banal at walang dungis sa harapan niya sa pag-ibig. Tayo'y itinalaga sa pagkukupkop upang maging kanyang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa kabutihan ng kanyang kalooban...” (Efeso 1:4-5)*

> *“Sa kanya ay tumanggap din tayo ng isang mana, na itinalaga nang una pa ayon sa layunin niya na gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa kanyang pasiya at kalooban.” (Efeso 1:11)*

Bago pa likhain ang unag molekyula ng sansinukob, isinaalang-alang na ng Dios ang mga tatanggap ng Kanyang pag-ibig at mapagbiyayang paghirang. Pagkatapos, para gawin ang kabuuang ito na sigurado at tiyak, isinulat Niya ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Ang mga pangalan ng lahat ng nahirang ay nakasulat sa aklat na ito.

Ang konseptong ito ng isang eternal na aklat ng mga pangalan ay lumitaw sa ilang mga lugar sa Kasulatan. Halimbawa, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad sa Lucas 10:20 na magalak sapagkat ang kanilang mga pangalan ay “nasusulat sa Langit.” Inihahayag ng Daniel 12:1 ang isang panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon. Ngunit ipinangako niya na

“ang bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat” ay maliligtas. O kaya naman sa Pahayag 20:15 mababasa natin, “At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy.”

Kaya makatarungan lamang na itanong kung kailan nga ba naisulat ang aklat na ito na ang importansya’y walang hanggan?

> *“Ang halimaw na nakita mo ay buhay noon at ngayo'y wala na, at malapit nang umahon mula sa di matarok na kalaliman at patungo sa kapahamakan. At silang mga naninirahan sa lupa, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanlibutan, ay manggigilalas kapag nakita nila ang halimaw, sapagkat buhay noon ngunit ngayo'y wala na at darating pa.” (Pahayag 17:8)*

Ang walang kundisyong paghirang na ito ay naganap bago pa man likhain ng Dios ang daigdig. Nang Kanyang ipag-utos na likhain ang tao, Kanyang inakdaan ang isang aklat ng mga pangalan, pinagpasyahan ang mga taong ipagkakaloob Niya sa Kanyang Anak. At pagkatapos nito’y iginayak Niya ang gawain para tuparin ang Kanyang salita.

## † MULA SA PASIMULA

Sa pauna ng nasabi, likas na sa Dios ang pumili at maghirang. Kaya tayo’y pihadong makakahanap ng ebidensya ng paghirang ng Dios sa buong Kasulatan, mula sa pasimula. At gagawin natin!

Pagkatapos nina Adan at Eba na magrebelde at napagtanto nila ang kanilang kahihiyan at kahubaran, “at narinig nila ang

tinig ng Panginoong Dios na lumalakad sa halamanan sa kulimlim ng araw" at sila'y nagsipagtago. Lubos ang pagkaka-alam ng Dios sa kanilang pagsalangsang at nakatitiyak na wala sa obligasyon para hanapin sila. Puwede rin naman na simpleng lampasan lang Niya sila. Ngunit pinili Niyang harapan sila. At buong awa Niyang iginawa sila ng mga balat ng hayop upang damitan sila, paunang-anino ng pinakadakilang sakripisyong-tupa na mamamatay para takpan ang kasalanan.

Nang hinarap Niya ang ahas, sinabi ng Dios, "Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi..." (Genesis 3:15). Hinati ng Dios ang buong sangkatauhan sa pagitan ng dalawang kampo – ang binhi ng babae at ang binhi ni Satanas – at naglagay Siya ng alitan sa pagitan nila. Pinagpala Niya ang binhi ng babae, na si Cristo sa kaisahan at ang pamana ni Cristo sa mas malawak na kaunawaan. At isinumpa Niya ang diablo at ang lahat ng mga lahi ng kasamaan. Ngunit, ang importante, iginuhit na ng Dios ang linyang maghihiwalay bago pa man naipanganak ang unang anak nina Adan at Eba.

Pagkatapos ay ang dalawang anak ni Adan, sina Cain at Abel, pinalaki ng parehong magulang sa loob ng kaparis na kapaligiran, ay nagsakripisyong bawat isa sa Dios. Dinala ni Cain ang bunga ng kalupaan, produkto ng kanyang sariling pagsisikap. Si Abel ay nagdala ng panganay ng kanyang kawan, isang sakripisyo na may dugo sa loob nito.

> *Nagdala rin si Abel ng mga panganay ng kanyang kawan, ang taba ng mga iyon. At pinahalagahan ng PANGINOON si Abel at ang kanyang handog, subalit hindi niya pinahalagahan si Cain at ang kanyang handog. Galit na galit si Cain, at nagngitngit ang kanyang mukha." (Genesis 4:4-5)*

Kaya pinatay ni Cain si Abel. Bakit hindi nilingap ng Dios ang kapwa handog? Bakit hindi ipinakita ng Dios sa magkapatid kung anong uri ng hain ang katanggap-tanggap?

Sagot: *Kapamahalaang paghirang (Sovereign Election)*

Sa kabanata patungkol sa Pangkalahatang Kasiraan tiningnan natin ang Genesis 6:5 – “At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati.” Bilang resulta, pinili ng Dios na sirain ang mundo ng isang baha. Ngunit...!

> *“Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin ng PANGINOON.” (Genesis 6:8)*

Nakatanggap si Noe mula sa Dios ng pabor na hindi niya pinaghirapan! Ang pakahulugan ng salitang Hebreo na naisaling “*nakatagpo*” ay *“naging tagatanggap ng”*. Hindi nito ipinahiwatig na si Noe man ay hinahanap ito! Mula sa mga kalipunan ng mga nasirang mga makasalanan at masasamang mga rebelde ay naghirang ang Dios ng isang tao  at nang kanyang pitong kamaganak bago niya wasakin ang buong daigdig. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng biyaya.

Ngayon may ibang makikipagtalo na ang Genesis 6:9 ay nagsasaad na si Noe ay “lalaking matuwid at sakdal noong kapanahunan niya”. Pinanghahawakan nilang iyan ang batayan sa pagpili ng Dios. Hindi lang na kokontrahin niyan ang “biyaya” na natanggap ni Noe, ngunit kahit na wakasan natin na si Noe ay itinira dahil siya ay ganap at sakdal, ang parehas ay hindi naman masasabi patungkol sa kanyang mga anak, na pinatunayan ng sumpang ilalagay sa huli ni Noe kay Ham... para walang sabihin sa pakikibaka sa huli ni Noe sa kalasingan.

Maya-maya pa sa Genesis mababasa natin na hinirang ng Dios si Abram at ibinigay sa kanya si Isaac matagal na panahon

ng siya at ang kanyang asawa ay masyado ng matatanda para magkaroon pa ng anak. Sinabi ng Dios kay Abram:

> *"Gagawin kitang isang malaking bansa, ikaw ay aking pagpapalain, gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging isang pagpapala. Pagpapalain ko ang magbibigay ng pagpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo; at sa pamamagitan mo ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain." (Genesis 12:2-3)*

Nang inihayag ito ng Dios kay Abram, siya ay isang mananamba ng dios-diosan! (Josue 24:2) Ngunit hinirang siya ng Dios. Sinasabi ng Genesis 15:6, "At sumampalataya siya (Abraham) sa Panginoon; at ito'y ibinilang na katuwiran sa kanya." May pananampalataya si Abraham (isang hindi kinitang kaloob) at inilagak ng Dios ang katuwiran sa kanya dahil pinili Niya si Abraham para maging ama ng mga mananampalataya.

Bago ang kapanganakan ni Isaac, nagbunga si Abraham ng isang anak na lalaki mula sa alilang babae ng kanyang asawa. Ang pangalan ng bata ay Ismael. Ngunit tinanggihan ng Dios na ibigay ang ipinangakong pamana sa batang iyon. Imbes, iginiit ng Dios na ang tunay na anak, isang kahima-himalang anak, ang ibibilang na binhi. Ngunit ang isa ay itinakwil. Ipinaloob ni Apostol Pablo ang maikling kasaysayan na ito sa kanyang theolohiya.

> *"Samakatuwid, ay hindi mga anak sa laman ang mga anak ng Diyos, kundi ang mga anak ng pangako ay siyang itinuturing bilang binhi." (Roma 9:8)*

Ang Dios ay pumipili at ang Dios ay nagtatakwil, ayon sa kanyang mabuting kasiyahan at layunin. Samantala, si Isaac ay may kambal na anak, sina Jacob at Esau. Pinili ng Dios si Jacob at itinakwil si Esau habang sila'y nasa sinapupunan pa lang. Ito'y nakita ni Pablo bilang malinaw at eksaktong ebidensya ng gawaing-paghirang ng Dios.

*“At hindi lamang iyon; kundi gayundin kay Rebecca nang siya'y naglihi sa pamamagitan ng isang lalaki, na si Isaac na ating ama. Sapagkat bagaman ang mga anak ay hindi pa isinisilang, at hindi pa nakakagawa ng anumang mabuti o masama, (upang ang layunin ng Diyos ay manatili alinsunod sa pagpili, na hindi sa pamamagitan ng mga gawa, kundi doon sa tumatawag) ay sinabi sa kanya, "Ang nakatatanda ay maglilingkod sa nakababata." Gaya ng nasusulat, "Si Jacob ay aking minahal, ngunit si Esau ay aking kinasuklaman.” (Roma 9:10-13)*

Hindi hinirang ng Dios si Jacob ayon sa batayan ng kanyang personal na kakayahan. Siya’y nasa sinapupunan pa lamang at wala pang ginagawang anuman. At para iwaksi ang anumang debate na ang pagpili ay ginawa batay sa nakinitang mga gawa ng kambal. Pansinin din naman, na sinalita ng Dios ang Kanyang pag-ibig at pagkamuhi sa nakaraang paraan *(past tense)*. Ang mga bagay na ito ay natukoy na at napagpasyahan na nuong una pa lang.

Pagkatapos na baguhin ang pangalan ni Jacob at gawing Israel, nagkaroon siya ng labing-dalawang anak. Si Jose ay isa sa pinakabata at ang kanyang mga kapatid ay nanibugho sa kanya. Ngunit binigyan ng Dios ng panaginip si Jose na kung saan ang kanyang mga kapatid ay yuyuko sa kanya. Hinangad na patayin si Jose ng kanyang mga kapatid at siya’y ibinenta sa pagka-alipin. Inordina ng Dios ang mga pangyayari sa kanilang mga buhay hanggang si Jose ay naging pinaka-makapangyarihang tao sa Egipto. Samantala, ang kanyang mga kapatid ay muntikan ng mamatay sa tag-gutom na dinala ng Dios. Sapat ang katunayan

na yumukod ang magkakapatid kay Jose at sila'y nakatagpo ng habag sa kanyang paningin. Bakit iniakyat sa katanyagan ang nakababatang anak na ito? Kapamahalaang paghirang.

Itong labindalawang mga anak ni Jacob ang naging mga kapangalan ng labindalawang mga angkan ng Israel. At sa lahat ng mga nasyon at mga angkan at mga pamilya sa daigdig, ibinigay ng Dios ang Kanyang pabor sa kanila.

> *"Sapagkat ikaw ay isang banal na bayan sa PANGINOON mong Diyos; pinili ka ng PANGINOON mong Diyos upang maging kanyang sariling pag-aari, mula sa lahat ng mga bayan na nasa balat ng lupa."*
> *(Deuteronomio 7:6)*
> *"Ngunit ngayo'y pakinggan mo, O Jacob na aking lingkod, at Israel na aking pinili! Ganito ang sabi ng PANGINOON na lumalang sa iyo, at mula sa sinapupunan ay nagbigay sa iyo ng anyo, na siyang tutulong sa iyo: Huwag kang matakot, o Jacob na aking lingkod; Jeshurun, na aking pinili." (Isaias 44:1-2)*

Pumili ang Dios ng isang tribo, ang mga Levita, upang maging mga tagapangasiwa Niya sa mga Israelita.

> *"Sapagkat pinili siya (Levi) ng Panginoon mong Dios sa lahat ng iyong mga lipi, upang tumayong mangasiwa sa pangalan ng Panginoon, siya at ang kanyang mga anak magpakailan man."*
> *(Deuteronomio 18:5)*

Pinili ng Dios si Haring Saul para sa Israel, mismong sinabi din na siya'y magiging pahamak na hari sa kanila (1 Samuel 10:24). At pagkadaka'y hinirang ng Dios si Haring David.

*"Ngunit ikaw ang kumuha sa akin mula sa bahay-bata; iningatan mo ako nang ako'y nasa dibdib ng aking ina. Sa iyo ako'y inilagak mula sa aking pagluwal,*

*at mula nang ako'y ipagbuntis ng aking ina ang Diyos ko'y ikaw." (Awit 22:9-10)*

*"Pinili niya si David na lingkod niya, at kanyang kinuha siya mula sa kulungan ng mga tupa."*
*(Awit 78:70)*

Pinapatunayan ng dalawang talatang ito na si David ay hindi hinirang dahil sa siya ay isang lingkod ng Dios; siya ay hinirang na maging lingkod ng Dios nung siya'y nasa sinapupunan pa lamang.

Humirang ang Dios ng mga propeta, humirang ang Dios ng mga hari, ang Dios ang pumili ng mga mananalo at matatalo sa digmaan. Mayroon bang makikipagtalo na nuong ang Faraon ng Egipto ay nagpautos ng kamatayan para sa lahat ng sanggol na Hebreo, ito ngang mabiyayang paghirang ng Dios ang nagpalutang kay Moises patungo sa sambahayan ni Faraon?

Sa panahon ng Kanyang ministeryo sa kalupaan, isinagawa din ni Jesus ang kanyang karapatan na pumili at maghirang. Halimbawa, pinili Niya ang kada isa sa Kanyang labindalawang alagad, kasama ang isang itinalaga upang ipagkanulo Siya.

*Sumagot sa kanila si Jesus, "Hindi ba pinili ko kayo, ang labindalawa, at ang isa sa inyo ay diyablo? Siya nga ay nagsasalita tungkol kay Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagkat siya na isa sa labindalawa ang magkakanulo sa kanya." (Juan 6:70-71)*

Nang si Jesus ay nasa tangke ng Bethesda, daan-daang may sakit, bulag at paralisadong mga tao ang nagpisan, mapamahiing naghihintay sa isang anghel para "kalawkawin ang tubig" sa pag-asa na mapagaling (Juan 5). Ngunit si Jesus ay nagtungo sa isang partikular na tao na 38 na taon ng may sakit at pinagaling siya. Iniwan ni Jesus ang karamihan sa dati nilang kaawa-awang kundisyon kung saan natagpuan Niya sila at pumili na magpagaling lamang ng isang tao.

Sa isa pang okasyon, tinanong si Jesus ng Kanyang mga alagad kung bakit nagtuturo Siya gamit ang mga talinghaga.

> *At sinabi niya sa kanila, "Sa inyo ipinagkaloob ang hiwaga ng kaharian ng Diyos, ngunit sa kanilang nasa labas, ang lahat ng mga bagay ay ginagawa sa mga talinghaga; upang kung sa pagtingin ay hindi sila makakita; at sa pakikinig ay hindi sila makaunawa, baka sila'y magbalik-loob at mapatawad."*
> *(Marcos 4:11-12)*

Wala ng iba tayong maaaring pagwakasan mula sa mga sitas na ito kundi itong si Jesus ay hindi ibig na ihayag ang Kanyang sarili sa lahat ng kada indibidwal na tao na may pakundangan para sa lahat. Sadyang ang kabaligtaran ang katotohanan. Nagbigay ng pang-unawa ang Dios sa mga hirang at tinakluban ni Jesus ang mga katotohanan ng Langit sa pamamagitan ng mga talinghaga upang siguraduhin na ang mga hindi nahirang ay hindi mabago dahil sa kanilang mga kalooban o katalinuhan at subukang obligahin si Jesus na patawarin sila.

Bakit kaya pinabangon ni Jesus si Lazaro mula sa libingan? Ginusto Niya. Kay daming ibang patay na tao sa paligid. Bakit Niya nilinis ang sampung ketongin nuong ang sakit na ito ay rumagasa ng daan-daang ibang mga tao? Ginusto Niya. Nang si Jesus ay humarap sa demonyito ng Gadareno, ang mga dimonyong tinawag ang kanilang sarili na "Legion" ay humiling na payagan sila ni Jesus na pumunta sa isang kawan ng mga baboy.
"At pagkadaka'y ipinahintulot ni Jesus sa kanila." (Marcos 5:13).

Bakit? Ginusto Niya.

Kahit ang pagtawag ng Dios upang sumunod kay Cristo at manampalataya sa Kanya ay ipinahayag sa sanglibutan, tanging ang mga hinirang ang sumagot.

> *"Kaya't ang huli ay mauuna, at ang una ay mahuhuli."*
> *(Mateo 20:16)*

## † CHRISTOCENTRICITY
(PANANAW NA "KAY CRISTO LAMANG")

Ang pinakadakilang pagpapakita ng paghirang ng Dios ay dumating sa atin sa mapagbiyayang persona ng Kanyang Anak. Ito ang kagandahang nakahimlay sa puso ng doktrinang ito. Ito ay isang ganap na *Christocentric* na doktrina. Nasa gitna nito si Cristo at ito'y umiinog sa paligid ng Anak ng Dios. Si Cristo ang "Hirang ng Dios".

> *"Sapagkat ito ang isinasaad ng kasulatan: "Tingnan ninyo, aking inilalagay sa Zion ang isang bato, isang batong panulok na pinili at mahalaga; at sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapapahiya."*
> *(1 Pedro 2:6)*

> *"At ako'y maglalabas ng mga lahi na mula sa Jacob, at mula sa Juda ay mga tagapagmana ng aking mga bundok; iyon ay mamanahin ng aking hinirang, at ang aking mga lingkod doon ay maninirahan." (Isaias 65:9)*

Ang Isaias 42 ay isa sa pinakamagandang mga sitas mula sa Lumang Tipan patungkol sa Messias. Ang panimula nito'y:

*"Narito ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa. Inilagay ko ang aking Espiritu sa kanya; siya'y maglalapat ng katarungan sa mga bansa."*

Kahit si Cristo ay itinalaga bilang "ang Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan" (Pahayag 13:8), Siya ang "pangunahing bunga" ng pagkabuhay na maguli (1 Corinto 15:20-21), hinirang ng Dios na maging Messias at ang Cristo (ang pinahiran). At tayong mga naniniwala na mga "hinirang ng Dios" ay nasumpungan ang pinagbuhatan ng ating pagkahirang kay Cristo, Siya mismo. Kapag sumusulat sa Iglesia, sila'y pinararatingan ng ganito:

*"Si Pedro, na apostol ni Jesu-Cristo, Sa mga hinirang na nangingibang bayan na nasa Pangangalat sa Ponto, Galacia, Capadocia, Asia at Bitinia, pinili at itinalaga ng Diyos Ama, at ginawang banal ng Espiritu upang sumunod kay Jesu-Cristo at mawisikan ng kanyang dugo: Biyaya at kapayapaan nawa ang sa inyo'y sumagana." (1 Pedro 1:1-2)*

Ang dugo ng hirang na lingkod ng Dios ang bumili ng ating katubusan at pagpapabanal, ginaganap ang plano ng paghirang.

## † MGA KATANGIAN NG PAGKAHIRANG

Kaya nga, kung tunay ngang lahat ang mga naunang natalakay, siguradong mayroon din namang parehong ebidensya at mga pakinabang na napapaloob sa pagiging kasama sa "mga hinirang ng Dios". Nasa ilalim ang sampung mga halimbawa:

1. Kapag ang konsepto ng mabiyayang paghirang ng Dios ay naintindihan, hindi na tayo pahihirapan pa ng dumudurog na

pabigat ng ating mga personal at walang kabuluhang mga pagtangka para kitain ang kaligtasan sa pamamagitan ng ating mga gawa. Ngayon, hindi sinasarahan ng paghirang ang mabubuting mga gawa. Iya’y importanteng malaman. Ngunit hindi natin ginaganap ang ating kaligtasan sa pamamagitan ng ating gawa at kasikapan. Imbes, gumagawa tayo ng mabubuting mga gawa bilang tugon sa katotohanan na tayo ay hinirang na ng Dios. At yamang hindi rin naman tayo ang sanhi ng paghirang ng Dios, hindi tayo ang pangtapos na sanhi ng ating sariling mabuting mga gawa. Ang kaligtasan, sa lahat ng aspeto, ay proyekto ng Dios, nagsimula sa Kanyang pagpili sa atin bilang Kanyang mga tao, inordina para gumanap ng mga gawang luluwalhati at aaninag sa Kanya. Ang paghirang ng Dios ay sa mabubuting mga gawa, para sa Kanyang kaluwalhatian at sa ating kapakinabangan:

> *“Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.”*
> *(Juan 15:16)*

> *“Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.”*
> *(Efeso 2:10)*

2. Kinokontrol ng Dios ang kurso ng kasaysayan at nangako na kapag hinatulan Niya ang daigdig sa Kanyang galit, Kanyang

lilimitahan ang tagal ng Kanyang poot alang-alang sa Kanyang hinirang na mga tao:

> *"At kung hindi paiikliin ang mga araw na iyon, ay walang makakaligtas na laman, subalit alang-alang sa mga hinirang ay paiikliin ang mga araw na iyon." (Mateo 24:22)*

3. Pinoprotektahan ng Dios ang mga nahirang nang sa gayo'y hindi sila mailigaw ng bulaang mga propeta:

> *"Sapagkat lilitaw ang mga bulaang Cristo at ang mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan, anupa't ililigaw, kung maaari, pati ang mga hinirang." (Mateo 24:24)*

4. Ang mga nahirang ay matatagpuan sa Langit at sasamahan si Cristo kapag Siya ay nagbalik upang isagawa ang paghatol sa daigdig:

> *"Isusugo niya ang kanyang mga anghel na may malakas na tunog ng trumpeta at kanilang titipunin ang kanyang mga hinirang mula sa apat na hangin, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila."*
> *(Mateo 24:31)*

> *"Makikipagdigma ang mga ito laban sa Kordero at sila'y dadaigin ng Kordero, sapagkat siya'y Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari, at ang mga kasama niya ay mga tinawag, mga hinirang at tapat." (Pahayag 17:14)*

5. Ipaglalaban ng Dios ang Kanyang mga hinirang at magsasagawa ng katarungan alang-alang sa kanila:

*"At hindi ba bibigyan ng Diyos ng katarungan ang kanyang mga pinili na sumisigaw sa kanya araw at gabi. Kanya bang matitiis sila?" (Lucas 18:7)*

*"Sila'y hindi magtatayo at iba ang titira, sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain; sapagkat gaya ng mga araw ng punungkahoy, ay magiging gayon ang mga araw ng aking bayan, at matagal na tatamasahin ng aking pinili ang gawa ng kanilang mga kamay. Sila'y hindi gagawa nang walang kabuluhan, o manganganak man para sa kapahamakan, sapagkat sila ang magiging supling ng mga pinagpala ng PANGINOON, at ang kanilang mga anak na kasama nila. At mangyayari na bago pa sila tumawag ay sasagot ako, samantalang sila'y nagsasalita ay makikinig ako."*
*(Isaias 65:22-24)*

6. Inaaring-ganap ng Dios ang Kanyang mga hinirang at walang sinoman ang hahatol sa kanila:

   *"Sino ang magsasakdal ng anuman laban sa mga pinili ng Diyos? Ang Diyos ang siyang umaaring-ganap." (Roma 8:33)*

7. Ang kalikasan at karakter ng mga hinirang ng Dios ay binago, inaaninag ang mga katangian ng Dios, kaysa ng makasalanang sanglibutan:

   *"Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Dios, na mga banal at minamahal, ng isang pusong*

*mahabagin, ng kagandahangloob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod. Pagtiisan ninyo ang isa't isa, at kung ang sinuman ay may reklamo laban sa kanino man, magpatawaran kayo sa isa't isa, kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayundin naman ang inyong gawin." (Colosas 3:12-13)*

8. Ang Dios ay nagpapadala ng mga ministro para turuan ang mga nahirang upang patnubayan sila patungong kaligtasan:

    *"Kaya aking tinitiis ang lahat ng mga bagay dahil sa mga hinirang, upang kamtan din nila ang kaligtasan kay Cristo Jesus na may kaluwalhatiang walang hanggan." (2 Timoteo 2:10)*

9. Maski ang mga anghel sa Langit na hindi nakisama kay Lucifer sa kanyang paghihimagsik laban sa Dios ay iningatan sa pamamagitan ng mapagbiyayang paghirang:

    *"Inaatasan kita sa harap ng Diyos at ni Cristo Jesus, at ng mga anghel na hinirang, na iyong sundin ang mga bagay na ito na walang kinikilingan, at huwag mong gagawin ang anumang bagay nang may pagtatangi." (1 Timoteo 5:21)*

10. Ang pananampalataya kay Cristo Jesus, ang pagka-unawa sa katotohanan ng Mabuting Balita, at ang pag-asa ng buhay na walang hanggan ay ibinibigay sa mga hinirang:

    *"Si Pablo, na alipin ng Diyos, at apostol ni Jesu-Cristo, sa ikasusulong ng pananampalataya ng mga hinirang ng Diyos, at ng kanilang pagkakilala sa katotohanang ayon sa kabanalan, sa pag-asa sa buhay na walang hanggan. Bago pa nagsimula ang mga panahon, ito ay ipinangako ng Diyos na hindi nagsisinungaling." (Tito 1:1-2)*

Ang pag-asa ng buhay na walang-hanggan ay ipinangako kanino?

Sa mga hinirang!

## † PAGTATAKWIL *(REPROBATION)*

Bagaman ito'y hindi ang punto ng ating paksa, dapat din nating bulayin ang isa sa pinaka hindi nauunawaang implikasyon nitong Doktrina ng Walang Kundisyong Pagkahirang: Ang Pagtatakwil. Kung ang sangkatauhan ay kusang nagma-martsa patungo sa tiyak na kasumpaan at pinili ng Dios na "kuhanin ang ilang mga sanga mula sa apoy", Siya ba, sa paglaktaw niya sa iba, ay ipinagkakatiwala ang mga natira sa pagkawasak?

Isa ito sa paboritong argumento ng mga kritiko ng doktrinang ito. Ang sentro ng kanilang pagtutol ay: "Kung ang Dios ay may kapangyarihang iligtas ang mga makasalanan mula sa kanilang tadhana, bakit hindi Niya sila inililigtas lahat?

Ang paghirang sa iilan lamang ay hindi patas!" Tinatawag ng mga kritiko ng makasaysayang *Calvinism* ang ideyang ito bilang "dobleng pagtatalaga sa kapalaran" o "double predestination" upang makalikha ng tularan kung saan itinatadhana ng Dios ang mga tao patungong impierno sa isang paraang malupit o dahil sa nasumpungan lang Niya. Pagkatapos ay makipagtalo sila na pinalalabas ng theolohiyang *Calvinistic* na ang Dios ay isang halimaw at kinakailangang tanggihan.

Ngunit ang gayong mga apilang emosyonal ay isangtabi, ang payak at tutok na sagot ay: Oo, sa pagliligtas lang ng kakaunti, ay itinatakwil ng Dios ang nakararami. Ngunit dapat tayong maging maingat sa paglalagay ng bintang sa Dios.

Nakipagtalo si Apostol Pablo ng buong kakumbinsihan patungkol sa puntong ito.

> *"Kaya nga siya'y may awa sa kanyang maibigan, at kanyang pinagmamatigas ang puso ng sinumang kanyang maibigan. Kaya't sasabihin mo sa akin,*
> *"Bakit humahanap pa siya ng kamalian? Sapagkat sino ang makakasalungat sa kanyang kalooban?" Ngunit, sino ka, O tao, na makikipagtalo sa Diyos? Sasabihin ba ng bagay na hinubog doon sa humubog sa kanya, "Bakit mo ako ginawang ganito?" O wala bang karapatan ang magpapalayok sa luwad, upang gumawa mula sa iisang limpak ng isang sisidlan para sa marangal na gamit at ang isa'y para sa pangkaraniwang gamit? Ano nga kung sa pagnanais ng Diyos na ipakita ang kanyang poot, at ipakilala ang kanyang kapangyarihan, ay nagtitiis na may pagtitiyaga sa mga kinapopootan niya na inihanda para sa pagkawasak; upang maipakilala niya ang kayamanan ng kanyang kaluwalhatian sa mga kinaaawaan, na kanyang inihanda nang una pa para sa kaluwalhatian, maging sa atin na kanyang tinawag, hindi lamang mula sa mga Judio, kundi mula rin sa mga Hentil?*
> *(Roma 9:18-24)*

Sundang mabuti ang argumento ni Pablo. Sa unang tatlong mga kabanata ng kanyang sulat sa mga Romano, buong pagsusumakit na pinatunayan ni Pablo na ang mga Hentil ay may sala sa harapan ng Dios, gayon din naman ang mga Hudyo at ang mga Israelita ay may sala sa harapan ng Dios, winakasan na ang lahat ng sangkatauhan ay tumatayong may sala, makasalanan at karapat-dapat sa paghatol at kaparusahan. Subalit ang Dios ay may awa, iniaalis ang ilang mga tao sa paghatol na sila'y karapat-dapat. Papaano kayang nagdesisyon ang Dios kung sinong mga tao ang tatratuhin na may kaawaan? Hindi sinabi sa atin. Ang payak na pagkakaalam natin na ang Dios ay magiging maawain sa kung sinomang ibigin Niya.

Ngayon, ang iba'y iiwanan ng Dios sa kanilang mga kasalanan. Kaya ang mga kumokontra ay sasagot, "Ngunit papaanong pagbibintangan ng Dios ang kahit sino kung ang lahat ay ginagawa lamang kung anuman ang inordina ng Dios upang gawin nila?" Kapagdaka'y inihayag ni Pablo ang kapamahalaan ng Dios at pina-alalahanan ang nagtanong na tayo'y simpleng alabok lamang sa mga kamay ng Lumikha. Loloobin ba ng alabok na bumangon at magtanong sa Makapangyarihan kung bakit ginagawa Niya ang mga pinag-gagagawa Niya? Ang napahiwatig na kasagutan ay, "Siyempre namang hindi!" Ang lahat ng mga bagay ay pag-aari ng Dios. Siya ang Panginoon ng Kanyang nilikha. Sino ang makapagkukuro sa Kanyang mga desisyon?

Pagkatapos ay ipina-alala ni Pablo sa kanyang mga magbabasa ang isang aral na natutunan sa Jeremias 18. Ang magpapalayok ay may kapangyarihang gawin ang anumang naisin niya sa isang limpak ng putik. Mula sa parehong limpak ay maaari siyang humubog ng magagandang likha ng sining, marapat na papurihan. O di kaya'y maaari siyang gumawa ng sisidlang hindi kasiya-siya sa kanya, o para sa ordinaryong gamit lamang, na may karapatan siyang sirain ayon sa sarili niyang kasiyahan. Ang Dios ay may katulad na kapangyarihan para gumawa ng mga desisyon at pagbubukod na mayroon ang magpapalayok. Parehong ang hinirang at ang hinatulan ay may kalagayan sa patuloy na rebelasyon ng Dios. Siya ay may ganap na kaloobang ipakita ang Kanyang poot sa mga sisidlang inihahanda Niya para sa panahon ng paghatol. Ngunit Siya ay matiyaga at may malaking pagpapahinuhod, naghihintay para sa panahon kung saan ipapakita Niya ang Kanyang mapag-biyayang kaluwalhatian at habag sa mga taong inihanda na Niya nuong una pa para sa kaligtasan.

Ang argumento na ang gayong pagtatakwil ay hindi patas o hindi makatarungan ay sala sa punto. Isinakdal na sana ng Katarungan at ng Kapantayan na ang lahat ng tao ay mapailanglang sa Impiyerno alinsunod sa kanilang masama at mapaghimagsik na kalikasan. Ngunit ang Dios ay hindi ang sanhing-ugat nang pagkawasak ng kahit sinumang tao. Ang mga tao ay buong kaloobang sumusunod sa mga pukaw ng kanilang masasamang mga puso, at dahil dito, ay ganap na mananagot sa kanilang mga aksyon. At ang Dios ay magkakamit ng kaluwalhatian para sa Kanyang sarili, sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang habag para sa Kanyang mga hinirang at sa pagpapakita ng Kanyang banal na katarungan at makatuwirang kapangyarihan para sa mga makasalanan.

Narito ang mahalagang konseptong hindi dapat maisawalang-bahala: *Ginagawa ng Dios ang anumang ginagawa Niya para sa Kanyang kaluwalhatian.* Ang kaligtasan ay humahantong patungo sa maluwalhating biyaya ng Dios. Ang Paghatol ay humahantong tungo sa maluwalhating katuwiran at kabanalan ng Dios. Ngunit, ang lahat ng ito ay hahantong sa Kanya at sa Kanyang pagluwalhati ng Kanyang sarili. Ang makataong pananaw na dapat tratuhin ng Dios ang lahat ng pantay-pantay at bigyan ang kada tao ng pagkakataon upang maligtas ay labas sa Kasulatan. Ito ay magiging napakahirap para sa atin, sa ating limitadong pang-unawa ng mga prinsipyong ganap at eternal, na ibalot ang ating mga kaisipan sa paligid ng isang Dios na sadyang may walang-hanggang sariling pagpapasya. Ngunit iyan lang ang tanging Dios na matatagpuan natin sa Biblia. Kaysa tumadyak laban sa pahayag ng Dios patungkol sa Kanyang sarili, tayo'y magiging mas matalino kung sasamba tayo sa Kanya at manikluhod na may pagpapakumbaba sa Kanyang kapama-pamahalang mga pasya. Ngunit ang natural na tao, katulad ng mabagsik na mga hayop, ay tumatangging tanggapin ang kapamahalaan ng Dios.

Samantala, ipinagpatuloy ni Pablo ang kanyang talumpati ukol sa biyaya ng paghirang ng Dios sa pamamagitan ng pagsalaysay-muli sa kambal na anak ni Isaac:

*Gaya ng nasusulat, "Si Jacob ay aking minahal, ngunit si Esau ay aking kinasuklaman." Ano nga ang ating sasabihin? May kawalang katarungan ba sa Diyos? Huwag nawang mangyari. Sapagkat sinasabi niya kay Moises, "Ako'y maaawa sa aking kinaaawaan, at ako'y mahahabag sa aking kinahahabagan." Kaya ito ay hindi ayon sa kalooban o pagsisikap ng tao, kundi ayon sa habag ng Diyos. (Roma 9:13-16)*

Para sa akin, hindi gaanong nakakagulat na sasabihin ng Dios, "Si Esau ay aking kinapootan." Kinayayamutan ng Dios ang lahat ng uri at pagkakataon ng kasalanan. Subalit ito'y kahanga-hanga na ang biyaya ng Dios ay maghahayag "Si Jacob ay inibig ko." Si Jacob ay isang tagasambot ng sakong, manloloko. Ngunit siya ang naging taga-tanggap ng "hindi pinaghirapang pabor". Kung ano ang sinabi sa pasimula ng kabanatang ito ay nagmula sa nakapaloob sa talatang ito – ang mapagmahal na paunang-pagkakilala ang batayan ng Kanyang mapagbiyaya at walang kundisyong paghirang at Siya ay hindi kumikiling sa mga taong gumagawa ng kanilang kalooban o naghihirap na tumakbo para makipagpaligsahan sa karera ng mabubuting gawa. Ang Paghirang ay tunay na gawain ng Dios, na nagpapakita ng habag kung loloobin Niya. Ayon kay Jesus, ang Dios ay buong kabiyayaang naghihirang ng ilan, dinadala sila tungo sa pananampalataya, samantalang ang Kanyang poot ay nananatili sa iba.

*"Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay nananatili sa kanya." (Juan 3:36)*

Ginagawa ba nitong hindi makatuwiran ang Dios? Hindi! Pinapakita nito na Siya ay mapagbiyaya. Ang katuwiran ay binigyang-paliwanag sa kung anumang ginagawa ng Dios. Hindi napapasailalim ang Dios sa kung anumang etikadong pamantayang mas mataas pa sa Kanya. Nasa sa Dios kung kanino Siya mahahabag at kung sino ang tatanggap ng Kanyang pakikiramay.

> *"Ginawa ng PANGINOON ang bawat bagay ukol sa layunin nito, pati ang masamang tao ukol sa araw ng gulo." (Kawikaan 16:4)*

> *"Aking inilagay ang liwanag at nililikha ko ang kadiliman; ako'y gumagawa ng kaginhawahan at lumilikha ako ng kapahamakan; ako ang PANGINOON, na gumagawa ng lahat ng mga bagay na ito. "Kahabag-habag siya na makikipagpunyagi sa Maylalang sa kanya! Isang luwad na sisidlan sa isang magpapalayok! Sinasabi ba ng luwad sa nagbibigay anyo sa kanya, 'Anong ginagawa mo?' o 'ang iyong gawa ay walang mga kamay?'!" (Isaias 45: 7,9)*

Ang Dios ay hindi natitilapon, o nalilimitahan sa pinakamaliit na paraan, ng masamang gawain ng tao o ng dimonyo. Ginawa ng Dios ang lahat ng mga bagay sa isang hangarin – ang Kanyang sariling Kaluwalhatian. Ang Dios ay hindi eternal na bigo sa Kanyang dakilang plano ng pagtutubos dahil lang sa kanila na nabigong maniwala. Una na Niyang inordina ang kanilang hindi paniniwala at ang kanilang buong kaisipa'y pinipigilan ng Kapamaha-pamahalaang kaloobang iyon. Ang katotohanan ay natatakluban at naitago mula sa kanila; ang kanilang mga mata ay binulag, ang kanilang mga tainga ay biningi at hindi sila makalapit kay Cristo. Si Cristo Jesus ang linyang humahati sa buong kasaysayan ng sangkatauhan kung saan ang lahat ng tao ay naitalaga na sa kanilang itinakdang kapalaran.

*“[Si Cristo ay ang] Batong nagpapatisod sa kanila, at malaking bato na nagpabagsak sa kanila." Sila'y natitisod dahil sa pagsuway sa salita, na dito naman sila itinalaga.” (1 Pedro 2:8)*

*“Sapagkat may ilang taong nakapasok nang lihim, ang mga iyon ay matagal nang itinalaga sa kahatulang ito, mga hindi maka-Diyos, na kanilang pinalitan ng kahalayan ang biyaya ng ating Diyos, at itinatatuwa ang kaisa-isa nating Pinuno at Panginoon na si Jesu-Cristo.” (Jude 1:4)*

*“At dahil dito'y pinapadalhan sila ng Diyos ng makapangyarihang pagkalinlang upang maniwala sila sa kasinungalingan, upang mahatulan silang lahat na hindi sumampalataya sa katotohanan, sa halip ay nalugod sa kalikuan.” (2 Tesalonica 2:11-12)*

*“Tingnan ninyo, mga mapanlibak! Manggilalas kayo at mapahamak; sapagkat ako'y gumagawa ng isang gawa sa inyong mga araw, isang gawang sa anumang paraa'y hindi ninyo paniniwalaan kung sabihin sa inyo ng sinuman.” (Gawa 13:41)*

## † PANGWAKAS

Kahit na wala tayong karamihang katibayan ng Kasulatan para ihayag ang Doktrina ng Walang Kundisyong Paghirang, ang lohika'y buong tibay tayong dadalhin sa konklusyon na:
Kung –

- Ang tao ay ganap na nasira at patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan;
- Ang tao ay walang pagnanasang makipagrelasyon sa Dios at mapaghimagsik laban sa Dios;
- Ang tao ay walang kakayanang maunawaan ang anumang bagay patungkol sa Dios o gumawa ng anumang kapita-pitagang gawain na mag-oobliga sa Dios;
  - Gayunman, ang ilang mga tao ay magagawang makilala ang Dios, makasasamba sa Dios at magantimpalaan ng buhay na walang hanggan sa presensya ng Dios;

Kung gayon, ang tanging paraan para maging posible ito ay ang Dios ang magsimulang umaksyon ng walang kadahilanan maliban sa Kanyang sariling kalooban at mabuting kasiyahan. Ito ba ay mahiwaga? Oo, walang pasubali. Ngunit dahil ba sa kahiwagaan ng patunay na ito'y kinakailangang iwasan na natin ito? Hindi. Ito ang katotohanang ipinahayag na relihiyon ng Dios, itinatag bago pa magsimula ang sanglibutan.

> *"Subalit sa mga may gulang na ay nagsasalita kami ng karunungan, gayunma'y hindi ang karunungan ng panahong ito, o ng mga pinuno sa panahong ito, na ang mga ito'y mauuwi sa wala. Kundi nagsasalita kami tungkol sa karunungan ng Diyos, na hiwaga at inilihim, na itinalaga ng Diyos bago ang mga panahon para sa ikaluluwalhati natin." (1 Corinto 2:6-7)*

Kaya mula sa masa ng nasirang sangkatauhan, pinili ng Dios na ilagak ang Kanyang pagibig sa ilang mga tao at niloob Niyang iligtas sila. Ano ang paraan ng kaligtasang iyon? Ano ang nag-udyok dito? Ito ay pinukaw ng pagibig ng Dios, na pinasya Niyang ilagak sa Kanyang hinirang na mga tao.

> *"Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umibig sa Diyos, kundi siya ang umibig sa atin, at sinugo ang kanyang Anak na pangpalubagloob sa ating mga kasalanan."*
> *(1 Juan 4:10)*

Kaya nga ano ang paraan? Ang pangpalubag-loob na siniguro ng Kanyang Anak. At iyan ang paksa ng ikatlo sa mga Doktrina ng Biyaya – ang Doktrina ng *Limitadong Pagtutubos.*

[1] Morris, David. *The Doctrines of Grace*
(Teaching Series from Main Street Baptist Church, Sovereign Grace Conference. 1989.)

## IKATLONG KABANATA

## LIMITADONG PAGTUTUBOS

Mas gusto ng ibang mga theologians na gamitin ang terminong *Partikular na Pagtutubos* kapag kinukunsidera ang konseptong doktrinal na ito. Ito ay may kaugnayan sa pangunahing katanungang, "Para kanino namatay si Cristo?" Siya ba ay ibinitin sa krus para sa lahat ng taong nabuhay na walang pagbubukod? O si Jesus ba'y namatay para sa mga hinirang ng Dios bukod-tangi?

Sumesentro ang debate sa kinakailangang mga kahihinatnan ng alinmang posisyon. Malinaw na inihahayag ng Biblia na hindi lahat ay maliligtas. Sa gayon, kung si Cristo ay namatay para sa lahat na walang ibinukod, ginawa lang Niyang posible ang kaligtasan. Isinaayos Niya na ang lahat ay magkaroon ng kaparaanan sa kaligtasan kung sasamantalahin lamang nilang kuhanin ito. Subalit, kung tunay ngang tinapos na ni Cristo ang gawain ng pagtutubos – kung ang Kanyang kamatayan ay ganap na sapat at mabisa para siguraduhin ang kaligtasan ng maysalang mga makasalanan – kung gayon ang lubhang katotohanan na hindi lahat maliligtas ay nagbabadya sa ating pagtibayin na si Cristo ay namatay tanging para sa Kanyang hinirang na mga tao lamang.

Upang pagtibayin ang ating theolohiya sa isyung ito, kinakailangan nating malaman kung ano nga ba talaga ang nangyari sa Kalbaryo. Ang buong Christianity ay umiinog sa paligid ng sentrong pangyayari na ito – ang pagkapako sa krus ni Cristo.

Ipinangaral palagi ng *Orthodox* (tradisyunal) na Christianity na si Cristo Jesus ay (at ang) Anak ng Dios, kaanib ng *Triune Godhead* (Dios na may tatlong pagkakaisa).

*"Kayo'y mag-ingat, baka sa inyo'y may bumihag sa pamamagitan ng pilosopiya at walang kabuluhang pandaraya, ayon sa tradisyon ng mga tao, ayon sa mga simulain ng sanlibutan, at hindi ayon kay Cristo. Sapagkat sa kanya'y naninirahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan, at kayo'y napuspos sa kanya, na siyang ulo ng lahat ng pamunuan at kapangyarihan." (Colosas 2:8-10)*

Nang pagdiinan para sa katibayan ng Kanyang pagka-Dios, inihayag ni Jesus na ang "tanda ni Jonah" – na namalagi ng tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan ng isang dambuhalang isda – ay ang tanging tanda na ibibigay ng Dios bilang katibayan na si Jesus nga ay Siya ngang pinapatungkulan Niya (Mateo 12:39-40). Katulad din naman, sabi ni Cristo, na Siya ay mananatili ng tatlong araw at tatlong gabi sa loob ng "kaibuturan ng lupa".

Nagpatotoo ang pinakaunang mga saksi na si Cristo ay tunay na namatay sa krus, nasa libingan ng tatlong araw at tatlong gabi at nabuhay na magmuli, "ayon sa mga Kasulatan." Kung wala ang kagila-gilalas na katotohanang ito ng kasaysayan, ang Christianity ay isa lamang sa mga kakatwang relihiyosong palabas na dinala ng mga sinungaling at patuloy na binubuhay ng "mga saksing bulaan ng Dios" (1 Corinto 15:15). Ang mga pangyayaring ito ang pinaka sentro ng Christianity.

Ang pagkapako sa krus ni Cristo ay isang mapapatunayang katotohanan ng kasaysayan. Maging si Tacitus, ang Romanong-manunulat ng kasaysayan, ay sumulat na ang taong si Jesus ng Nazareth, ay nabuhay at napako sa krus.

Isinulat niya:

*"Ngunit ang lahat ng makataong pagsisikap, ang lahat ng pagkarami-raming mga regalo mula sa emperador, at ang mga sakripisyo para sa mga dios ay hindi nakapagpaalis sa nagbabantang paniniwala na ang pagsunog sa Roma ay ang resulta ng isang kautusan (mula kay Nero, siya mismo). Ang kinahinatnan, para sirain ang ulat na ito, ipinataw ni Nero ang pagkakasala at pinaranas ang pinakamatinding mga pagpapahirap sa isang grupo na kinaiinisan dahil sa*

*kanilang mga abominasyon, tinatawag silang Christians ng sangkatauhan. Si Christus, (Cristo Jesus) na sa kanya nagsimula ang pangalan, ay nag-hirap ng sagad na pagdurusa sa panahon ng pamumuno ni Tiberius sa kamay ng isa sa ating mga gubernador, si Poncio Pilato, at ang pinaka-malokong pamahiin [Christianity] sa ganitong paraan ay napigil ng panandalian, ay muling pumailanglang hindi lamang sa Judea, ang unang pinagmulan ng kasamaan, ngunit pati rin sa Roma, kung saan ang lahat ng mga bagay na kalait-lait at kahiya-hiya mula sa lahat ng sulok ng sanglibutan ay nakakahanap ng kanilang sentro at nagiging popular. Alinsunod dito, isang pagdakip ang unang ginawa sa lahat ng nahayag na nagkasala; pagkatapos, ng sila'y mabigyan ng impormasyon, isang napakalaking karamihan ang nahatulan, hindi sa krimen na pagsunog sa lungsod, bagkus ng pagkapoot laban sa sangkatauhan. Iba't-ibang klase ng panunuya ang idinagdag sa kanilang kamatayan. Nabalutan ng mga balat ng mga hayop, sila'y pinagpirapiraso ng mga aso at namatay, o kaya'y ipinako sa mga krus, o kaya'y pinarusahan sa mga kaapuyan at sinunog, para magsilbing kaliwanagan sa gabi kapag nakalubog na ang araw. Binuksan ni Nero ang kanyang mga hardin para sa panooring ito, at nagtatanghal ng isang palabas sa sirko, habang nakisalamuha siya sa mga tao na nakadamit mandirigma o nakatayo sa isang karuwahe. Anupat, kahit para sa mga kriminal na karapat-dapat sa kaparusahang sadista at nagbibigay-babala, may pumailanglang na damdamin ng kahahabagan; dahil sa ito'y hindi, tilang dapat gawin,*

*para sa kabutihan ng publiko, ngunit upang busugin ang kalupitan ng isang tao, na sila (ang mga Christians) ay winawasak."*[1]

Ang Biblikal at ang sekular na pinagmulang kasaysayan ay parehong sumasang-ayon na ang lalaking tinatawag na Cristo ay ipinako sa krus sa ilalim ng pamamahala ni Pilato at ang kanyang mga tagasunod ay namatay sa ilalim ng marahas na pagpapahirap na pinanghawakan ang kanilang pananampalataya na si Jesus ay parehong namatay at nabuhay na magmuli. Ngunit, sa taong naghahanap ng katotohanan at ng katubusan, napakahalagang mapag-alaman ang higit pa kaysa sa pisikal na mga katotohanan patungkol sa pangyayaring ito. Kinakailangan nating malaman ang eternal at espritual na mga kinasasangkutan ng pinakamahalagang pangyayaring ito.

## † ANO ANG GINAGANAP NI CRISTO SA KRUS?

Pagkatapos na mapalayas sina Adan at Eba mula sa halamanan ng Eden, mababasa natin ang magkapatid na Cain at Abel. Si Abel ay nag-alay ng isang handog sa Dios; *"mga panganay ng kanyang kawan at ng mga taba ng mga yaon."* Ang katagang "at ang mga taba ng mga yaon" ay nagpapakita na si Abel ay pumatay ng tupa bilang sakripisyo. Bakit iyon kinakailangan? Dahil hinahanap ni Abel ang kapatawaran ng Dios sa kasalanan. At natagpuan niya ito. *At pinahalagahan ng PANGINOON si Abel at ang kanyang handog* (Genesis 4:4).

Ang konsepto ng pagsasakripisyong may pagdanak ng dugo para sa kapatawaran ng kasalanan ay nagpatuloy sa kapanahunan ni Noe, na kumuha ng malilinis na mga hayop, nararapat para ihandog, sa loob ng arko ng pituhan, at ang mga hindi malilinis ng dalawahan (Genesis 7:2). Agad-agad nang ang pamilya ni Noe ay nasa tuyong lupa na ay bumuo siya ng altar at nagsakripisyo galing sa malilinis na mga hayop. (Genesis 8:20)

Ang paghahandog sa Dios ay nagpatuloy sa panahon ni Abraham, ang ninuno ng mga Hebreo. Nang siya'y sinabihan na ihandog ang kanyang tanging anak, kanyang pinaasa ang bata, *"Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko."* (Genesis 22:8) Nang iniunat ni Abraham ang tabak, pinigil ng anghel ng Panginoon ang Kanyang kamay at pagkadaka'y may isang tupang lalaki na nakita na ang kanyang mga sungay ay nasabit sa tinikan. Nagbigay ang Dios ng pamalit na sakripisyo para mamatay bilang kapalit ni Isaac, isang tupa na may ulong matinik. (Genesis 22:9-13)

Ang paghahandog sa kasalanan ay nabitbit paloob sa Kautusang Levitico at kinailangan ng Dios ang dugo sa kamay ng mga pangulong saserdote upang panandaliang maibsan ang Kanyang poot at kaparusahan:

> *"Sa katunayan, sa ilalim ng kautusan, halos lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan." (Hebreo 9:22)*

Ngunit ang patuloy na pagkatay ng mga hayop ay hindi sapat para tunay na maging pangpalubag-loob sa pagkakasala ng mga taong naghandog ng mga sakripisyong iyon.

> *"Yamang ang kautusan ay anino lamang ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay na ito, kailanman ay hindi nito mapapasakdal ang mga lumalapit sa pamamagitan ng gayunding mga alay na laging inihahandog taun-taon. Sapagkat kung di gayon, hindi ba sana ay*

*itinigil nang ihandog ang mga iyon? Kung ang mga sumasamba na nalinis nang minsan, sana ay hindi na sila nagkaroon pa ng kamalayan sa kasalanan. Ngunit sa pamamagitan ng mga handog na ito ay may pagpapaalala ng mga kasalanan taun-taon. Sapagkat hindi maaaring mangyari na ang dugo ng mga toro at ng mga kambing ay makapag-alis ng mga kasalanan." (Hebreo 10:1-4)*

Ang paghahandog ng mga hayop ay iniutos ng Dios upang ipaalala sa mga tao ang kanilang makasalanang kalagayan. Ang natigis na dugo ay isang testimonya sa katotohanang ang kasalanan ay kinakailangan ng kamatayan. Nagpatuloy ang may akda ng mga Hebreo sa paghahayag na tanging ang nag-iisang, eksklusibong kamatayan ni Cristo sa krus ang mabisa para tunay na maalis ang pagkakasala at ang kaparusahan na hinihingi ng kasalanan. Sa kasaysayan, palagiang iniutos ng Dios ang pagsasakripisyo ng dugo. Ngunit, ang pangwakas na sakripisyo, na nagpadanak ng napakahalagang dugo ng Dios mismo, ay dinala nga sa katapusan ang pagdanak ng dugo.

Sinasabi sa atin ng Kasulatan na ginanap ni Jesus ang ilang mga bagay nang buong kalooban Niyang ibinigay ang Kanyang sarili na maipako sa krus. Ang pangkalahatang pananaw sa walong kaganapang iyon ay nagbubuhos ng dakilang bahagi ng kaliwanagan sa katanungang nasa ating mga kamay – para kanino namatay si Cristo?

1. Siya ang naging pangwakas at panghuling *sakripisyong* kapalit para sa kasalanan.

*"Sapagkat si Cristo ay hindi pumasok sa santuwaryo na ginawa ng mga kamay ng tao na mga kahalintulad lamang ng mga tunay na bagay, kundi sa mismong langit, upang dumulog ngayon sa harapan ng Diyos para sa atin. Hindi upang ihandog na paulit-ulit ang kanyang sarili, gaya ng pinakapunong pari na*

*pumapasok sa Dakong Banal taun-taon na may dalang dugo na hindi mula sa kanya, sapagkat kung gayon ay kailangan siyang paulit-ulit na maghirap mula pa nang lalangin ang sanlibutan. Subalit ngayon, minsanan siyang nahayag sa katapusan ng panahon para sa pag-aalis ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili."*
*(Hebreo 9:24-26)*

Isinakripisyo ni Cristo ang Kanyang sarili ng minsan para sa hangarin na isantabi ang kasalanan, ginaganap ang "type" (anino) ng lahat ng sakripisyo ng hayop na hindi makapagbibigay lugod sa utang ng kasalanan.

*"At bawat pari ay tumatayo araw-araw na naglilingkod at paulit-ulit na nag-aalay ng gayunding mga handog na kailanman ay hindi nakapag-aalis ng mga kasalanan. Ngunit nang makapaghandog si Cristo ng isa lamang alay para sa mga kasalanan para sa lahat ng panahon, siya ay umupo sa kanan ng Diyos."*
*(Hebreo 10:11-12)*

Bakit nakayanan ni Cristo na umupo pagkatapos na isakripisyo ang Kanyang sarili? Dahil sa natapos na Niya ang gawain na ipinunta Niya sa daigdig upang ganapin – isinantabi Niya ang kasalanan magpakailanman. At Siya'y naupo sa kanang kamay ng Dios, isang posisyon ng kapangyarihan at kapamahalaan, pinatutunayan na tinanggap ng Dios ang sakripisyo at ang kaganapan niyon.

2. Sa pagsasalarawan ng kamatayan ni Cristo, humiram si Pablo ng isang paganong salita, *pangpalubagloob (propitiation)*. Naniwala ang mga sinaunang mga pagano na ang mga paghihirap sa kanilang mga buhay ay resulta ng galit ng mga dios. Kaya sila'y nagsigawa ng paraan para payapain ang poot na yaon. Halimbawa,  sila'y nag-alay ng kanilang mga anak sa *"kaapuyan ni Molech"* (Levitico 18:21), sa nagbabaga-sa-init na mga kamay ng mga dios-diosang gawa sa bakal na may hurnong na nag-aapoy sa loob nito. Naniwala sila na ang mga hiyaw at ang kamatayan ng mga sanggol ay "magpapalubagloob", o aalisin ang poot ng kanilang mga dios.

   Si Cristo Jesus ang pangpalubagloob na sakripisyo na inialay ang Kanyang sarili para payapain ang poot ng Dios na makapangyarihan sa lahat.

   > *"Na siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubagloob, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa kanyang dugo, upang maipakilala ang kaniyang katuwiran dahil sa hindi pagpansin sa mga kasalanan na nagawa nang nagdaang panahon sa pagpapahinuhod ng Dios." (Roma 3:25)*

   > *"Narito ang pagibig, hindi sa tayo'y umibig sa Dios, kundi siya ang umibig sa atin, at sinugo ang kanyang Anak na pangpalubagloob sa ating mga kasalanan." (1 Juan 4:10)*

3. *Tinubos (redeemed)* ni Cristo ang mga nalaglag na mga makasalanan sa Kanyang kamatayan. Ang Griegong salita na naisaling *pagtutubos* ay *exagorazo* na ang kahulugan ay *bilihin (to buy out)*. Ito ay may partikular na implikasyon sa pagbili ng isang alipin upang siya ay mapalaya. Ang Griegong salita na *lutro* na naisaling *para tubusin* ay nangangahulugang para palayain pagkatanggap ng pangtubos na may diin sa aktuwal na paglaya nung alipin, yamang nabayaran na ang halaga niya.

Inihalintulad ni Cristo ang mga makasalanan bilang "alipin ng kasalanan" (Juan 8:34). At inihayag ni Pablo na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23). Samantala, ang banal na hustisya ng Dios, na humihingi ng kabayaran mula sa nagkasala ay kinakailangang bigyan ng kaluguran. Ang ating mga kasalanan ay kinakailangang tubusin. Ngunit, "kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan." (Hebreo 9:22).

Maliwanag ang pagssalarawan. Ang mga makasalanan ay mga aliping nakagapos sa pamilihan ng kasalanan. At tanging ang sakripisyo ng isa na ang dugo ay may kabuluhang sapat ang tutubos sa mga makasalanan at sila'y palalayain! Kaya nga, tangan ang halaga ng Kanyang dugo sa Kanyang kamay, si Cristo ay tumayo sa harapan

ng hustisya at ng katuwiran ng Dios at binili ang maysalang mga alipin – tinutubos sila:

> *"Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos; sila ngayon ay itinuturing na ganap ng kanyang biyaya bilang kaloob sa pamamagitan ng pagtubos na na kay Cristo Jesus."*
> *(Roma 3:23-24)*

> *"At hindi rin sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at mga toro, kundi sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo, siya ay pumasok na minsan magpakailanman sa Dakong Banal, sa gayo'y tinitiyak ang walang hanggang katubusan." (Hebreo 9:12)*

Pansinin na kinailangan ni Cristo na pumasok sa presensya ng Dios ng minsan lang upang kumpletuhin ang

transaksyon, at ang pagtubos na binili ni Cristo ay walang hanggang katubusan. Anupa't ang taong tinubos ay lubos na nabayaran na at hindi na muling maaalipin pa.

4. Sa kaparehong paraan, si Cristo ang naging *pangtubos (ransom)* para sa maysalang mga makasalanan. Ang pangtubos ay ang halagang aktuwal na ibinayad para palayain ang isang tao mula sa pagkakautang. Ang mga patay na makasalanan ay nagkaroon ng isang utang na hindi nila kayang bayaran.
Ngunit si Cristo ang sapat na halaga para bayaran ang pagkakautang at bilihin pabalik ang pag-aari na kinuha sa rematahan ng kautangan.

> *"Gayon din naman ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kanyang buhay na pantubos sa marami." (Mateo 20:28)*

> *"Sapagkat may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus, na ibinigay ang kanyang sarili na pantubos sa lahat; na siyang patotoo sa tamang panahon."*
> *(1 Timoteo 2:5-6)*

5. Si Cristo ay nasa krus ginawa ang *pagkakasundo (reconciliation)* sa pagitan ng Dios at ng mga tao. Dinadala Niyang magkasama ang dalawang panig na dati-rati'y magkasalungat sa isa't-isa. Hindi sa kinakailangan ng Dios na makipagkasundo sa tao, ngunit ang tao ay nahatulan na sa pagkawasak kung hindi sila naipagkasundo sa Dios.

> *"Kaya't kailangang siya ay maging kagaya ng kanyang mga kapatid sa lahat ng mga bagay, upang siya ay maging isang maawain at tapat na pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang gumawa ng handog na pangpalubag-loob sa mga kasalanan ng mga tao." (Hebreo 2:17)*

*“Lahat ng ito ay mula sa Diyos, na tayo'y pinagkasundo niya sa kanyang sarili sa pamamagitan ni Cristo, at ibinigay niya sa amin ang ministeryo ng pakikipagkasundo. Samakatuwid, kay Cristo ay pinagkasundo ng Diyos ang sanlibutan at ang kanyang sarili na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pakikipagkasundo.” (2 Corinto 5:18-19)*

*“Sapagkat kung noon ngang tayo'y mga kaaway, ay pinakipagkasundo tayo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak, lalo ngayong ipinagkasundo na, ay maliligtas tayo sa pamamagitan ng kanyang buhay.” (Roma 5:10)*

Sinabi ni Pablo na kung [habang tayo dati ay mga rebeldeng may pagkamuhi sa Dios] binili na tayo at ibinalik na ni Jesus dahil sa kanyang kamatayan sa krus, kaya alam nating sigurado na, yamang tayo ay pinagkasundo na, tayo ay ganap na maililigtas sa Kanyang pagkabuhay na magmuli. Ang ating pakikipagkasundo sa Dios ay nakamit ng binayaran ni Cristo ang ating kautangan sa kasalanan at inalis ang ating mga pagsalangsang. Kaya nga, ang pakikipagkasundo sa pamamagitan ng natigis na dugo ni Cristo ang ating garantiya ng ligtas na katayuan sa harapan ng Tagapaghatol na Walang hanggan.

6. Ang kamatayan ni Jesus ang *umaring-ganap (justified)* sa mga maysalang mga makasalanan. Iyan ay isang legal at malahukumang kahulugan na ginamit para ipahiwatig na ang

isang tao ay idiniklera na bilang makatuwiran. Hindi nito nais ipakahulugan na ang hinirang ay marapat na ginawang ganap dahil sa sarili nilang kalooban o kalikasan.

Sa ibang salita, ang mga makasalanan ay hindi ginawang personal na banal at makatuwiran upang tanggapin sa harapan ng Dios. Bagkus, sila ay idineklarang walang kasalanan gayun-mang ang mga buhay nila ay malinaw na maysala. Tinitingnan sila ng Dios na para bang hindi sila nagkasala dahil si Cristo ang nagdala ng kanilang mga kasalanan para sa kanila. Pagkatapos, sila'y mala-hukumang "pinatawan" (imputed) ng katuwiran na nakamit nila mula sa pansariling kaganapan at natapos na gawa ni Cristo.

Ang Biblia ay nagtuturo ng tatlong dakilang mga pagpapa-taw (imputation):

- Ang kasalanan ni Adan ay ipinataw sa bawat tao, binigyan ng ebidensya ng katotohanang ang lahat ng tao'y namamatay.
- Ang mga kasalanan ng mga hinirang ay inilagay kay Cris-to sa Kalbaryo, ipinapataw ang kanilang sala sa Kanya.
- Ang sariling personal na katuwiran ni Cristo ay ipinataw sa mga mananampalataya.

Ngunit ang punto sa ngayon ay ito, tunay na inaring-ganap ni Cristo ng buo at lubos ang lahat ng mga tao na ibinigay sa Kanya ng Dios at Siya's namatay para sa kanila.

> *"Kanyang (ang Dios) makikita ang bunga ng paghihi-rap ng kanyang kaluluwa at masisiyahan: sa pama-magitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at papasanin niya ang kanilang mga kasamaan." (Isaias 53:11)*

> *"Kaya mga kapatid, maging hayag nawa sa inyo na sa pamamagitan ng taong ito'y ipinahahayag sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan; at sa pamamagitan niya ang bawat nananampalataya ay pinalalaya sa*

*lahat ng bagay, kung saan hindi kayo kayang ariing-ganap ng kautusan ni Moises.”*
*(Gawa 13:38-39)*

*“Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos; sila ngayon ay itinuturing na ganap ng kanyang biyaya bilang kaloob sa pamamagitan ng pagtubos na na kay Cristo Jesus.”*
*(Roma 3:23-24)*

*“Gayunman, hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di paniniwala, kundi pinalakas siya ng pananampalataya habang niluluwalhati niya ang Diyos, at lubos na naniwala na kayang gawin ng Diyos ang kanyang ipinangako. Kaya't ang kanyang pananampalataya ay ibinilang na katuwiran sa kanya. Ngayo'y hindi lamang dahil sa kanya isinulat ang salitang, "sa kanya'y ibinilang, kundi dahil din naman sa atin, na ibibilang sa atin na mga sumasampalataya sa kanya na muling bumuhay kay Jesus na ating Panginoon mula sa mga patay, na ibinigay sa kamatayan dahil sa ating mga pagsuway at muling binuhay upang tayo'y ariing-ganap.” (Roma 4:20-25)*

7. *Pinapagingbanal (sanctified)* ni Cristo ang mga inaring-ganap na mga ito; ang kahulugan ay isinangtabi sila para sa personal na paggamit ng Dios. Ang Griegong salitang naisalin bilang *pinapagingbanal* ay ang *hagiazo*, mula sa ugat na *hagios*, na karaniwang isinasaling *banal*. Sila’y may parehong pinagkaugatang kahulugan, na isinangtabi o inihiwalay ng Dios para sa Kanyang esklusibong layunin.

*"Sa pamamagitan ng kalooban niya tayo'y ginawang banal sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Cristo minsan magpakailanman."*
*(Hebreo 10:10)*

*"Sapagkat ang gumagawang banal at ang mga ginawang banal ay pawang nagmula sa isa. Dahil dito'y hindi nahihiya si Jesus na tawagin silang mga kapatid."*
*(Hebreo 2:11)*

*"At ganyan ang mga ilan sa inyo noon. Subalit nahugasan na kayo, ginawa na kayong banal, at inaring ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, at sa Espiritu ng ating Diyos."*
*(1 Corinto 6:11)*

8. Sa pagpapapagingbanal Niya ng Kanyang mga tao, ginanap sila ng Dios, o ginawa silang kumpleto, binibigyan sila ng kakayahang tumayo sa harapan ng isang Makatuwiran at Banal na Dios.

*"Sapagkat sa pamamagitan ng isang pag-aalay ay kanyang pinasakdal magpakailan man ang mga pinababanal." (Hebreo 10:14)*

At kung sila'y inaring-ganap na magpakailanman, kung gayo'y di na sila kailanmang maparatangang nagkasala.

Para ulitin, ito'y isang *ipinataw (imputed)* na kaganapan. Pinanghawakan ng Dios si Cristo na personal, legal na maysala para sa mga kasalanan ng mga taong para sa kanila ay Siya ang naging dakilang sakripisyo. Ibinuhos ng Dios ang Kanyang poot sa Kanyang Anak, sa halip na para sa mga makasalanang karapat-dapat para dito. Pagkatapos ay pinanghawakan ng Dios ang mga tinubos na mga makasalanan bilang personal at legal na inosente! Nakikita Niya silang inaring-ganap at banal, kumpleto at ginanap, bilang resulta ng katubusang ginawa ni Cristo.

Sa pagbubuod, sinasabi sa atin ng Kasulatan na si Jesus sa krus ang:

1. Pangwakas na kapalit na sakripisyo para sa kasalanan.
2. Naghandog ng sakripisyong lubusang nagbigay ng pangpalubag-loob sa poot ng Dios.
3. Nagbayad ng halagang pangtubos upang bilihin ang maysalang mga makasalanan.
4. Pangtubos na halaga na ibinayad.
5. Gumawa ng pakikipagkasundo sa pagitan ng tao at ng Dios.
6. Nag-aring ganap sa mga maysalang makasalanan, binigyang kasiyahan ang hustisya ng Dios.
7. Pinagpagingbanal ang mga taong iyon, o inihiwalay sila bilang banal.
8. Gumanap magpakailanman sa kanila na binili Niya, in-aring-ganap at pinagpagingbanal.

At sa sariling deklarasyon ni Cristo sa krus, "Naganap na." Kanyang tunay na tinapos ang lahat ng mga ito sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na magmuli.

Habang ito'y nasa isipan natin, ating muling itanong ang katanungang:

## † PARA KANINO NAMATAY SI CRISTO?

Kung si Kristo ay namatay para sa buong sanglibutan – sa bawat taong nabuhay, na walang ibinubukod – kung gayon ginanap rin Niya ang lahat ng mga layunin ng Kanyang kamatayan para sa kada isa sa mga taong iyon. Wala kahit saanman sa

Kasulatan na mahahanap natin ang lenguwaheng nagmumungkahi na ang mga katangian ng gawaing pagtutubos ni Cristo ay inilapat sa iba't ibang mga indibidwal sa magkakaibang mga antas. Ito'y inilapat ng lahat o wala kahit anuman rito.

Hindi lang iyan, hindi rin naman minumungkahi ng Biblia na ginawa ni Cristo ang lahat ng gawaing ito at pagkatapos ay iiwanan na lang na hindi nailapat, naghihintay ng taong kukuha dito at sasamantalahin ang pagkakataon. Nuong sinabi Niyang natapos na, ito'y naganap na. Tunay na ginanap Niya ang gawaing itinakda Niyang gawin.

> *"Niluwalhati kita sa lupa, sa pagtatapos ko ng gawaing ibinigay mo sa akin. At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa iyong harapan ng kaluwalhatiang aking tinaglay sa harapan mo bago nagkaroon ng sanlibutan." (Juan 17:4-5)*

Ni hindi natin makikita ang anumang palatandaan na kailangang may idagdag pa sa ginawa ni Cristo upang ito'y maging mabisa sa buhay ng isang tao. Hindi natin idinaragdag ang ating pananampaltaya, ang ating pagpili, o ang ating desisyon upang ang pagtubos ni Cristo ay gawing aktibo. Ginawa Niya itong mag-isa. Kanyang ginanap ang Kanyang layunin at naupo sa posisyon ng kapamahalaan – sa kanang kamay ng Kanyang Ama.

Nabigyang lahat ng ito, sapilitan nating wawakasan na kung si Cristo ay namatay para sa lahat, kung gayon sigurado na ang lahat ay maliligtas. Ngunit, alam nating mula sa Kasulatan na hindi ito ang kaso. Hindi lahat ay maliligtas. Ang ilang mga tao ay mauuwing walang hanggang hiwalay mula sa Dios.

> *"At iniluwa ng dagat ang mga patay na nasa kanya, at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila, at hinatulan ang bawat tao ayon sa kanilang mga gawa. Ang kamatayan at ang Hades ay itinapon sa lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, ang lawa ng apoy;*

*at ang sinumang hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy."*
*(Pahayag 20:13-15)*

Subalit, papaanong ang mga tao na napagkasundo, natubos, inaring-ganap, pinagpaging-banal at pinerpekto ay malalagay sa dagatdagatang apoy at walang-hanggang kaparusahan ng isang makatarungan at makatuwirang Dios? Kung binayaran na ni Cristo ang halaga ng kanilang kasalanan, papaano pang hahatulan sila sa kanilang pagkakasala?

Ang sagot ay, si Cristo ay hindi nila naging kapalit. Ang kanilang mga kasalanan ay wala sa mga balikat ni Cristo nuong dalahin niya ang pasan ng maysala. At kaya malinaw nating maideklara:

*Si Cristo ay namatay bilang kapalit para sa mga hinirang lamang.*

Bilang resulta, ang mga nahirang ay ibinilang na ng Dios na nabili na, pinagkasundo, personal na inosente, banal at ganap kay Cristo. Hindi na sila maaaring hatulan sa kanilang mga kasalanan, dahil tinanggal na ito ng Dios kasing-layo ng silangan sa kanluran at hindi na ito aalalahanin pang muli. (Awit 103:12) At hindi na ibubuhos ng Dios ang Kanyang poot sa mga nahirang para sa kasalanan, sapagkat minsan na Niya itong ibinuhos sa Kanyang Anak na pumalit para sa kanila.

*"At hindi rin sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at mga toro, kundi sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo, siya ay pumasok na minsan magpakailanman sa Dakong Banal, sa gayo'y tinitiyak ang walang hanggang katubusan." (Hebreo 9:12)*

Higit pa dito, ang lohikal na pagkaka-sunod-sunod ng mga doktrinang ito ay magdadala sa atin sa konklusyon na si Cristo ay hindi namatay para sa buong sangkatauhan. Yamang winakasan na natin sa ganitong paraan, kung ang Dios ay naghirang ng ilang tiyak na mga tao bago pa man ipundasyon ang sanglibutan at pinigilan ang habag na iyon para makamit ng iba, hindi na sana Niya ipinadala ang Kanyang Anak para sadyaing patawarin silang mga nawawala, sila na siguradong nakilala na Niya nuong una pa lang.

> Upang ilarawan ang Dios na seryosong nagpapakahirap na gawin ang alam Niyang hindi Niya gagawin ay ang isalarawan Siyang gumagawa ng kamangmangan.[2]

Si Cristo, Siya mismo, ay ipinakita ang ganitong kaugnayan – na ang mga nahirang at ang mga tinubos ay magkaparehong mga tao – ng Siya'y nanalangin:

> *"At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa iyong harapan ng kaluwalhatiang aking tinaglay sa harapan mo bago nagkaroon ng sanlibutan. Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa mga taong ibinigay mo sa akin mula sa sanlibutan. Sila ay sa iyo, at sila'y ibinigay mo sa akin, at tinupad nila ang iyong salita. Ngayon ay nalalaman nila na ang lahat ng mga bagay na ibinigay mo sa akin ay mula sa iyo; sapagkat ang mga salitang ibinigay mo sa akin ay ibinigay ko sa kanila, at kanilang tinanggap, at totoong nalaman na ako ay nagmula sa iyo, at naniwala silang ikaw ang nagsugo sa akin. Idinadalangin ko sila. Hindi ang sanlibutan ang idinadalangin ko, kundi para doon sa mga ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y iyo. Ang lahat ng sa akin ay iyo, at ang sa iyo ay akin, at ako'y naluluwalhati sa kanila.." (Juan 17:5-10)*

Nang si Cristo ay naghahanda para mamatay at bumalik sa Kanyang dating kaluwalhatian, kaluwalhatiang pinagsaluhan Nila ng Dios bago pa man magsimula ang sanglibutan, nagtala Siya ng ilang mga katangian ng partikular na mga tao na sa Kanya'y ibinigay ng Dios "mula sa sanglibutan":

- Sila ay sa Dios, ibinigay kay Cristo.
- Pinanghawakan nila ang salita ng Dios.
- Alam nilang kung anumang mayroon si Cristo ay nagmula sa Dios.
- Ibinigay ni Cristo sa kanila ang mga salitang ibinigay ng Dios sa Kanya.
- Tinanggap nila ang mga salitang yaon.
- Nakilala nilang tunay na si Cristo ay nagmula sa Dios.
- Mayroon silang pananampalataya na si Cristo ay ipinadala ng Dios.
- Esklusibong ipinalangin sila ni Cristo sa Dios, sapagkat sila'y sa Dios.

Pansinin ang eksaktong mga pananalita, *"hindi ang sanlibutan ang idinadalangin ko, kundi sila..."*

- Si Cristo ay naluwalhati sa kanila.

Pagdaka'y ipinagpatuloy ni Jesus ang panalangin, nagsusumamo sa Kanyang Ama na pagpalain at protektahan ang mga partikular na taong ito. Ngayon, dapat ba nating akalain na ibubukod ni Cristo ang mga miyembro "ng sanglibutan" mula sa Kanyang panalangin at pagdaka'y ititigis ang Kanyang mahal na dugo na may intensyong tubusin at ganapin sila na hindi Niya ipinalangin? Muli, iyan ay nagsasabi na Siya ay umakto sa isang lito at mangmang na paraan. Huwag laktawan ang pagkakaiba sa ginawa ni Cristo sa pagitan nila na para sa Kanya at sa kanila na hindi Niya idinadalangin. Ang paliwanag na Siya ay namatay

esklusibong para sa Kanyang mga hinirang ay simpleng sumusunod lamang sa pagbubukod na ginawa ni Cristo.

## † ANG MGA TUPA

Upang lalong mapagtibay ang ating konklusyon na si Jesus ay namatay para iligtas ang Kanyang hinirang na mga tao, kailangan lang nating bisitahin ang wikang piniling gamitin ni Jesus kapag nagsasalita patungkol sa Kanyang natatanging relasyon sa Kanyang hinirang na mga tao. Palagiang gumamit si Cristo ng nagsasalarawang wika upang maunawaan ito ng Kanyang unang siglong mga tagapakinig. Narito na ngang mayroon silang ekonomiyang nakabatay sa agrikultura, pagkakawan at ang mga pastor ay karaniwang tanawin. Kaya sinabi ni Cristo,

> *"Ako ang mabuting pastol. Ibinibigay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa."*
> *(Juan 10:11)*
>
> *"Ako ang mabuting pastol. Kilala ko ang sariling akin, at kilala ako ng sariling akin. Gaya ng pagkakilala sa akin ng Ama, at ng pagkakilala ko sa Ama, at ibinibigay ko ang aking buhay para sa mga tupa."*
> *(Juan 10:14-15)*

Kaya ito'y mahalagang siyasating, "Si Cristo ba ay nagsasalita patungkol sa bawat indibidwal na tao na walang disriminasyon nuong binanggit Niya ang patungkol sa Kanyang mga tupa?" Ang Kanyang sariling salita ang sasagot sa katanungang iyan sa negatibo.

> *"Subalit hindi kayo naniwala, sapagkat hindi kayo kabilang sa aking mga tupa." (Juan 10:26)*
>
> *"Kapag dumating na ang Anak ng Tao na nasa kanyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, siya'y uupo sa trono ng kanyang kaluwalhatian. At titipunin sa harapan niya ang lahat ng*

*mga bansa at kanyang pagbubukud-bukurin ang mga tao na gaya ng pagbubukud-bukod ng pastol sa mga tupa at sa mga kambing, at ilalagay niya ang mga tupa sa kanyang kanan, subalit ang mga kambing ay sa kaliwa. Pagkatapos ay sasabihin niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa. Doon kayo sa apoy na walang hanggan na inihanda sa diyablo at sa kanyang mga anghel. (Mateo 25:31-33, 41)*

Tinutukoy ni Jesus ang isang esklusibong grupo ng Kanyang sinabi ang patungkol sa "Aking mga tupa". Sa katotohanan, simple lamang ang dahilan ng pagwari ni Jesus sa kawalan ng kakayahan ng mga Pariseo upang maunawaan Siya – sila ay hindi Niya tupa. Nakikita ni Jesus ang sanglibutan na nalalagay sa dalawang kampo – "tupa" at "kambing". Wala kahit saan na inihayag ni Jesus na ang Kanyang kamatayan ay sa ngalan ng mga kambing. Ang kahinatnan, ang mga kambing ay mapupunta sa paghatol at sa kaparusahan.

Ginamit muli ang kaparehong pagsasalarawan ng "tupa", si Pablo ay sumaksi na si Jesus ay namatay ekslusibo para sa Iglesia:

*"Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan. Sa kanila'y inilagay kayo ng Espiritu Santo na mga tagapangasiwa upang pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos na binili niya ng kanyang sariling dugo." (Gawa 20:28)*

Kahit sa pagsasalita patungkol sa relasyon ng kasal, inihayag ni Pablo ang partikularidad ng gawaing pagtutubos ni Cristo.

> “Mga asawang lalaki, mahalin ninyo ang inyu-inyung mga asawa, gaya ni Cristo na nagmahal sa iglesya, at ibinigay ang kanyang sarili alang-alang sa kanya.” (Efeso 5:25)

Ang anghel na nakipagusap kay Jose patungkol sa nalalapit na pagbubuntis ni Maria ay nagsabi sa kanya:

> “Siya'y manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag mo sa kanya ay Jesus, sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan.” (Mateo 1:21)

At napakalinaw na inihayag ni Jesus:

> “Walang may higit pang dakilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay dahil sa kanyang mga kaibigan. Kayo'y aking mga kaibigan kung ginagawa ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo. Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin, sapagkat hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kanyang panginoon. Ngunit tinatawag ko kayong mga kaibigan sapagkat ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay ipinaalam ko sa inyo.” (Juan 15:13-15)

Si Cristo ay nakikipagusap sa Kanyang mga piniling mga alagad. Tinukoy Niya ang Kanyang piniling mga tupa. Tinukoy Niya ang Kanyang Iglesia. Tinukoy Niya ang Kanyang mga kaibigan. At ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa kanila. Ang wika ay puno ng kaeksklusibuhan.

Ang isinumpang mga tao, na hindi sumusunod sa Kapanginoonan ni Cristo, ay malinaw na hindi Niya mga kaibigan, hindi Niya tupa, hindi Niya tao o hindi Niya Iglesia. Ang kinahinatnan, hindi inalay ni Cristo ang Kanyang buhay para sa kanila.

## † MGA LARAWAN *(TYPES)* NG LUMANG TIPAN

Ating ng naitala na pagkatapos ng pagkalaglag ni Adan isinumpa ng Dios ang ahas sa pamamagitan ng paglalagay ng alitan *(enmity)* o pakikipaglaban *(againstness),* sa pagitan ng binhi ng ahas at ng binhi ng babae. Isinalaysay ng Biblia ang mga pakikisalamuha ng Dios sa pinagpalang lipi ng binhi ng babae, hanggang sa "binhi" na si Cristo. (Galacia 3:16)

Itong lipi ng mga tao ay nabuo bilang ang 12 angkan ng Israel. Sa pakikisalamuha sa napiling nasyon na iyon, nagtatag ang Dios ng tatlong kakaibang kawanihan ng pamunuan – mga propeta, mga saserdote at mga hari. Ang bawat isa sa mga kawanihang yaon ay isang "kinatawang" opisina.

Halimbawa, nang ang Dakilang Saserdote ay pumasok sa Dakong Pinakabanal minsan sa isang taon para maghandog sa Dios, Siya ay tumayo bilang kinatawan ng partikular at hinirang na mga tao ng Dios. Sa Kanyang balikat, nagsuot Siya ng *ephod* na ito'y "upang maging mga batong pinakaalaala sa ikagagaling ng mga anak ni Israel; gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises." (Exodo 39:7) Siya'y naglagay ng *pectoral (breastplate)* na may apat na hanay ng mamahaling mga bato. At ang mga bato ay ayon sa mga pangalan ng mga anak ni Israel... na ukol sa labingdalawang lipi." (Exodo 39:14)

Ang Dakilang saserdote ay namagitan sa ngalan ng partikular na mga tao kung saan ang kanilang mga pasanin ay nasa kanyang mga balikat at kung saan ang kanilang mga pangalan ay nakaukit sa ginto at mahalaga kasunod sa kanyang puso. Hindi Siya naghandog ng alay para sa mga kasalanan ng sanglibutan. Hindi Siya ang saserdote ng mga Amalekita at ng mga Jebuseo.

Siya ang Dakilang Saserdote ng mga anak ng pangako, ang mga lahi ni Abraham.

Ang pangalawang kinatawang opisina na itinatag ng Dios ay ang mga propeta. Ang mga propeta ay mga taong nakapaghayag ng salita ng Dios sa pamamagitan ng banal na inspirasyon. Naghayag sila sa mga tao ng kung anumang sinabi ng Dios. Ngunit ang mga propeta ay ibinigay sa Israel (Hebreo 1:1), para sa kapakinabangan ng hinirang na mga tao ng Dios. Ang mga propeta ng Dios ay hindi ipinadala sa mga Moabita o sa mga Pilisteo. Habang sila'y palaging nagpropesiya laban sa mga paganong nasyon, ang mga propeta ng Dios ay pinalaking kasama ng sambahayang Israel at Judah para sa layunin na turuan at hikayatin ang mga tao ng Dios.

Isang kasong maihahalimbawa ay si Moises. Si Moises ang propeta ng Dios na kung kangino ang mga anak ng Israel ay tumanggap ng Kautusan sa Bundok Sinai. Ang kautusang iyon ay hindi ibinigay sa mga Gentil. Ipinahayag ng Dios ang Kanyang makatuwirang pamantayan sa partikular na mga tao. Ang kautusang iyon ay isang "tagapagturo" na naghatid patungo kay Cristo (Galacia 3:24). Kaya ang daan ng kaligtasan ay hindi ipinahayag sa kalakhan ng sanglibutan, ngunit para lamang sa hinirang na grupo, sa pamamagitan ng mga propeta.

Pangatlo, nagtakda ang Dios ng mga hari para mamahala sa Kanyang hinirang na mga tao. Samantalang ito'y tunay na ang bawat kapangyarihan na namamahala sa daigdig ay kumukuha ng kapamahalaan mula sa Dios, walang hari sa daigdig ang kailanmang tumaas sa karangalan ni David, na tinawag bilang tao na ayon sa sariling puso ng Dios. At ang kada hari ay namamahala sa isang partikular na kaharian. Walang hari sa kasaysayan ang kailanmang nakaganap ng unibersal na kapangyarihan. Ang mga hari ng Israel, na hinirang ng Dios at pinahiran ng langis ng mga propeta ng Dios, ay namahala sa Israel ng esklusibo.

Ngayon, walang tao ang kailanmang hinawakang lahat ang tatlo sa mga opisinang ito. Si David ay isang hari at isang propeta, ngunit hindi siya saserdote. Si Aaron ay dakilang saserdote at isang propeta, ngunit hindi siya naging hari. Nilaktawan ni

Haring Uzzia ang mga hangganang ito at sinubukang magsunog ng insenso para sa Dios, na isang gawaing-saserdote. Sinaktan siya ng Dios ng ketong hanggang sa araw na siya'y mamatay. (2 Cronica 26:16-21). Si Saulo ay isang hari na nagpropesiya, ngunit hindi siya naging saserdote. Ang lahat sa tatlong kinatawang mga opisinang ito ay mga *"tipo at anino" ("types and shadows")* na nakinita ang kanilang kaganapan kay Cristo Jesus.

Ang mga propeta ay lahat nagpropesiya sa pagdating ng Mesias:

> *"Alin sa mga propeta ang hindi inusig ng inyong mga ninuno? Kanilang pinatay ang mga nagpahayag noong una tungkol sa pagdating ng Matuwid, at ngayon kayo'y naging kanyang mga tagapagkanulo at mamamatay-tao." (Gawa 7:52)*

Ang mga Saserdote ay tumayong panandalian sa opisina ng tagapamagitan hanggang sa inalay ng tunay na Manunubos ang Kanyang sariling dugo bilang sakripisyo:

> *"Hindi upang ihandog na paulit-ulit ang kanyang sarili, gaya ng pinakapunong pari na pumapasok sa Dakong Banal taun-taon na may dalang dugo na hindi mula sa kanya, sapagkat kung gayon ay kailangan siyang paulit-ulit na maghirap mula pa nang lalangin ang sanlibutan. Subalit ngayon, minsanan siyang nahayag sa katapusan ng panahon para sa pag-aalis ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili." (Hebreo 9:25-26)*

Ang mga hari ay namahala sa Israel hanggang sa ang Anak ni David ay lumitaw sa entablado ng kasaysayan, tulad rin naman na ang mga hari ng daigdig ay mamamahala hanggang sa ang Tunay na Hari ay dumating upang manakop at angkinin ang Kanyang kaharian.

*"At mula kay Jesu-Cristo na siyang saksing tapat, ang panganay mula sa mga patay, at ang pinuno ng mga hari sa lupa. Doon sa umiibig sa atin, at sa nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo." (Pahayag 1:5)*

Si Cristo Jesus lamang ang tanging tao na kailanma'y ipinahiwatig bilang Propeta, Saserdote at Hari.

*"Ito ang Moises, na nagsabi sa mga anak ni Israel, 'Pipili para sa inyo ang Diyos ng isang propeta mula sa inyong mga kapatid, gaya ng pagpili niya sa akin." (Gawa 7:37)*

*"Noong unang panahon, ang Diyos ay nagsalita sa ating mga ninuno sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, subalit sa mga huling araw na ito ay nagsalita siya sa atin sa pamamagitan ng Anak..." (Hebreo 1:1-2)*

*"Sapagkat si Jesus din ang nagpatotoo na ang isang propeta ay walang karangalan sa kanyang sariling lupain." (Juan 4:44)*

*"Kaya't kailangang siya ay maging kagaya ng kanyang mga kapatid sa lahat ng mga bagay, upang siya ay maging isang maawain at tapat na pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang gumawa ng handog na pantubos sa mga kasalanan ng mga tao." (Hebreo 2:17)*

*“Kaya, mga banal na kapatid, mga kabahagi sa makalangit na pagkatawag, inyong isipin ang Apostol at Dakilang Saserdote na ating kinikilala, si Jesus.” (Hebreo 3:1)*

*“Na ingatan mong walang dungis at walang kapintasan ang utos hanggang sa pagpapakita ng ating Panginoong Jesu-Cristo; na kanyang ipahahayag sa takdang panahon — siya na mapalad at tanging Makapangyarihan, ang Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon.” (1 Timoteo 6:14-15)*

*“At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kanyang damit at sa kanyang hita, "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.” (Pahayag 19:16)*

Si Cristo Jesus ang panghuling propeta, naghahayag para sa Dios; Siya ang pinakadakilang Dakilang Saserdote, ibinuhos ang Kanyang sariling dugo sa “luklukan ng awa” ng Dios; at Siya ang Hari sa lahat ng mga hari.

Subalit, sa pagganap ng mga opisina at mga tungkuling ito, hindi Niya binago ang kalikasan o layunin kung saan sila ay dinisenyo upang ganapin. Siya ang Dakilang Saserdote sa mga hinirang na lahi ni Abraham sa pananampalataya; Siya ang Propeta na naghahayag ng salita ng Dios na ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanila na hiniwalay sa sanglibutan; at Siya ang Makatuwirang Hari na mag-gagantimpala sa Kanyang nananampalatayang mga lingkod at hahatol sa mga rebelde.

Sa maikling salita, Siya ang kaganapan ng mga opisinang ito para sa partikular na mga tao.

## † ANG LIMITASYONG ARMINIAN

Ang mga katunggali ng doktrinang ito ay nakikipagtalo na ito ay hindi dapat, at ipinagpapalagay, na maglagay ng limitasyon sa gawain ni Cristo. Subalit, ang katotohana'y malaman, na ang palagay ng Arminian na "Pangkalahatang Pagtutubos" *(Universal Atonement)* ay katunayang naglalagay ng mas higit na mahigpit na limitasyon sa gawaing-katubusan kumpara sa Calvinism.

Kung ang kamatayan ni Cristo ay simpleng ginawang posible lamang ang kaligtasan, at ang kada indibidwal ay mayroong katubusang makukuha sa kundisyong ito'y kukuhanin nila, kung gayon hindi ganap na niligtas ni Cristo ang kahit sino! Ang mga tagapagtaguyod ng "Pangkalahatang Pagtutubos" ay papapaniwalain tayo na ibinuhos ni Cristo ang nakapag-papaging banal na dugo ng Dios kung sakaling may sinomang magdesisyon na gamitin ito. Ngunit, ang aktuwal na pasimula ng kaligtasan ay ang kalooban ng indibidwal na nagdedesisyong paganahin ang pagtutubos sa kanyang sariling buhay.

Habang ang mga Doktrina ng Biyaya ay nililimitahan ang saklaw ng pagtutubos, nililimitahan ng doktrinang Arminian ang kapangyarihan nito. Walang alinlangan na ang halaga ng paghihirap at ng kamatayan ni Cristo ay sapat na para iligtas ang kada indibidwal na nabuhay, ngunit ito'y mabisa lamang sa mga nahirang.

Tinitingnan ng palaisip na Arminian ang pagtutubos bilang isang malaki at malawak na tulay na nagdudugtong ng bangin sa pagitan ng tao at ng Dios, ngunit ito'y nangalahati lang na dumiretso. Ang mga tao'y kinakailangang bumuo ng kalahati pa ng sa gayo'y makaabot sa makalangit na destinasyon. Subalit, inihahayag ng palaisip na Calvinist na ang pagtutubos ay isang makitid at matibay na tulay na umaabot dire-diretso patawid sa malawak na bangin sa pagitan ng kasiraan at ng kaligtasan. Ngunit hindi ito popular na nakikilala at ito'y mahirap na masumpungan.

> *"Pumasok kayo sa makipot na pintuan, sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang patungo sa kapahamakan, at marami ang pumapasok doon. Sapagkat makipot ang pintuan at masikip ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nakakatagpo niyon." (Mateo 7:13-14)*

Kaya hindi mababagong kami ay napilitang limitahan ang pagtutubos, hindi ang bisa nito – ang pananaw-Arminian o kaya sa partikularidad nito – ang pananaw-Calvinism. Subalit ipinagtatanggol ng Biblia ang ganap na kakumpletuhan at ang lubos na bisa ng kamatayan ni Cristo, habang inihahayag din nito ang partikular na aplikasyon at pagkakuha sa mga hinirang ng Dios. Sa gayon, ang limitasyong Arminian ay nagkukulang sa suporta ng Biblia.

## † IBA PANG MGA PAGTATALO

Ang pinaka-popular na paraan para makipagtalo sa katotohanan ng Limitadong Pagtutubos ay sa pamamagitan ng wala sa kontekstong *(out-of-context)* mga talata na sa unang tingin ay lumilitaw na pinabubulaanan ito. Ngunit, kapag ang karamihan sa mga "pruwebang mga talatang" *(proof text)* ito ay ibinalik sa kanilang angkop na konteksto, hindi lang sila bigo para pabulaanan ang doktrina, ang totoo'y sinusuportahan pa nila ito!

1. Marahil ang pinaka-gamit na gamit na depensa ng unibersalismo ay ang, "Hindi ibig ng Dios na ang sinoman ay mapapahamak!"

Ang katagang ito ay hinango mula sa 2 Pedro 3:9. Sa konteksto, ipinarating ni Pedro sa mga nanunuya laban sa Mabuting Balita ang katanungang, *"Nasaan ang pangako ng kanyang pagdating? Sapagkat, buhat pa nang mamatay ang ating mga ninuno, nananatili ang lahat ng mga bagay sa dati nilang kalagayan mula nang pasimula ng paglalang."* (2 Pedro 3:4) Ngunit, pinaalalahanan sila ni Pedro:

> *"Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod tungo sa atin, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi." (2 Pedro 3:9)*

Ang susing kataga dito, hinggil sa kanaisan ng Dios na sinoma'y hindi mapahamak, ay "tungo sa atin." Kanino sumusulat si Pedro? Kung maitatatag natin iyan, mapag-aalaman natin kung sino ang kanyang binabanggit kapag sinasabi niyang "tungo sa atin."

Kinikilala sila ng 1 Pedro 1:2 bilang:

> *"...pinili at itinalaga ng Diyos Ama, at ginawang banal ng Espiritu upang sumunod kay Jesu-Cristo at mawisikan ng kanyang dugo..."*

Kinikilala sila ng 2 Pedro 1:1 bilang:

> *"...sa kanila na nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo."*

Napakahalagang maintindihan natin ang pagkukumparang inilagay ni Pedro. May mga ilan na nililibak ang ideya ng pagbabalik ni Cristo. Tinatawag niya silang "mga manunuyang nagsisilakad sa kanilang masasamang mga pita." Ikinukumpara niya ang mga taong iyon, mga walang katiyagaan at walang paniniwala, sa mga tumanggap ng biyaya ng

Dios, na kung kanino ang Dios ay mapagpahinuhod. Binanggit ni Pedro ang mga mananampalataya bilang "atin".

Sa konteksto nga, hindi ninanais ng Dios na ang kahit sino sa atin ay mapahamak, kaya nga wala ngang loloobin sa atin. Ninanais din Niya na tayong lahat ay magsisi, at lahat nga tayo'y loloobin. Pinipigilan Niya ang Kanyang maluwalhating pagpapakita at ang poot ng Kanyang kahatulan hanggang sa ang lahat ng mga hinirang ay dalahing tungo sa pagsisisi sa kanilang takdang panahon.

Gayon din naman, ang konteksto ng kabanatang ito ng sulat ni Pedro ay walang kinalaman sa eternal na kaligtasan. Si Pedro ay nagsasalita ng eskatolohikal na katapusan ng sanglibutan dito. Upang maitatag ang theolohiya patungkol sa pananaw ng Dios sa kaligtasan, kailangan nating sumangguni sa mga talatang kinatatahanan ng paksang iyon. Itong isang ito ay hindi.

O, para kuhanin ang kasalungat na argumento, kung gayon ngang – tulad ng sa mga nagkamaling magpaliwanag ng talata na nagnanais na tayo ay mapaniwala –kalooban ng Dios na iligtas ang lahat, kung gayon ang kanyang intensyon ay nahadlangan ng sa wari'y mas mataas na kalooban ng indibidwal na tao na napunta sa Impiyerno bagaman ang katotohana'y ibinuhos ni Cristo ang Kanyang dugo at pumaroon sa tabi ng Kanyang Ama, tiwalang nasiguro na Niya ang kanilang kaligtasan. Ang hindi kanaisan ng Dios na sila'y mamatay ay walang anumang halaga sa kanila. Namatay pa rin sila gayunmang nandiyan Siya. Ang ganyang theolohiya ay nagtataguyod ng isang walang kapangyarihang, miserableng Dios na palaging nakikita ang Kanyang inibig na mga tao na mamatay, ngunit walang kakayanang gawin ang kahit anumang patungkol dito. At iyan ay hindi ang Dios ng Biblia.

Para sa isang mas malalim na pag-aaral ng 2 Peter 3:9, maaari lamang na bumisita sa Q&A seksyon ng aming website *(http://www.salvationbygrace.org)*.

2. Juan 3:16

> *"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*

Ito ay isang paboritong talata ng mga Arminian theologians na sumusuporta sa "universality" ng misyon ni Cristo. Ang susi sa kanilang argumento ay ang terminong "sanglibutan", na ipinalalagay nilang nangangahulugang ang katubusang pagibig ng Dios ay lumalawig tungo sa lahat ng taong nabuhay, walang pagbubukod. Anopa't ang gawain ng krus ay mailalapat ng patas sa sinomang naninirahan sa daigdig, na nagbibigay ng oportunidad na maniwala at manahin ang gantimpala na buhay na walang hanggan. Pero, iyan bang talaga ang sinasabi ng talatang ito?

Ang Griegong salita na naisaling *sanglibutan* ay *kosmos* kung saan kinuha natin ang *cosmopolitan* o makamundo. Ito minsa'y napakahulugang *ang katuusang pangkalahatan ng lahat ng bagay sa planeta o sa sansinukob*. Subalit karaniwan itong itinatalang *ang mga tao sa bawat angkan, at wika, at bayan, at bansa* na labas sa Israel. Dapat nating kayaning pag-ibahin ang dalawang mga kagamitan ng *kosmos* o mauuwi tayong may kalituhan.

Ang naunang mga nagbalik-loob sa Christianity ay mga Hudyo. Tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na pumunta muna sa *"mga nawawalang tupa sa bahay ni Israel."* (Mateo 10:6). Kaya nga, ito'y laban sa natural nilang pang-unawa para tanggaping ang Christianity ay kakalat sa mundo ng mga Hentil. Si Juan, sa pagsagot, ay naitala ang deklarasyon ni Cristo na inibig ng Dios ang mga indibidwal sa bawat lahi at ibinigay ang Kanyang anak para sa kanila. Kaya nga inibig ng Dios ang "sanglibutan".

O para tingnan ito sa ibang paraan, kung tatanggapin natin ang Arminian na interpretasyon ng salitang “sanglibutan” ayon sa pakahulugang *lahat ng nangabuhay*, sa gayon mayroon tayong matinding kasalungatan ayon din mismo kay Apostol Juan kapag siya’y sumusulat:

> *“Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan.” (1 Juan 2:15)*

Ibig ipakahulugan ba ni Juan sa atin na ang Dios ay nag-utos sa Kanyang mga anak na huwag ibigin ang kaparehong sanglibutan na Siya mismo ang umibig at ibinigay ang Kanyang Anak para dito? Hindi, ang tanging paraan para pagtugmain ang mga talatang ito ay kilalanin ang tiyak na aplikasyon ng salitang *kosmos*. Minahal nga ng Dios ang mga tao sa ibang bahagi ng sanglibutan, hindi lamang mga Israelita. Ngunit, hindi natin para ibigin ang bawat bahagi at tapyas ng sanglibutan, o ang mga tukso nito, o ang lahat ng indibidwal na nandito.

Ating tingnan ito sa isa pang paraan –

Si Esau ba ay nasa sanglibutan? *Oo*.

Minahal ba siya ng Dios? *Hindi, kinapootan siya ng Dios.*

> *“Inibig ko kayo," sabi ng PANGINOON. Gayunma'y inyong sinasabi, "Paano mo kami inibig?" "Hindi ba si Esau ay kapatid ni Jacob?" sabi ng PANGINOON. "Gayunma'y inibig ko si Jacob. Ngunit si Esau ay aking kinamuhian, at ginawa ko ang kanyang mga bundok na isang kasiraan at ibinigay ko ang kanyang mana sa mga asong palaboy sa ilang.” (Malakias 1:2-3)*

*“Gaya ng nasusulat, "Si Jacob ay aking minahal, ngunit si Esau ay aking kinasuklaman.” (Roma 9:13)*

*O, papaano naman ang mga Pariseo? Sila ba’y nasa sanglibutan? Oo.*
*Inibig ba sila ni Cristo at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanila? Hindi...*

*“Kayong mga ahas, kayong lahi ng mga ulupong, paano kayo makakatakas sa kahatulan sa impierno?” (Mateo 23:33)*

*“Kayo'y mula sa inyong amang diyablo, at ang nais ninyong gawin ay ang kagustuhan ng inyong ama. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa sa Simula, at hindi naninindigan sa katotohanan, sapagkat walang katotohanan sa kanya. Kapag siya ay nagsasalita ng kasinungalingan, siya ay nagsasalita ayon sa kanyang sariling likas, sapagkat siya'y isang sinungaling, at ama ng kasinungalingan. Ngunit dahil sa sinasabi ko ang katotohanan ay hindi kayo nananampalataya sa akin. Sino sa inyo ang makakasumbat sa akin tungkol sa kasalanan? Kung sinasabi ko ang katotohanan, bakit hindi kayo sumasampalataya sa akin? Ang mula sa Diyos ay nakikinig ng mga salita ng Diyos. Ang dahilan kung bakit hindi ninyo pinakikinggan ang mga ito ay sapagkat kayo'y hindi mula sa Diyos.”*
*(Juan 8:44-47)*

Nakasisigurong ang mga eskriba at Pariseong ito ay nasa kalahatang-inklusibong “sanglibutan” ng Arminian. Ngunit tayo nga ba’y maniniwalang ang mga anak ng dimonyo ay inibig ng Dios, na sila’y hindi makatatakas sa apoy ng Impiyerno, inibig ng lubos na ipinadala Niya ang Kanyang Anak para sa kanila, kahit buong pagkakaalam na sila’y mamamatay? Hindi, kung mananatili tayong matatag sa Kasulatan.

At para siguraduhin ang punto, kung sobrang inibig ng Dios ang sanglibutan, bakit tumanggi si Cristo na ipanalangin sila?

> *"Idinadalangin ko sila. Hindi ang sanlibutan ang idinadalangin ko, kundi para doon sa mga ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y iyo." (Juan 17:9)*

Para sa isang mas malalim na pag-aaral ng Juan 3:16, maaari lamang na bumisita sa Q&A seksyon ng aming website *(http://www.salvationbygrace.org)*.

3. 1 Timoteo 2:3-6:

   *"Ito'y mabuti at kaaya-aya sa paningin ng Diyos na ating Tagapagligtas; na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala ng katotohanan. Sapagkat may isang Diyos at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus, na ibinigay ang kanyang sarili na pantubos sa lahat; na siyang patotoo sa tamang panahon."*

Ginamit ng mga Arminian theologians ang talatang ito sa dalawang kadahilanan. Ang una'y ang katagang "*na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas*". At ang pangalawa'y "*na ibinigay ang kanyang sarili na pantubos sa lahat*." Ngunit parehong mauunawaan ang mga talatang ito kapag sila'y tiningnan sa liwanag ng mas malawak na konteksto.

Ang siping ito ay mula kay Apostol Pablo. Ang ministeryo ni Apostol Pablo ay nakasentrong karaniwan sa mga Hentil. Sa katunayan, ang pinaka-kasunod na talata sa kanyang sulat kay Timoteo ay itinuro ang ganito:

> *"Para dito'y itinalaga ako na isang mangangaral at apostol (sinasabi ko ang katotohanan, hindi ako nagsisinungaling), guro sa mga Hentil sa pananampalataya at katotohanan." (1 Timoteo 2:7)*

Ipinagtanggol ni Pablo ang kanyang pagiging apostol. Iginiit niyang siya ay nagsasalita ng "katotohanang na kay Cristo." Ang kanyang buong ministeryo ay puno ng mga Hudyong mananampalataya na tumangging tanggapin na ang Mabuting Balita ay kumalat sa mundo ng mga Hentil. Kahit na si Pedro ay nahirapan sa ganoong ideya (Acts 10). Ngunit idineklara ni Pablo na ang kanyang ministeryo, pangangaral at pagtuturo, ay specific para sa mga Hentil. Bakit? Dahil hindi ginawa ni Jesus ang Kanyang sarili na pawang pangtubos lamang ng mga Hudyo, ngunit isang "pangtubos sa marami." At hindi binalak ng Dios na iligtas lamang ang mga Hudyo, ngunit "ang lahat ng mga tao". Hindi ang lahat ng taong nabuhay, pero lahat ng uri ng mga tao. Ang Griegong salita na *pas*, na isinaling *lahat* palagi ay may saktong kahulugan, *lahat ng klase o lahat ng uri.*

Ngayon, sa liwanag ng mga talatang ating nakita na nagpapatunay na ang Dios ay walang hanggang magpaparusa ng ilang mga tao, imposibleng maintindihan ang sitas na ito mula sa 1 Timoteo 2 na nagsasabi na ang Dios ay positibong nagpasya na tubusin at iligtas ang kada isa at lahat ng indibidwal na kailanma'y nabuhay. Ngunit kung titingnan natin ang sinulat ni Pablo sa liwanag ng tanaw ng Ika-unang Siglong iglesiang Hudyo, mas madaling makita kung ano ang kanyang pinatutunguhan.

Para sa isang mas malalim na pag-aaral ng 1 Timoteo 2:4, maaari lamang na bumisita sa Q&A seksyon ng aming website *(http://www.salvationbygrace.org)*.

4. "Ang may ibig..." *("Whosoever will...")*

Mahahanap natin sa Kasulatan na ang Mabuting Balita'y libreng hinandog sa bawat tagapakinig na maaaring magbigay ng atensyon. *"Ang may mga pakinig upang ipakinig, ay makinig."*

(Mateo 11:15) At ang katagang “ang may ibig” ay nagdadala ng malakas na implikasyon na ang kakayanang gumawa ng desisyon ng kahit sinong indibidwal ay ang isyung magpapasya sa bisa ng Kasulatan. Ang mga Arminian theologians ay tumuturo sa dalawang partikular na mga talata ng Bagong Tipan –

> *“Tinawag niya ang maraming tao pati ang kanyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, "Kung ang sinuman ay nagnanais sumunod sa akin, siya ay tumanggi sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin.” (Marcos 8:34)*

> *“At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika. At ang nakikinig ay magsabi, Halika. At ang nauuhaw, ay pumarito: ang may ibig ay kumuhang walang bayad ng tubig ng buhay.”*
> *(Pahayag 22:17)*

Hayaang sabihin ko sa pasimula na ang mga palaisip na Calvinists ay hindi sa anumang paraan pinipigilan ang malayang takbo ng mensahe ng Mabuting Balita. Buong puso kaming sumasang-ayon na kung sinoman ang magtitilapon ng kanyang sarili kay Cristo at buong pananampalatayang aasa sa natapos na gawain ng pagtutubos ay maliligtas. Subalit, ito rin nama’y malinaw na hindi lahat ng tao ay loloobing kamitin para sa kanyang sarili ang libreng handog na ito. Kaya, habang “ang sinomang may ibig” ay maaaring makisalo sa biyaya ng Dios, hindi ito gugustuhin ng bawat tao. Tanging ang mga hinirang lamang.

Pero, ang kaunting pag-intindi sa teksto ay makatutulong dito. Walang salitang kapareho ang wikang Ingles na *whosoever*

*(ang sinomang)* sa salitang Griego. Kapag binasa natin ang salitang *whosoever* sa Biblia, ito ay ang pagkasalin ng dalawang salitang Griego na *pas ho*. Ang literal na pagsasalin ng dalawang salitang iyan ay *all the (lahat ng)*. Tinutukoy nito ang isang specific na grupo ng mga tao, tulad ng "lahat ng sumasampalataya." Kaya nga, ang konotasyong ipinakita ng kasalukuyang terminong Ingles na ang Dios ay iniwang malawakang bukas ang pintuan ng kaligtasan para sa lahat ng magnanais na paganahin ang kanilang kalooban ay simpleng hindi umiral sa orihinal na wikang Griego.

Pero muli, ang pagkaunawang ito ay hindi sa anumang paraan pinipigilan ang pagsisikap ng Calvinist na ipangaral ang mabuting balita ng biyaya sa kung sinoman at sa bawat isa. Minsang narinig ko ang isang mangangaral na nagsabing mas magiging madali kung sana'y sinelyuhan ng Dios ang mga nahirang ng isang makulay na tanda o ginawa ang kanilang buhok na magtalarak paitaas o kaya nama'y nilagayan ng kahit anumang tanda para mapagkilanlan na ang kanilang pagkahirang ay maliwanag. Ngunit ang mga tupa'y napakalat kahalubilo ang mga kambing. Kung gayon, ito ay trabaho ng mga pastor ng Dios na ipangaral ang Mabuting Balita ng malaya at pinakadakilang biyaya sa bawat isang nagna-nais makinig. Silang may mga tengang bigay ng Dios ay makikinig at tatalima, gagawing maliwanag ang kanilang pagkahirang.

Ang tunog ng Mabuting Balita ay pumailanglang sa buong sanglibutan, ngunit ang mga hinirang lamang ang loloobing tunay na makakaintindi nito. Tayo ngang lahat ay nagkaroon na ng karanasan na makapakinig ng isang kahanga-hangang sermon at ang ating mga puso'y nahalukay habang ang ibang tao, napakinggan ang kaparehong mga salita, ay lumitaw na hindi man lang naapektuhan. Ano ang pagkakaiba sa pagitan natin? Tayo ba ay simpleng mas matatalino, mas espiritual, o mas nagnanais kumpara sa kanila? Hindi, ang humihirang na biyaya ng Dios ay binuhay ang Salita sa ating mga puso. Tayo'y naligtas sa pamamagitan ng Kanyang mapagbiyayang handog; tayo'y mga hindi karapat-dapat na tagatanggap lamang.

*“Sapagkat sino ang nakakakita ng kaibahan mo? At ano ang nasa iyo na hindi mo tinanggap? At kung tinanggap mo, bakit mo ipinagmamalaki na parang hindi mo tinanggap?” (1 Corinto 4:7)*

Gayon din sa talata mula sa Pahayag 22 (isang gamit na gamit na talata kapag nag-aanyaya sa “altar calls”, isang konseptong ganap na labas sa Kasulatan), marapat ding tingnan ang pangkalahatang konteksto.

Ang talatang ito ay lumitaw sa katapusan ng aklat – ang huling mga pangyayari ng panahong ito at ang pagsikat ng makabagong panahon. Ang mga kaaway ay nasupil na. Ang dakilang paghatol ay naganap na. Ang dimonyo, ang kanyang mga anghel, at ang mga hindi sumampalataya ay itinapon na sa Dagatdagatang Apoy. Ang “Bagong Jerusalem” ay bumaba na mula sa Langit. Hindi na magkakaroon pa ng sumpa (Pahayag 22:3) at wala ng gabi o kadiliman sapagkat ang Dios ang liwanag at ang mga banal ay nagsimula ng “maghari magpakailan-kailanman.” (Pahayag 22:5)

Kaya nga, kapag ang Espiritu at ang Kasintahang babae ay nagsabing “halika” at inihandog nila ang tubig ng buhay, kanino nila inihahandog ito? Sa buong sanglibutan? Sa mga hindi sumasampalataya? Hindi, ang handog ay para sa kanila na naligtas na at pinanghahawakan na ang walang hanggang kaluwalhatian. Sila, at tanging sila lamang, ang sinabihan na “kung sinomang may ibig” ay maaaring kumuha sa tubig at punongkahoy ng buhay.

Marapat na gawing malinaw ng apat na halimbawang ito kung papaanong ang mga mangangaral na Arminians, upang suportahan ang kanilang wala sa Biblia na mga konklusyon, ay nagmamanipula ng out-of-context (wala sa konteksto) na mga

talata. Nagsimula sila sa isang konklusyon at naghanap ng mga talata para suportahan kung anumang gustuhin nilang maging totoo. Ngunit ang Biblia ay hindi nagpapasailalim sa sumpong ng tagapagpaliwanag. Ang katotohanan ay mabubunyag lamang kapag tayo'y mapagkumbabang nanikluhod harapan sa naihayag na Salita at pahintulutan itong salitain kung anuman ang katunayang inihahayag nito.

Sa wakas, kung ang ating theolohiya ay may pakikipaglaban sa malinaw na deklarasyong nagmula sa Kasulatan, ang isa sa atin ay mali. At ang isa sa atin ay marapat na baguhin. Dapat nating hulmahin at pagbaguhin ang ating theolohiya hanggang sa ang bawat salita ng Banal na Kasulatan ay nalulukIok ng maginhawa sa loob ng balangkas. Ang Salita ng isang Dios na hindi nababago ay hindi marahil magbabago para sa ating mga kapakanan – kaya marapat na tayo.

## † PANGWAKAS

Tayo ay lohikal at Biblikal na kinorner sa isang sulok. Tanging isa lamang sa sumusunod na dalawang pahayag ang maaaring totoo, dahil sila'y esklusibo lamang sa kanilang mga sarili:

Binayarang kumpleto ni Cristo ang kautangan ng kasalanan at tunay na tinubos, inaring-ganap at pinerpekto ang mga taong kung kanino Siya namatay.

o

Tinanggal ni Cristo ang pasanin ng kasalanan, ginawang posible ang kaligtasan, ngunit hindi Niya tunay na naganap ang kaligtasan ng sinoman. Kinakailangang paganahin ng indibidwal na lalaki at babae ang pagtutubos na ito sa pamamagitan ng paniniwala, pagpili o sa pamamagitan ng mga gawa ng kalooban.

Kung tama ang naunang pahayag, kung gayo'y si Cristo ay hindi maaaring namatay para sa bawat-isang tao na walang pagbubukod. Siya nga'y namatay para sa partikular na mga nahirang.

Kung tama ang pangalawang pahayag, kung gayo'y ang kakayahang magpasya ng indibidwal na tao ang *deciding factor* na nagpapatatag o nagpapagana ng gawaing-pagtutubos ni Cristo.

Idinedeklara ng Biblia na ang unang pahayag ay tama. Ito ay ginawang payak hindi lamang ng mga detalye, ngunit ito rin ay alinsunod sa pinakadakilang mga konsepto ng Kristianismo. Halimbawa, alam nating ang lahat ng mga bagay ay gumagawa tungo sa kaluwalhatian at kapurihan ng Dios. At, ninais ng Dios na ang lahat ng mga bagay ay hahantong sa ikatataas ng Kanyang Anak.

> *"Na sa kanya ay mayroon tayong katubusan, na siyang kapatawaran ng mga kasalanan. Siya ang larawan ng Diyos na hindi nakikita, ang panganay sa lahat ng mga nilalang; sapagkat sa pamamagitan niya nilalang ang lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga bagay na hindi nakikita, maging mga trono o mga pagkapanginoon, maging mga pinuno o mga may kapangyarihan — lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya mismo ay una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nahahawakang sama-sama sa kanya. Siya ang ulo ng katawan, ang iglesya; siya ang pasimula, ang panganay mula sa mga patay, upang siya ay maging pangunahin sa lahat ng mga bagay. Sapagkat minagaling na ang buong kapuspusan ay manirahan sa kanya, at sa pamamagitan niya ay pagkasunduin ng Diyos sa kanyang sarili ang lahat ng mga bagay, sa lupa man o sa langit, na ginagawa ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng kanyang krus." (Colosas 1:14-20)*

Nakatitiyak na ang kamatayan ng sariling anak ng Dios , na Siyang nagbayad ng halagang pangtubos, ang bumili sa atin palabas mula sa aliping-pamilihan ng kasalanan, tayo'y inaring-ganap sa harapan ng makatuwirang pamantayan ng Dios, at pinerpekto magpakailanman sila na kung para kanino Siya ay napaslang, ay hindi dapat ipaliwanag sa paraang kung saan maluluwalhati ang mga matitigas ang ulo, mapagrebelde, sumusuklam sa Dios, at espiritual na patay na mga makasalanan. Ang lahat ng mga bagay ay nilikha para sa layunin na luwalhatiin ang Anak at walang pahiwatig saan man sa Kasulatan na sinasadya Niyang ibahagi ang ganap na kadakilaan sa kahit na sino.

Ngayon, matapos nating wakasan na ang Partikular na Pagtutubos ay ang tamang pagkakaintindi sa *Scriptural Soteriology* (ang pag-aaral patungkol sa Kaligtasan), ang susunod na lohikal na katanungan ay, "Maaari bang labanan ng isang tao ang kaligtasang ito kung gugustuhin niya?"

Iyan ang sentrong katanungan na ating bubulayin sa Doktrina ng *Hindi Malabanang Biyaya.*

IKAAPAT NA KABANATA

# HINDI MALABANANG BIYAYA

Bago pa man itinatag ang sanglibutan, naghirang ang Dios ng mga indibidwal na Kanyang ililigtas mula sa karamihan ng nasirang sangkatauhan. Pinagtiisan ni Cristo ang poot ng Dios at ibinuhos ang dugo ng Kanyang buhay upang tubusin at bilihin silang hinirang na mga indibidwal, binigyang kaluguran ang katarungan ng Dios sa ngalan nila. Gayunpaman, walang maruming bagay ang kailanmang tatayo sa harapan ng dalisay at banal na presensya ng Dios. Kaya, bago makita ng mga tinubos na mga makasalanang ito ang Kaluwalhatian ng Langit, kinakailangan nilang pagdaanan ang isang mahalagang pagbabago ng karakter at ng kalikasan. Ngunit ang ganitong pagbabago ay nangangailangan ng isang ganap na himala.

Ang pagbabagong-buhay ng makasalanang mga tao – nililikha silang panibago, binibigyan sila ng bagong puso, binabago ang kanilang mga kalooban at mga pagnanasa at dinadala sila sa pagbabalik-loob – ay nasa puso ng doktrinang ito. Ang katanungang kung ang tao ba ay may kakayahang hindian ang mapagbiyayang paglilikhang-muling ito ay ang paksa ng pagtatalo.

Mas nais gamiting ng ibang theologians ang terminong *Hindi Matalong Biyaya*, dahil sa ipinalalagay nito ang kapangyarihan ng biyaya para sumakop at hindi masakop. Ang terminong *Hindi Malabanang Biyaya* ay naglalahad ng hindi kinitang kabutihan ng Dios kung saan ang tao'y walang kakayanang lumaban. Gayunman ang kapwang termino ay naghahatid ng parehong mahalagang konsepto – ang Dios ay makapangyarihan-sa-lahat, ang tao'y lubos na walang kapangyarihan.

Tulad ng nakita natin sa unang kabanata, ang tao ay makasalanan. Minana natin ang ating makasalanang estado mula sa ating ninuno, si Adan. Si Adan ay sa simula'y nilikha ayon sa larawan at wangis ng Dios. Ang kanyang pisikal na buhay ay patuloy, walang kasakitan o pagkabulok. Ang kanyang buhay-espritual ay ang personal na komunyon sa Dios. Gayonman, pagkatapos niyang magrebelde at malaglag sa kasalanan, ang kanyang buhay-espiritual ay biglaang nabaligtad at pinasyahan ng Dios na siya ay patay sa espiritu. Siya ay nahiwalay mula sa Dios, nahiya at natakot. Samantala, ang kanyang pisikal na katawan ay nagsimulang mabulok sa kasalanan hanggang sa kanyang wakas na pisikal na kamatayan.

Ang katampalasanan ni Adan ay ipinasang pababa sa buong angkan ng sangkatauhan, sa lahat ng mga henerasyon, sa pamamagitan ng salingdugo ng mga ninuno. Nailathala ng modernong medisina na ang ama ang nagpapasya ng *blood type* ng isang bagong panganak na sanggol. Gayonman, bitbit kasama ng *bloodtype* na iyon ang katampalasanan ng mga ninuno na ipinasang pababa sa mga kaanakan. Ngunit ng inihayag ng anghel ng Panginoon kay Maria na siya ay mabubuntis, sinabi niyang ang kanyang pagkabirhen ang humadlang sa gayong pangyayari.

> *"Sinabi ni Maria sa anghel, "Paanong mangyayari ito, samantalang ako'y wala pang nakikilalang lalaki. At sumagot ang anghel sa kanya, "Bababa sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya't ang batang banal ay tatawaging Anak ng Diyos." (Lucas 1:34-35)*

Hindi napasali si Jesus sa makasalanang salingdugo ng sangkatauhan. Ang Kanyang Ama ang nagpasya ng Kanyang *blood type*. Ito ang dalisay at mahalagang dugo ng Dios, walang bahid at banal. Nang ibinuhos ni Cristo ang mahalagang dugong iyon, ito'y sapat na halaga, katanggap-tanggap sa Dios, upang patawarin ang mga pagsalangsang ng nahirang na mga banal para sila'y mapalaya mula sa pagkaka-utang ng kasalanan na humingi

ng habang-buhay na kasumpaan, ginagawa silang mga tagapagmana ng Makalangit na pangako kasama ni Cristo. (Roma 8:17)

Gayonpaman, bagamang si Cristo ay nagtiis ng mga kapinsalaan at nilampaso ang kasalanan para sa Kanyang mga tao, tayo'y makalupang-nabubuhay pa rin, ipinanganak sa katawang-lupa, kinakain ng ating makasalanang mga kalikasan. Kaya kinakailangan ngang ang ating pangloob na kalikasan ay mapanibago bago tayo pumasok sa Kaharian ng Langit.

Ngunit tayong mga tao ay may malubhang problema. Itinuro ni Cristo na imposible para sa masamang mga puno na magbunga ng mabuti (Mateo 7:16-20). Ang masamang puno ay kailangang gawing mabuti nang sa gayo'y magbunga ito ng mabuti. At iyan, para ipagdiinan ang punto, ay nangangailangan ng isang himala. Pinanghahawakan ng Doktrina ng Hindi Mapaglabanang Biyaya ang himalang iyon – ang pagbabagong-pangloob na pinanday sa pamamagitan ng mapagbiyayang kapangyarihan ng Dios sa Kanyang mga tao. Ito ay hindi isang pagbabago na pinagdaraanan ng buong sanglibutan. Bagkus, ang kaparehong ordinasyon ng paghihirang na nagsulat sa ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, ang siya ring naggarantiya na ating matatanggap ang Banal na Espiritu at sisimulan ang paglalakbay patungo sa ating Lumikha.

## † ANG TRINITY

Ang kaligtasan ng mga tao ay isang gawain na pinangyayari ng lahat ng tatlong miyembro ng Banal na Trinity.

- Naghirang ang Ama ng ilang mga tao bago pa man magsimula ang sanglibutan.
- Binili ng Anak ang kanilang katubusan at binigyang kasiyahan ang kaparusahang hinihingi sa kanila.

- Hinihila ng Banal na Espiritu ang mga taong ito patungo sa Dios, binababago ang kanilang mga puso at kaisipan, ginagawa silang payag na ipagpalit ang "pasan na pagkaalipin" na nangunguna patungo sa tiyak na pagkawasak para sa "kapayapaang na kay Cristo", na nangunguna patungo sa buhay na walang hanggan.

Ngayon, habang ito'y lubos na totoo at kinailangan na sa Kanyang gawaing pagtutubos si Cristo'y nagpatawad, nagtubos, at inaring-ganap ang mga makasalanan, iyan ay hindi ang kabuuang suma ng gawain. Kanya ring siniguro ang kanilang pamana at nilikha ang daanan para pumuwesto ang Banal na Espiritu at manirahan sa kanilang mga buhay.

> *"Gayunma'y sinasabi ko sa inyo ang katotohanan. Makakabuti sa inyo na ako'y umalis, sapagkat kung hindi ako aalis, ang Mang-aaliw ay hindi darating sa inyo. Ngunit kung ako'y umalis, siya'y susuguin ko sa inyo." (Juan 16:7)*

> *"At hihingin ko sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng isa pang Mang-aaliw, upang makasama ninyo siya magpakailanman, Ito ang Espiritu ng katotohanan na hindi kayang tanggapin ng sanlibutan; sapagkat siya'y hindi nito nakikita o nakikilala man. Siya'y nakikilala ninyo, sapagkat siya'y nananatiling kasama ninyo at siya ay mapapasa inyo. Hindi ko kayo iiwang nag-iisa, ako'y darating sa inyo." (Juan 14:16-18)*

Naghayag si Jesus ng ilang kapansin-pansing mga bagay dito. Pansining una kung papaano niya isinalarawan ang pagkakaisa sa layunin na nakapaloob sa tatlong persona ng Dios.

- Nanalangin si Cristo sa Ama na ipadala ang Banal na Espiritu.
- Ang karakter ng espiritung iyon ay kapareho sa sariling karakter ni Cristo – "ibang" mang-aaliw.
- Na ang mang-aaliw ay mananatiling kasama nila magpakailanman. Ngunit ang sanglibutan – na hindi

hinirang ng Dios at kung kanino hindi namatay si Cristo – ay hindi makatatanggap ng Espiritu ng Katotohanan.

- Ngunit, nakikilala "ninyo" Siya. Bakit? Sapagkat ang Banal na Espiritu ay maninirahang kasama ang mga tinubos at mapapasaloob nila, bilang isang permanenteng nananahan.
- Pagkatapos ay inulit ni Cristo, *"Hindi ko kayong iiwan magisa,"* ngunit *"Ako'y paparito sa inyo."* Ang Banal na Espiritu at si Cristo ay iisa katumbas na ang Ama at ang Anak ay iisa. Gayunman, ang bawat isa ay isang indibidwal na may partikular na tungkulin at kalikasan.

Kinakailangan ding ituro na malinaw na kinukunsidera ni Cristo ang sarili Niya bilang ang tagapagdesisyon sa kung sino ang tatanggap o sa kung sino ang hindi tatanggap ng Banal na Espiritu. Tulad ng pagkatanto Niya na hindi ito matatanggap ng sanglibutan, akma din namang desisyunan Niya kung sino ang tatanggap nito. Tulad na lang na hindi tayo makatatanggap ng isang regalo sa kaarawan na hindi naman ibinigay sa atin, hindi natin matatanggap ang mapagbiyayang handog ng Banal na Espiritu kung hindi ito tiyak na ibibigay sa atin. (1 Corinto 4:7)

Ang salitang isinalin na *Mang-aaliw* ay ang Griegong termino na *parakletos*, na isinalin sa wikang Ingles bilang *paraclete,* o *helper*. Ang Griegong salita ay pangunahing isang pangturing *(adjective)* na nagmumungkahi ng kakayahan sa pagbibigay ng tulong. Ito'y ginamit sa hukuman ng hustisya upang kilalanin ang isang legal na katulong, isang tagapamagitan, o tagapayo para sa depensa. Kaya ang Banal na Espiritu, ibinigay sa mga hinirang na mga makasalanan, ay dumadaing para sa kanilang kaso sa korte ng Langit at lumalakad katabi, upang aliwin sila, sa kanilang makalupang paglalakbay.

Itong pananahan ng ikatlong persona ng Dios ay ang pasimula ng mahimalang proseso ng pagbabago. Ang mismong kapangyarihan ng Dios na bumuhay na magmuli kay Cristo mula sa kamatayan ay tumatahan sa kalooban ng mga dating patay na mga makasalanan. At, tulad ng pagkabuhay Niyang magmuli sa bagong buhay, ang tinahanang makasalanan ay binuhay na magmuli mula sa kamatayang espiritual tungo sa buhay na walang hanggan. Ito ang nagdadala ng kakumpletuhan sa ating natural at espirtual na ebolusyon.

Si Adan ay ipinanganak na buhay ayon sa espiritu at naging biglaang patay sa oras ng kanyang paghihimagsik. Sa kaparehong kabaligtarang kaparaanan, ang hinirang na mga makasalanan ay ipinanganak na patay ayon sa espiritu at sa oras ng paglagak ng Banal na Espiritu sila'y biglaang naging buhay ayon sa espiritu.

Gayundin naman, si Adan ay nilikhang perpekto sa pisikal, ngunit ang kanyang kasalanan ang nagsimula ng kanyang pisikal na pagkabulok at kawakasang kamatayan. Sa kaparehong kabaligtarang kaparaanan, ang hinirang na mga makasalanan ay ipinanganak sa nabubulok na mga katawan. Mula sa oras ng ating pagkapanganak ay nagsisimula tayong mamatay. Sa takbo ng ating buong buhay, sinasalot tayo ng mga sakit at karamdaman hanggang sa ating pangwakas na kamatayan. Ngunit ang parehong bumubuhay na Espiritu ng Dios na nagbangon sa atin mula sa ating espiritual na kamatayan ang Siya rin namang magbabangon sa ating mortal na mga katawan, binubuhay tayo sa pisikal na kaganapan. Ang mga tinubos ay binigyan ng bagong mga katawan at ng eternal na espiritual/pisikal na buhay. Karagdagan, upang kumpletuhin ang proseso, ang mga tinubos ay magkakaroon ng karapatan sa "Punongkahoy ng Buhay" gaya ng dati na orihinal itong nagagamit ni Adan. (Pahayag 2:7, 22:2-14)

## † MABISANG PAGKAKATAWAG

Gumagawa bilang ahente ng Dios sa ating mga buhay, ang Banal na Espiritu ay sumesenyas sa atin na makipagkasundo sa ating Panginoon. Ngunit ito'y hindi ang desperadong sigaw ng isang pulubi. Ito ang mabisang pagtawag ng kapamahalaan, batay sa

isang eternal na plano, ginawang tiyak sa pamamagitan ng mag-pakailanmang pagibig. At kapag ang Dios ang tumawag, napaka-tiyak at buong kaloobang ang Kanyang mga tao ay tutugon, hinila ng Kanyang walang katapusang kapangyarihan at hindi mababagong pasya.

> "...Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig, kaya't ipinagpatuloy ko ang aking kagandahang-loob sa iyo." (Jeremias 31:3)
>
> "Walang taong makakalapit sa akin malibang ilapit siya ng Ama na nagsugo sa akin; at siya'y muli kong bubuhayin sa huling araw." (Juan 6:44)
>
> "Pinagbubuksan siya ng bantay sa pinto; at pinapa-kinggan ng mga tupa ang kanyang tinig. Tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa pangalan, at sila'y in-ihahatid papalabas. Kapag nailabas na niya ang lahat ng kanya, ay nangunguna siya sa kanila at sumusu-nod sa kanya ang mga tupa, sapagkat kilala nila ang kanyang tinig." (Juan 10:3-4)

Ang Dios ay isang personal na Dios. Tinatawag Niya ang Kanyang mga tao sa kanilang pangalan. Isinulat Niya ang kani-lang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Pinasyahan na Niya nuong una pa lamang para sa bawat isa sa kanila ang isang panahon sa kanilang mga buhay kung saan makikilala nila ang Kanyang tinig at tutugunan ito. Sa katotohanan, ang mismong pangalan kung saan nakikilala ang Kanyang samahan ng mga mananampalataya ay nagsasalita sa patunay na ito. Ang salitang *church*, minsang isinasaad na *assembly*, ay ang Griegong salita na

*ekklesia*. Ang *church* ay isang pagsasama-sama ng mga indibidwal na taong tinawag. Sila ay ang mga *tinawag (out-called ones)*.

Dati-rati, ang terminong *ekklesia* ay may kinalaman sa sinaunang Griegong mga pagtitipon para sa mga pagtatalumpati o para sa pulitikal na mga pagsasama-sama. Kung nais ng isang tao ang mga tagapakinig pupunta siya sa buong bayan at isisigaw sa mga residente na sila'y pumaroon at pakinggan siyang magsalita sa isang partikular na oras at lugar. Iyan ay isang pangkalahatang panawagan, iniimbitahan ang bawat isang persona na dumating at maging bahagi ng pagtitipon. Sa pagkukumpara, nang si Isaias ay sumulat patungkol sa Messias, kanyang (nagsasalita para sa Dios) inihayag:

> *"Narito ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa. Inilagay ko ang aking Espiritu sa kanya; siya'y maglalapat ng katarungan sa mga bansa. Siya'y hindi sisigaw, o maglalakas man ng tinig, o ang kanyang tinig man sa lansangan ay iparirinig." (Isaias 42:1-2)*

Hindi tinawag ng Dios ang katawan ng Iglesia ng isang kabuuan. Tumawag Siya ng mga indibidwal, isa sa bawat panahon, upang maging kabahagi ng katawan ni Cristo. Ang panawagan ng Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay ang panawagan ng Pangulong Pastor sa Kanyang mga tupa. Hindi ito isang pangkalahatang paghiyaw sa mga lansangan, umaasang may makikinig. Ang personal na kalikasan at partikularidad ng pagtawag ng Dios ay nakitang muli't-muli sa buong Kasulatan. Halimbawa:

1. Nang ang Dios ay naglalakad sa hardin, tinawag Niya si Adan sa kanyang pangalan. Ang unang tao na nalaglag ay siya ring unang taong tinawag. (Genesis 3:8-9)
2. Tinawag ng Dios ng tatlong beses sa gabi si Samuel sa kanyang kabataan at nahalata ni Eli na ito nga ang Dios. (1 Samuel 3:4-10)
3. Si Moises ay isang prinsipeng Egipcio na kumampi sa kanyang lipi, ang mga Hudyo, at tumakas sa ilang ng ang Dios ay nakipagusap sa kanya mula sa isang

nagniningas na mababang punongkahoy, tumawag sa kanya, *“Moises, Moises”*. (Exodo 3:4)

4. Pagkatapos makipagbuno ng Anghel ng Panginoon kay Jacob, sinabi Niya, *”Hindi na tatawaging Jacob ang iyong pangalan, kundi Israel; sapagka't ikaw ay nakipagpunyagi sa Dios at sa mga tao, at ikaw ay nanaig.”* (Genesis 32:28)
5. Nang hinadlangan ng Dios si Saulo ng Tarsus, sinabi Niya, *“Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig?” (Gawa 9:4)*
6. Nang tawagin ni Jesus ang patay na si Lazaro mula sa libingan, tumawag Siya, *“Lazaro, lumabas ka” (Juan 11:43)*

Ang mga taong ito ay nasa mga posisyon ng walang pagkakaalam, pagsalungat, o ganap na walang interes ng sila’y tinawag ng Dios. Gayunman, tinawag Niya sila sa pangalan tulad ng isang Pastor na tumatawag sa kanyang tupa o ng isang ama na tumatawag sa kanyang mga anak. Sila’y hindi mananatili sa kundisyon kung saan sila’y nahanap Niya. Ang panawagan ng Dios ay may hangaring baguhin ang mga tao at gagawin ng Dios na Makapangyarihan sa lahat ang Kanyang layunin.

Kapag ang Banal na Espiritu ay “nanahan” sa isang tao, sadyang imposible para sa taong iyon na manatiling hindi apektado. Kapag ang Bagong Tipan ay nagsasalita patungkol sa kapangyarihan ng Espiritu, ginagamit nito ang Griegong salita na *dunamis* na mula dito’y kinuha natin ang salitang *dinamita*. Sindihan mo ang isang dinamita at upuan mo ito. Ngayon, tumanggi kang gumalaw sa pagkaupo mo dito. Makukuha mo ang ideya.

## † PAGSISISI

Ang ikalawang gawain ng Banal na Espiritu ay ang isumbat sa tao ang kanyang pagiging makasalanan sa harapan ng Dios at dalahin siya sa pagsisisi.

> *"Sinabi niya sa kanila, "Ganyan ang nasusulat, na kailangang magdusa ang Cristo at muling mabuhay mula sa mga patay sa ikatlong araw; at ipangaral ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa kanyang pangalan sa lahat ng mga bansa, mula sa Jerusalem." (Lucas 24:46-47)*

Ipangangaral ng mga alagad ang dalawang mga bagay na naganap sa kamatayan at pagkabuhay na magmuli ni Cristo – parehong "sa ngalan Niya" – *pagsisisi* at *pagpapatawad ng mga kasalanan*. Hindi mahirap na tungkulin ang kumbinsihin ang mga tao na ang kapatawaran ng mga kasalanan ay isang gawain ng banal na biyaya, na tanging ang Dios lang ang makagaganap. Subali't, isinama ni Cristo sa Kanyang komisyon na ang pagsisisi ay resulta din ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na magmuli. Ang pagsisisi kung gayon ay isang patas na gawain ng biyaya, na tanging ang Dios lang ang makapagbibigay.

Ang salitang pagsisisi *(repentance)* ay simpleng nangangahulugan na *magbago ng 180 degrees*, o "*ang tumalikod sa, patungong*". Sa Espiritu, tayo'y kumakampi sa Dios laban sa ating mga sarili. Ating nakikilala at inihahayag na ang Dios ay makatarungan at tayo'y tumatayong wastong nahatulan kung hindi dahil sa Kanyang biyaya.

Hindi nakikita nang natural na mga tao ang pangangailangan na magsisi o ang "tumalikod mula" sa kanilang mga masamang buhay. Nabulag sa kanilang sariling kasalanan at paniwala sa kanilang sariling mayabang na kakayahan, ang mga natural na mga tao ay tumangging mabago dahil hindi nila nakikita ang kanilang mga sarili na ganung kasama.

*“Ang lahat ng mga lakad ng tao ay malinis sa sarili niyang mata, ngunit tinitimbang ng PANGINOON ang diwa.” (Kawikaan 16:2)*

*“May mga malinis sa kanilang sariling mga mata, gayunman ay hindi malinis sa karumihan nila.” (Kawikaan 30:12)*

*“Ngunit ang taong hindi ayon sa espiritu ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat ang mga iyon ay kahangalan sa kanya at hindi niya iyon nauunawaan, sapagkat ang mga iyon ay nauunawaan sa pamamagitan ng espiritu.” (1 Corinto 2:14)*

Ganunpaman, ang banal at makatuwirang pamantayan ng Diso ay lubos na humihingi na ang tao ay tumalikod mula sa kanyang mga sariling-kaparaaanan at “hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian at ang kanyang katuwiran.” (Mateo 6:33) Kaya, ang krusyal na katanungan ay: kaya ba ng isang natural na tao na gawin sa kanyang sariling kalooban at katalinuhan, na maintindihan ang banal na utos na magsisi at kunin sa kanyang sarili na gumawa?

Hindi. Sinasabi sa Kasulatan na ang Dios lamang ang makapangyayari sa isang tao upang magsisi.

*“Na sawaying may kaamuan ang mga sumasalungat; baka sakaling sila'y pagkalooban ng Dios ng pagsisisi tungo sa pagkakilala sa katotohanan.” (2 Timoteo 2:25)*

*"O hinahamak mo ang mga kayamanan ng kanyang kabutihan, pagtitiis, at pagtitiyaga na hindi mo nababatid na ang kabutihan ng Diyos ang umaakay sa iyo sa pagsisisi?" (Roma 2:4)*

Ngayon, ang pagsisisi ay karaniwang napagkakamalan bilang kalungkutang makatao. Ngunit ang kalungkutan sa ating mga ginawang kasamaan ay hindi katulad ng tunay na pagtalikod mula sa ating masasamang mga gawa. Karaniwan, ang mga taong ang gawa ay nabubulgar ay magpapakita ng pagkabalisa, taimtim man o hindi. Ngunit ang pagsisisi ay nangangailangan ng pagnanasa at kapangakuan tungo sa tunay na pagbabago. At minsan, nilalayon ng Dios na basagin ang ating mga puso at dinudulutan tayo ng kalumbayan para sa ating mga kasalanan. Ngunit ang kalungkutang iyon ay hindi tulad sa pagsisisi. Subalit ang ganung kalungkutan ay mangunguna tungo sa pagsisisi.

*"Ngayon, ako'y nagagalak hindi sapagkat kayo'y nalungkot, kundi sapagkat kayo'y nalungkot tungo sa pagsisisi, sapagkat kayo'y pinalumbay nang naaayon sa Diyos, upang kayo'y huwag magdusa ng kalugihan sa pamamagitan namin. Sapagkat ang kalungkutang naaayon sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi tungo sa kaligtasan na hindi ipagdaramdam, subalit ang makasanlibutang kalungkutan ay nagbubunga ng kamatayan." (2 Corinto 7:9-10)*

Itong *"pagtalikod mula sa... tungo sa"* ay ang gawain ng Dios sa tao. Hindi ito mai-pipilit, mai-pupuwersa, mai-hihikayat, o "buong katakutang ma-iikasi" sa kanya. Tulad na lang sa isang kahangalan ang ipagpilitan na ang isang hindi nabagong tao ay tanggapin ang Banal na Espiritu kapag hindi naman nasa sa kanya ang desisyon para tumanggap, ito'y maihalintulad sa walang saysay na paghampas ng isang natural na tao sa kanyang ulo, na ipagpilitang siya ay dapat magsisi, kung wala naman siyang nakikitang mali sa kanyang buhay o di man ay may kakayahang talikuran ito.

Oo, ako'y sang-ayon, dapat siyang magbago. Ngunit hindi niya kaya.

Tanging ang Dios lamang ang makagagawa ng trabahong iyan.

## † KINAKAILANGAN KAYONG IPANGANAK NA MULI MULA SA ITAAS

Sa Juan 3, nagkaroon ng pakikipagusap si Cristo sa isang Pariseo, isang guro ng Israel na nagngangalang Nicodemo. Tinuruan siya ni Jesus,

> "...Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." (Juan 3:3)

Tumugon si Nicodemo na ito'y imposible para sa isang tao, kapag matanda na siya, na bumalik sa sinapupunan ng kanyang ina upang ipanganak ng ikalawang beses. Ngunit itinama siya ni Jesus sa pagsasalitang tumutukoy Siya sa dalawang hiwalay na kapanganakan, bagaman sila'y magkaparehong mga pangyayari.

> *"Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios. Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga. Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli." (Juan 3:5-7)*

Tulad na lamang ng isang masamang puno nahindi makakapamunga ng mabuting bunga, ang laman ay magbubunga lamang ng laman. Ang makalamang pagsasama ng lalaki at babae ay maaaring magbunga ng isang makalamang supling. Iyan ang tinawag ni Cristo bilang "ipinanganak ng tubig". Ngunit ang makalamang bata ay ipinanganak na nagkasalang makasalanan, katulad ng kinalagyan ng kanyang mga magulang. Ang pisikal na kapanganakan ay hindi nag-gagarantiya ng karapatang pumasok sa Langit. Iyan ay nangangailangan ng pangalawang pagkapanganak – "at ng Espiritu."

Sa katunayan, ang Griegong salita na naisaling *again* sa *born-again* sa King James Version ay ang *anothen*, o *nagmula sa itaas (from above)*. Ang laman ay hindi makakapamunga ng kapanganakang espiritual. Tanging ang Espiritu ang makapagpapabunga sa pangalawang kapanganakang espiritual.

> *"Subalit ang lahat ng tumanggap sa kanya na sumasampalataya sa kanyang pangalan ay kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos, na ipinanganak hindi sa dugo, sa kalooban ng laman, o sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos."*
> *(Juan 1:12-13)*

May mga tiyak na taong pinagkalooban ng kakayahang tanggapin si Cristo Jesus at manampalataya sa Kanyang pangalan. Silang tangi ang pinagkalooban ng kapangyarihang maging "mga anak ng Dios". Sa daan ding ito, mayroong popular na maling pagbasa ng Juan 1:12-13 na pinagpipilitan na ang kapangyarihan para maging "mga anak ng Dios" ay ibinigay bilang isang tugon, o mula sa isang obligasyon, sa kanila na piniling "tanggapin Siya" o "maniwala sa Kanyang pangalan." Tiniyak na gawin ni Juan na ipailalim ang gayong katuruan kapag itinuturo niya na ang bagong kapanganakan ay hindi resulta ng dugo o lahi ng sinomang tao. At hindi rin ito resulta ng makalamang katangian ng sinomang tao. Walang halaga ng mabubuting gawa o ng pagtalima sa kautusan ang nagdala upang palabasin ang Banal na

kapanganakan. O ito man ay naganap sa pamamagitan ng puwersa ng kalooban ng sinoman. Wala ni isa kailanman ang nagdesisyon upang "maging *born again*" o piliin na tanggapin ang Espiritu ng bagong kapanganakan.

Kaya, anong natira? Ano ang pamamaraan dito sa kataas-taasang mapagbiyayang gawa na ito? Sumagot si Juan, "kundi ng Dios." Ang Dios tangi ang nagpapagana sa kaligtasan.

Itong bagong kapanganakan sa pamilya at lipi ni Cristo ay mapangyayari lamang kung lilikhain ito ng Dios. Ang tao ay walang kakayahang likhain ito, o desisyunan ito. Ang nadumihang dugo, makasalanang laman at ang mandarayang kalooban ng tao ay walang kakayanan at hindi kailanman hahanapin ang espiritual na pagkagising. Nasa sa Dios na Siyang tagapagdulot ng kapanganakang ito at ang sanglibutan, sa lahat ng kanilang makalamang kakayanan, ay hindi kailanman magagawa ito. Ni ang kahit anumang laman, ligtas man o hindi, ay hindi makokontrol ang paggalaw ng Espiritu.

> *"Humihihip ang hangin kung saan nito ibig at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo nalalaman kung saan ito nanggagaling at kung saan tutungo. Ganoon ang bawat isang ipinapanganak ng Espiritu." (Juan 3:8)*

Tulad ng hangin na umiihip kung saan nito gustuhin, pinapatnubayan lamang ng kamay ng Dios na Pinakamakapangyarihan sa lahat, gayundin ang Banal na Espiritu na tumutungo saanman Niya naisin at nagbibigay kapanganakan sa mga taong Kanyang pinipili, na maaaring makarinig ng tunog ng Kanyang pagdaan, ngunit hindi nila makokontrol ang Kanyang pagdating

o pagparoon. Soberanong pinangasiwaan ng Kapama-pamahalang kalooban at mabuting kasiyahan ng Dios, tanging Siya.

> *“Sapagkat kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay at sila'y binubuhay, gayundin naman binubuhay ng Anak ang sinumang nais niya.” (Juan 5:21)*
>
> *Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa mga gawa na ating ginawa sa katuwiran kundi ayon sa kanyang kahabagan, sa pamamagitan ng paghuhugas ng muling kapanganakan at ng pagbabago sa pamamagitan ng Espiritu Santo.” (Tito 3:5)*

Kapag ang Dios ay pumili ng kahalintulad sa pagitan ng kapanganakan ng isang sanggol at ang pananahan ng Banal na Espiritu, ito’y hindi sapalarang paghahalintulad. Kapag ang isang babae ay nagbigay kapanganakan sa isang bata, ang bata ay walang pagpili sa proseso. Kapag ang oras para manganak ay dumating, hindi kinukonsulta ang bata. Hindi pinipili ng mga sanggol na sila’y ipanganak, hindi nila pinipili ang oras ng kanilang kapanganakan, at hindi nila pinipili ang kanilang mga magulang. Sila’y simpleng resulta ng pagsasama ng dalawang tao, na naging isang laman (Mateo 19:5). Nang ideposito ng lalaki ang kanyang binhi sa loob ng babae, ito’y nagbunga ng isang halos bagong tao.

Ang mga ito’y mga makalupang mga larawan ng espiritual na kapanganakan. Si Cristo ay naghirap sa krus para magbunga ng espiritual na supling (Gawa 17:28). Ang isang tao ay *“ipinanganak na muli”* na walang pagpiling ginawa sa proseso. Kapag ang oras ay dumating para ipanganak na muli, hindi kinonsulta ang tao. Hindi natin pinipili ang ating oras, ang ating lugar, ang ating mga pangyayari, o kaya’y ang ating Ama – ang Dios mismo. Ngunit, kapag idineposito ng Ama sa Langit ang binhi ng Banal na Espiritu sa atin, tayo’y nagiging isang laman kay Cristo, ang ating bagong asawa, at ang pagsasamang iyan ang nagbubunga ng isang ganap na bagong nilalang – ang Kristiano!

*"Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago."*
*(2 Corinto 5:17)*

## † PANANAMPALATAYA

Ang pangwakas na kinakailangang resulta nang pananahan ng Banal na Espiritu ay ang mapagkalooban ang "ipinanganak mula sa itaas" na indibidwal ng kakayahang maniwala kay Cristo, na umasa sa Dios, at sumunod sa pangunguna ng Banal na Espiritu. Ang kakayahang ito ay tinatawag na *pananampalataya* (faith).

Ang terminong Ingles na *faith* ay isang pagsasalin ng Griegong pangngalan na *pistis*. Subalit, isang problema sa interpretasyon ang lumalabas sa katunayang ang wikang Ingles ay walang pandiwa ng salitang *pananampalataya*. Bilang resulta, ang Griegong pandiwa na *pisteuo* ay lumabas na *believe (maniwala)* sa Biblia. Ang *pistis* o *faith* ay nangangahulugang isang matibay na pananalig batay sa pakikinig at tumutukoy sa pananampalataya sa Dios, kay Cristo, o sa mga bagay na may espiritual na kalikasan.

Ang ating salitang Ingles na *believe (maniwala)* ay napapalooban ng malawak na klase ng mga kahulugan. Simpleng ang pagtanggap na ang isang bagay ay namamalagi ay naging kasingkahulugan sa *paniniwala*. Ito'y nasa lugar na iyan kung saan aaminin ng mga tao na sila'y *naniniwala* sa Dios, kahit na walang kinakailangang yakaping doktrina na patungkol sa Kanya. Ang simpleng paggawa ng desisyon ay karaniwang tinatawag na *paniniwala*, tulad nang,

"Ako'y hindi naniniwalang magkakaroon ako ng panghimagas." Kahit ang pagtatanong sa krebilidad ng isang ideya, o ang sumaksi sa isang kagila-gilalas na gawain, ay katumbas na sa *paniniwala*, tulad ng, "Wow, iya'y hindi kapani-paniwala."

Mas malala pa, ang modernong mga akala ng *paniniwala* ay naging mababagsik na nabantayang mga karapatan na puno ng personal na diskresyon at indibidwal na pagpili. Anumang *pinaniniwalaan* ng kahit sinong tao, kahit na gaanong kakaiba, ay kinukunsidera bilang may kabuluhan kagaya ng *paniniwala* ng kahit sinoman. Eh sa iyan ang kanilang pinaniniwalaan!

Hindi pinahihintulutan sa Biblia ang ganyang kalawak na saklaw ng pakahulugan. Parehong ang *pananampalataya* at ang *paniniwala* ay nanggaling mula sa iisang ugat – *pistis* at *pisteuo*. Ang matibay na pananalig na ito – hindi lamang sa presensya ng Dios, kundi pati na rin sa lahat nang naihayag sa Kasulatan patungkol sa Kanyang Anak – ay isang ganap na pangangailangan sa ating relasyon sa Dios. Tulad ng naisulat kanina, kung wala ang pananampalatayang ito ay imposibleng mabigyan ng kaluguran ang Dios.

Marami sa mga taong pumipintas sa Biblical na Kristianismo ay nangungubli sa deklarasyong, *"Ngunit, naniniwala ako sa Dios."* Nagbigay babala si Santiago laban sa kaisipang ang simpleng *"maniwala"* na mayroong Dios ay sapat na para siguraduhin ang eternal na kaligtasan.

> "Sumasampalataya ka na ang Diyos ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa. Ang mga demonyo man ay sumasampalataya at nanginginig pa." (Santiago 2:19)

Ang tunay na pananampalataya ay higit pa ang ginagawa kumpara sa kaisipang pumapanhik sa akalang ang Dios ay dapat umiiral sa kung saan man. Ang kada dimonyo sa Impierno ay kumbinsido sa mismong parehong bagay, at ito'y dinadala sila sa pagkatakot hanggang sa sila'y mawalan ng ulirat. Ang *Pistis* ay nangangailangan ng higit pa. Ang *pananampalataya* ay umaasa na ang ating buong eternal na disposisyon ay napagpasyahan na ng isang mabiyayang, mapagmahal na Dios na Siyang nagpadala

sa Kanyang Anak bilang ating kapalit. Bilang resulta, ang *pananampalataya* ay hindi namamahinga sa kahit anumang personal na pinaghirapan, mabubuting mga gawa o sa katuwiran, ngunit pangkalahatang sumasandigan sa natapos na gawa ng Makatuwirang Manunubos. Ang pananampalataya ay nagtitiwalang ang Dios ang magkakaloob ng ating pananggalang at ng ating kaganapan.

O ilagay man ito sa ibang paraan, madali ito para sa atin kung titingnan natin ang isang upuan at gumawa ng determinasyon sa kung ang upuan bang iyon ay ligtas na masusuportahan ang ating pag-upo. Iyan ay isang intelektuwal na pagtatantiya. Ngunit hindi iyan pananampalataya. Ang pananampalataya ay nangangailangan ng pag-upo sa upuan, ilalagay ang ating katawan sa upuan kung saan tayo'y may buong pagtitiwala. Pinagmamasdan ng pananampalataya ang bawat isang mga pangyayari, kahit gaano man itong kahirap at imposible, at tumatayo sa Salita ng Dios. Tinatrato ng pananampalataya ang bawat isang deklarasyon ng Dios na mas "makatotohanan" pa kumpara sa mga pangyayari ng buhay. Isinasabit ng pananampalataya ang ating mga katawan sa *"ganito ang sabi ng Panginoon."*

Ngunit kung walang pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang tao ay hindi pupunta sa ganitong klase ng kumbiksyon, pagtitiwala at paniniwala. Ang pananampalataya ay buong kadalisay at kaganapang kaloob ng biyaya ng Dios. Hindi ito maaaring maging desisyong-intelektuwal. Hindi ito mapipilit. Ang tao ay hindi maaaring makumbinse o hikayating piliin ito, gamitin ito o paganahin ito sa paggawa. Ang pananampalataya sa Dios ay tanging dumarating lamang magmula sa Dios, itinatanim ito sa isang tao.

*“Walang taong makakalapit sa akin malibang ilapit siya ng Ama na nagsugo sa akin; at siya'y muli kong bubuhayin sa huling araw.” (Juan 6:44)*

*“Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki.” (Efeso 2:8-9)*

Ang ating kaligtasan ay isang gawain ng biyaya – hindi pinaghirapang kabutihan – sa pamamagitan ng tagapamagitang ahensya ng pananampalataya, na isang kaloob ng Dios at hindi kabahagi ng kahit anuman sa ating mga sarili. Hindi tayo naligtas, o kaya nama’y tumanggap ng pananampalataya sa pamamagitan ng mga gawa – kasama na dito ang pagpili, pagdesisyon, pagtanggap o paggawa ng isang pangako – o kung hindi man ay ang pagkakaroon natin ng anumang bagay na maipagmamalaki patungkol sa ating sariling kaligtasan. At ang Dios ay hindi kailanman ibababahagi ang kaluwalhatiang iyan kahit kanino.

*“Pagmasdan natin si Jesus na siyang nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, hindi inalintana ang kahihiyan, at siya'y umupo sa kanan ng trono ng Diyos.” (Hebreo 12:2)*

Napakalinaw, kung si Cristo ang nag-akda ng ating pananamplataya, Siya ang pasimula nito. Kung sinakdal Niya ang ating pananampalataya, Siya ang kakumpletuhan nito. Iyan ay nag-iiwan ng napakakitid na pagkakataon sa atin para tayo’y magdagdag ng anuman. Sa isang paraan, kapag binasa mo ang Hebreo 12:2 sa salin ng King James, ang salitang *“ating”* ay idinagdag ng tagapagsalin. Ang ibang mga edisyon ay itinuturo ito sa pamamagitan ng paglalagay ng salitang ito sa italiko. Patunay na sinasabi ng tekstong Griego na *si Cristo ang gumawa at sumakdal ng pananamplataya*. Kahit saanman tayo makakita ng

pananampalataya sa Dios, sa anumang mga nilikha sa Langit at sa Lupa, si Cristo ang kapangyarihang nasa likuran nito.

Ang konseptong ito ay napakalinaw at tama sa isipan ni Pablo na nuong inilista niya ang mga kaloob ng Banal na Espiritu, isinama niya ang pananampalataya.

> *"Kaya't nais kong maunawaan ninyo na walang nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na nagsasabi, "Sumpain si Jesus!" at walang makapagsasabi, "Si Jesus ay Panginoon," maliban sa pamamagitan ng Espiritu Santo. May iba't ibang uri ng mga kaloob, subalit iisang Espiritu. At may iba't ibang uri ng paglilingkod, subalit iisang Panginoon. May iba't ibang uri ng gawain, subalit iisang Diyos na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. Subalit sa bawat isa ay ibinigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan ng lahat. Sa isa ay ibinigay sapamamagitan ng Espiritu ang salita ng karunungan, at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon sa gayunding Espiritu, sa iba'y pananampalataya sa pamamagitan ng gayunding Espiritu, at sa iba'y ang mga kaloob ng pagpapagaling sa pamamagitan ng isang Espiritu. Sa iba'y ang paggawa ng mga himala, sa iba'y propesiya, sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu, sa iba'y ang iba't ibang wika, at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. Ang lahat ng ito ay pinakilos ng iisa at gayunding Espiritu, na namamahagi sa bawat isa ayon sa pasiya ng Espiritu.."*
> *(1 Corinto 12:3-11)*

Gayon din, si Cristo ang pangwakas na halimbawa ng pananamplataya. Siya ay nawalay mula sa Kanyang Ama, pinagtiisan ang poot ng Dios, na kung saan Siya ay ganap na hindi karapat-dapat.

> *"At nang malapit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng may malakas na tinig, na sinasabi: 'Eli, Eli, lama sabachthani?' Na ang kahulugan ay 'Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?'" (Mateo 27:46)*

Gayunpaman, nagtiwala Siya at naniwala na ang Dios na mismong bumugbog sa Kanya ay magbabangon sa Kanya mula sa kamatayan at magpapanumbalik sa Kanya sa mas higit na dakilang kaluwalhatian.

> *"Si Jesus ay sumigaw ng malakas at nagsabi, "Ama, sa mga kamay mo ay inihahabilin ko ang aking espiritu." At pagkasabi nito ay nalagot ang kanyang hininga." (Lucas 23:46)*

Iyan ay isang kapansin-pansing halimbawa ng wagas na pananampalataya. Ang pananampalataya ni Cristo ang naglatag ng daan para sa pananampalataya ng Kanyang mga banal. At tulad nuong itinanim Niya ang pananampalataya sa atin, Siya ang kapangyarihang kumakandili sa ating pananampalataya hanggang sa wakas. Siya ngang tunay ang may akda at tagapagtapos ng ating pananampalataya.

## † ANG BIYAYANG HINDI MALABANAN

Kaya nga ating balikan ang isyung theolohikal na: Kaya ba ng tao, lunod sa kanyang mga kasalanan at masaya sa kanyang rebelyon, na labanan ang mapagbigay na gawain ng biyaya at manatili sa kanyang hindi nabagong katayuan kung gugustuhin man niya? Sa Biblia, ang sagot ay "hindi", kaya nga ang salitang *Irresistible* (hindi malabanan) ay ginagamit kapag kinokontra ang mga doktrinang Arminian.

Sa pinakasimpleng tuntunin, ang pinakamalinaw na katibayan sa kamaliang may kakayahan ang tao na tutulan ang Banal na Espiritu ay ang katotohanang kung kakayanin niya, gagawin niya! Ang makalamang kaisipan ay may paglaban sa Dios. At ang tao'y hindi magnanais na piliin ang anumang bagay na hayag niyang kinamumuhian! Mabigyan ng opsyon, walang tao ang kailanmang maliligtas, dahil walang taong pipiling sumunod sa mga daan ng katuwiran. Ito ay lubos na laban sa kanilang kalikasan. Hindi nila dedesisyunan na manumbalik, magsisi at pakahanapin ang Dios.

Iyan nga ang dahilan kung bakit, sa kabila ng kasikatan nito sa modernong evangelicalism, na walang saysay na sabihin sa isang tao, *"Gawin mo si Jesus na iyong Panginoon at Tagapagligtas."* Ito ay isang imposibleng desisyon. Bukod pa sa katunayang hindi natin ginagawa si Jesus na Panginoon. Siya ang Panginoon. Hindi natin Siya ginagawang ating Tagapagligtas. Ginagawa Niya tayong ligtas!

Ang kasalukuyang diin sa *"free will"* at sa makataong psychology ay pangunahin sa hindi nabagong mga tao na nagkamali na pang-hawakan na may kakayahan silang baguhin ang kanilang kaisipan at bumalik sa Dios anumang oras nila naisin. Ngunit, hinatulan ni Jesus ang ganyang pangdaraya.

> *"Ang sumasampalataya sa kanya ay hindi hinahatulan; ngunit ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagkat hindi siya sumampalataya sa pangalan ng tanging Anak ng Diyos. At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanlibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kaysa ilaw sapagkat ang kanilang mga gawa ay masasama." (Juan 3:18-19)*

Tanging sa pagkaunawa lamang ng soberanong paunang kaalaman at pagpapasya ng Dios na maaari nating maunawaan ang paghatol ni Cristo sa mga hindi naniniwala: na hindi sila binibigyan ng panahon para "makinig at magdesisyon." Alam Niyang hindi sila darating sa pagsisisi; palagi na lamang nilang kapopootan ang liwanag at mas gugustuhin pa ang kanilang masasamang mga pamamaraan. Hindi sila magbabago sapagkat hindi Niya sila babaguhin.

Sa isang banda, inihahayag ng Biblia na ang mga hinirang ng Dios, binili sa pamamagitan ng sakripisyong kamatayan ni Cristo, ay susunod kay Jesus, sasagot sa panawagan ng Dios, at ibabangon sa kabaguhan ng buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagakabuhay na magmuli ni Cristo.

> *"Ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama ay lalapit sa akin; at ang lumalapit sa akin kailanman ay hindi ko itataboy." (Juan 6:37)*

> *"Ngunit ang pumapasok sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa. Pinagbubuksan siya ng bantay sa pinto; at pinapakinggan ng mga tupa ang kanyang tinig. Tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa pangalan, at sila'y inihahatid papalabas. Kapag nailabas na niya ang lahat ng kanya, ay nangunguna siya sa kanila at sumusunod sa kanya ang mga tupa, sapagkat kilala nila ang kanyang tinig. Ngunit hindi sila susunod kailanman sa iba, kundi lalayo sila sa kanya, sapagkat hindi nila kilala ang tinig ng iba." (Juan 10: 2-5)*

## † ANG PAKIKIPAGTALO NG FREEWILL

Ang pinaka-karaniwang hidwaan sa doktrinang ito ay palaging nasa tonong katulad nito: *"Ngunit ang doktrinang ipinipresenta mo ay sumisira sa freewill ng isang tao!"*

Mabuti! Napapanahon nang may isang gumawa ng sira sa kalokohan ng free will ng tao. Para simulan ito, ang terminong *free will* ay hindi lumabas kahit saan sa Bagong Tipan at

kailanma'y hindi ginamit sa Kasulatan sa konteksto ng *"kung papaanong ang tao ay naliligtas."* Ang salitang *free will* ay lumalabas lamang sa Lumang Tipan bilang isang uri ng hindi-kinakailangang handog. Ngunit hindi ito ginagamit para wakasan, hanguin o ipahiwatig na ang mga tao ay may kalayaang pumili sa kanilang mga kapalaran. Sa katotohanan, nilabanan ni Jesus ang haka ng sinabi Niya,

> *"At sino sa inyo na sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang oras sa haba ng kanyang buhay? Kung hindi nga ninyo magawa ang ganoong kaliit na bagay, bakit mag-aalala kayo tungkol sa mga ibang bagay?" (Lucas 12:25-26)*

Nakatitiyak na kung ang tao ay walang kakayanang gawin ang sarili niyang mas matangkad, baguhin ang kulay ng kanyang balat, magpatubo ng mas maraming buhok, pigilan ang kanyang sariling pagtanda o naising magkaroon ng mas malaking karunungan, ang kanyang kalooban ay malayo mula sa "malaya". Sa Sa katunayan, ang kalooban ng mga tao ay sobrang limitado. Maaaring naisin ng isang taong lumipad sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, ngunit ang kanyang kawalan ng kakayahan ang pumipigil sa kanya. Maaaring loobin ng isang taong maging Hari ng Inglatera, ngunit ang kanyang kawalan ng dugong-bughaw ang pumipigil sa kanya. Maaaring naisin ng isang taong maging napakayaman, o kaya'y tumakbo ng isang milya sa loob ng 3 minuto, o maging invisible, o ang bisitahin ang Langit sa susunod na linggo – ngunit siya ay ganap na walang kapangyarihan upang tuparin ang kanyang kalooban.

Sa isang theolohikal na paliwanag, ang tanging kalayaan ng kalooban sa kalikasang pinanghahawakan ng tao ay ang

kalayaan na magkasala. Ang ating mga kalooban ay limitado sa kahit anumang kaisipan o pagnanais na maging kasiya-siya sa Dios. Ang ating mga kalooban ay nakukunsumo sa pagtupad ng ating mga makalamang pagnanasa. Ngunit ang maging mabuti at obligahin ang Dios na kumilos upang magligtas ay lampas sa ating kapangyarihang maghangad.

Samantala, ang pahiwatig na pakikipagtalo ng Arminian ay sa kung ang tao ay makagagawa ng isang ganap na malayang kalooban, na makukuhang piliin ng ibang mga tao na maging masunurin sa Dios at maligtas. Ngunit, tayo'y matuto sa halimbawa. Si Adan ang may pinaka-"malayang" kalooban sa kahit sinomang tao na nabuhay bago kay Cristo. Mahalaga ding nabuhay siya sa isang kapaligirang walang kasalanan, kaya ang natural niyang mga inklinasyon ay maging patungo sa Dios. Ang tanging limitasyong inilagay ng Dios sa ganap na kalayaang pumili ni Adan ay ang hindi niya maaaring hawakan ang Punongkahoy ng Pagkakilala ng Mabuti at Masama.

Sa isang perpektong kapaligiran, ang perpektong tao, na may isa lamang paghihigpit sa kanyang kalayaang pumili, ay piniling magrebelde. Paano kaya, na ating ipagpalagay na ang mga tao na naligaw sa kasalanan at sa rebelyon, napapaligiran ng kayraming mga tukso, naninirahan sa isang daigdig ng pagkagalit at pagkapoot sa Dios, ay gagamitin ang kanilang "free will" at pipili, laban sa kanilang mga karakter at sa mga mahahalay na pita ng kanilang puso, upang iwanan ang lahat at sumunod sa Dios?

Inihahayag ng Biblia na tayo ay ipinanganak na *"patay sa mga pagsalangsang at sa mga kasalanan" (Efeso 2:1)*. Papaanong gaganapin ng mga patay na tao ang kanilang kalooban? Makakaya ba ni Lazaro na loobin ang sarili niyang bumangon mula sa libingan? Makakaya ba nang pilay sa portiko ng Bethesda na loobin ang sarili niyang bumangon at maglakad? Makakaya ba nung ketongin na loobin ang sarili niyang maging malinis? Hindi. Sila ay ganap na walang kakayanan at ang kanilang mga kalooban ay ganap na limitado.

Tingnan at matuto mula sa isang makasaysayang halimbawa – gaanong karaming kapangyarihan ng kalooban at kalayaan ng pagpili ang ginamit ni Saulo ng Tarsus sa kanyang pagbabalik-

loob sa Kristianismo? Siya ay isa sa pinakamabagsik na tagapag-usig na nakita kailanman ng unang mga Kristiano. Kanyang nakita ang pagbato kay Esteban at may kalakhang responsable sa pagtakas ng mga naniniwalang mga Hudyo palabas ng Jerusalem. Siya ay nakasakay patungong Damascus na may mga kasulatan galing sa dakilang saserdote na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan na igapos at dalhin sa Jerusalem ang kahit sinong lalaki o babae na yumakap sa bagong relihiyong ito. Pagkadaka'y may liwanag na kuminang mula sa langit at siya'y itinumba mula sa kanyang asno. Nang siya'y bumagsak sa lupa, tinawag siya ng boses ni Jesus, binulag siya at maya-maya'y dinala sa disyerto para turuan siya. Ang taong iyon, kilala sa atin bilang ang Apostol Pablo, ang sumulat ng 2/3 ng Bagong Tipan. At wala sa kahit saan sa kanyang sinulat na inako niya para sa sarili ang papuri para sa kanyang pagbabago. Sa kasalungatan, si Pablo ang nangunguna sa kapamahalaan sa Bagong Tipan patungkol sa biyaya at pagtatalaga sa kapalaran.

Nang naratnan ni Jesus sina Simon Pedro at ang kapatid niyang si Andres na naghuhulog ng kanilang mga lambat sa dagat, sinabi Niya, *"Magsisunod kayo sa hulihan ko at gagawin ko kayong mangingisda ng tao."* At, *"pagdaka'y iniwan nila ang mga lambat at nagsisunod sa kaniya." (Mateo 4:19-20)* Iyan ay isang mabisang pagtawag. Walang sinabi sa nasulat na si Jesus ay nagtatanong sa kanila para magdesisyon, piliin Siya, o gawin Siyang Panginoon o Tagapagligtas. Sa halip, sila'y tumugon sa makapangyarihang utos ng Isa na tinaguriang Panginoon ng Sansinukob. Sila'y walang kapangyarihang tumutol.

Ang susunod na argumento ay karaniwang nasa tonong tulad nito – *"Kung ganun, sinasabi mo na inililigtas ng Dios ang tao kahit na ganun sila at puwersang hinihila sila na sumisipa at sumisigaw, patungong Langit."*

Hindi iyan ang paraan kung paanong nangyayari ito. Kapama-pamahalang binababago ng Dios ang kalooban at ang puso ng tao, nililikha sa kanya ang pagnanais na sumunod. Ang Dios ay hindi nakikipagkumpetensiya sa kalooban ng tao; Ginagapi Niya ito.

> *"Ang bayan mo'y maghahandog na kusa sa kaarawan ng iyong kapangyarihan..." (Awit 110:3)*

> *"At aking bibigyan sila ng isang puso, at aking lalagyan ng bagong diwa ang loob ninyo; at aking aalisin ang batong puso sa kanilang laman, at aking bibigyan sila ng pusong laman; Upang sila'y magsilakad sa aking mga palatuntunan, at ganapin ang aking mga kahatulan at isagawa: at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios." (Ezekiel 11:19-20)*

> *"Ngunit ito ang tipan na aking gagawin sa sambahayan ng Israel pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng PANGINOON: Ilalagay ko ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat iyon sa kanilang mga puso; at ako'y magiging kanilang Diyos at sila'y magiging aking bayan. At hindi na tuturuan ng bawat isa sa kanila ang kanyang kapwa, at ng bawat tao ang kanyang kapatid, na magsasabi, 'Kilalanin mo ang PANGINOON;' sapagkat ako'y makikilala nilang lahat, mula sa pinakahamak sa kanila hanggang sa pinakadakila, sapagkat patatawarin ko ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin pa," sabi ng PANGINOON."*
> *(Jeremias 31:33-34)*

> *"Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, ayon sa kanyang mabuting kalooban." (Filipos 2:13)*

Ang Dios ay hindi gumagawa nang may oposisyon sa kalooban ng tao. Binababago ng Dios ang kalooban ng tao, hinihila sila sa Kanya, binababago ang kanilang pinaka-puso at kalikasan. Silang mga nahirang, binili ng dugo, nilukuban ng Espiritung mga banal ay lumalapit kay Cristo ng buong kalooban. Nagdedesisyon tayo laban sa ating mga sarili at isinusuko ang ating mga sarili sa kalooban ng ating Ama, tulad ng pagsuko ni Jesus ng kanyang mga hangarin sa kalooban ng Kanyang Ama.

> *"Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito; gayunma'y huwag ang kalooban ko ang mangyari kundi ang sa iyo." (Lucas 22:42)*

Pinalaya ng sakripisyo ni Cristo ang mga tao sa pagkaalipin sa kautusan at sa usapang nasusulat sa mga palatuntunan laban sa atin, na hindi naayon sa atin: at ito'y kaniyang inalis, na ipinako sa krus" (Colosas 2:14). Ngayong wala na ang "sumpa ng kautusan" na nakasabit sa ating ulunan, tayo'y malaya ng gawin ang anumang ating hangarin. Ngunit ang nananahang Espiritu ng Dios ang nagbabago ng ating mga hangarin! Ginagawa Niya tayong malaya upang sundin ang ating mga udyok, ngunit hinuhulma Niya ang ating mga udyok! Ginagawa Niyang malaya tayo upang gawin anuman ang ating kasiyahan, ngunit binababago Niya ang ating mga puso ng sa gayon ang ating pinakamalaking kasiyahan ay ang maging kasiya-siya sa Kanya.

> *"Ang lahat ng mga bagay para sa akin ay matuwid;" ngunit hindi lahat ng mga bagay ay makakatulong. "Ang lahat ng mga bagay para sa akin ay matuwid," ngunit hindi ako paaalipin sa anuman." (1 Corinto 6:12)*

Sa dakila at maluwalhating kalayaan ng Kristianismo, tayo'y nilinaw sa bawat isang paglabag at ang Kautusang humahatol sa atin ay lubusang inalis sa daraanan. Gayunpaman, tayo'y patas na tinatahanan ng pagnanais  na gawin ang mga bagay na magdadala ng kaluwalhatian sa ating Dios. Hindi tayo basta mga manika lamang, isiniksik sa Langit ng kung sinong Makapangyarihang Panginoon ng mga manika. Tayo ang mga tagatanggap, laban sa ating mga kalikasan, ng mapagbiyayang hangad na sumunod at maging masunurin sa ating Tagapagligtas. Muli, ang lahat ng may kinalaman patungkol sa ating kaligtasan ay hahantong sa kaluwalhatian ni Cristo at hindi sa ating mga sarili. Ang mga pagtatalo sa free will, sa kabila ng panghalina nito sa panglabas, umaapila sa ating pagiging makasarili at sa natural na gawi na magmapuri  sa ating mga nagawa, ay bigo para makahanap ng kahit pinakamaliit na pahiwatig ng suporta sa Biblia.

## † ANG KAPAMAHALAAN NI CRISTO

Nang lumakad si Jesus sa daigdig, Kanyang ginawa ang awtoridad sa bawat bahagi ng Kanyang nilikha:

- Binago Niya ang kalikasan ng mga hayop ng Siyay'y sumakay sa isang asno na hindi pa kailanman nasasakyan, ginawa itong maamo at mapaglingkod. (Lucas 19:30-35)
- Binago Niya ang kalikasan ng isda ng ginawa Niyang patalunin sila papasok sa mga lambat. (Juan 21:6)
- Binago Niya ang kalikasan ng tubig ng ginawa Niya itong maging alak. (Juan 2)
- Binago Niya ang kalikasan ng mga bagyo ng ginawa Niyang pigilin sila sa isang salita lamang. (Mateo 8:25-26)
- Binago Niya ang kalikasan ng namumukong puno ng igos ng gawin niya itong lanta at mamatay sa pamamagitan ng Kanyang salita. (Mateo 21:18-20)
- Maaari Niyang baguhin ang kalikasan ng mga bato at gawin silang sumigaw, kung napatahimik ang mga tao.
(Lucas 19:40)

Kahalintulad niyan kapag si Cristo ay gumagawa sa puso ng mga tao. Kapag ang Kapama-pamahalaang Panginoon ay nagsalita, ang Kanyang nilikha ay sumusunod sa Kanya. Kapag ipinag-utos Niya na ang isang tao ay mabago, ang taong iyon ay walang kapangyarihan para tumanggi. Ito'y kabuuang hindi maintidihan: na ang Dios na sinalita ang sansinukob upang umiral, na umuupong nakataguyod sa Kanyang trono sa Langit, na nagdedeklara ng kawakasan mula pa sa pasimula at tinatawag ang mga bagay na wala pa na parang nandoroon na, ay natanikalaan ng "kalooban" ng mga nilikhang ang mga buhay ay parang usok lang, na bumabalik sa alabok at hindi man kayang huminga kung walang permiso ng Dios na sa akala nila ay kaya nilang kontrolin.

Para wakasan na ang Dios ay pipiliing iligtas ang ilang tao at si Cristo ay titiisin ang sakit ng pagkawalay sa Kanyang Ama para sa mga taong iyon at pagkatapos ay iiwanan ang kanilang wakas na tadhana sa kanilang makasalanan, ignorante, at rebeldeng mga kamay ay ang tawagin ang Dios na parehong walang kapangyarihan at mangmang. Kung pinagpasyahan ng Dios ang kaligtasan ng isang tao, ang taong iyon ay maliligtas. Aaminin niya ang kanyang kawalan ng katuwiran, at mapagtatanto ang kanyang pangangailangan ng Tagapagligtas. Tulad ni Jonah, siya ay magwawakas, *"Ang kaligtasa'y sa Panginoon!" (Jonah 2:9)*.

Na ang tao ay malilikhang-muli, sa wangis ng Anak ng Dios, hinahanap ang kalooban at ang kasiyahan ng Ama. Siya ay maipapanganak magmuli, ipagpapalit ang kanyang madumi at sariling-makatuwirang mga basahan at isusuot ang malinis at dalisay na damit ng katuwiran sa pamamagitan ni Cristo. Siya ay maniniwala sa natapos na gawa ni Cristo at sa Dios na nagpadala sa Kanya, may pagkakaalam na Sila ang kaparaanan ng kanyang seguridad at ang tanging pag-asa sa buhay na walang hanggan.

Ang pagasa ko para sa inyong lahat ay katulad ng kung ano ang kay Pablo para sa Iglesia sa Efeso:

> *"Upang ang Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ay magkaloob sa inyo ng espiritu ng karunungan at ng pahayag sa isang ganap na pagkakilala sa kanya, yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang malaman ninyo kung ano ang pag-asa sa kanyang pagtawag, kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng kanyang pamana sa mga banal, at kung ano ang di masukat na kadakilaan ng kanyang kapangyarihan sa atin na sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kapangyarihan ng kanyang lakas. Kanyang isinagawa ito kay Cristo, nang kanyang muling buhayin siya mula sa mga patay, at pinaupo sa kanyang kanan sa sangkalangitan." (Efeso 1:17-20)*

Nawa nga'y tanggapin natin ang espiritu ng karunungan, maunawaan ang pahayag ng kaalamang patungkol sa Kanya, gawing ang ating mga mata ay mabuksan at ang ating mga pang-unawa ay maliwanagan, at mapag-alaman kung ano ang pag-asa ng Kanyang pagtawag.

Ang Dios ay tumatawag. Tayo ay tumutugon sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. At tayo'y ginarantiyahan ng pagpasok sa Langit, batay sa Kanyang pasyang itinakda na nuon pang una, sa Kanyang kapama-pamahalang paghirang, sa ganap na paglilinis ni Cristo at sa pagpuno ng Banal na Espiritu. Ang mga elementong iyan ay napakatiyak, napakahigpit at napaka karapat-dapat na pagkatiwalaan na tayo'y mauuwing nakikinita ang ating mga sarili sa katayuan ng buhay na walang hanggan. At iyan ang magdadala sa atin sa panghuli sa limang mga Doktrina ng Biyaya, ang *Pagtitiyaga ng mga Banal*.

IKALIMANG KABANATA

## PAGTITIYAGA NG MGA BANAL

Kung ating aalamin na ang bawat isa sa nakalipas na apat na posisyong-doktrinal ay theolohikal na magaling at totoo sa Kasulatan, kung gayon ang ikalima ay isang konklusyon na hindi matatakasan:

1. Kung ang doktrina ng *Pangkalahatang Kasiraan (Total Depravity)* ay totoo, kung gayon ang buong sangkatauhan ay natural na makasalanan, patay sa espiritual at walang kakayanang gumawa ng kahit anumang bagay para palugurin ang Dios at obligahin Siya para iligtas sila. Kaya, kung ang sinoman ay maliligtas, ito ngang Dios ang dapat na gumawa alang-alang sa mga makalasanan; laban sa walang buhay, walang kakayanan, makasalanang mga nilalang na ibinabangong paitaas ang kanilang mga sarili upang hanapin ang Dios.
2. Kung ang doktrina ng *Walang Kundisyong Pagkahirang (Unconditional Election)* ay totoo, kung gayon ang Dios ay pumili bago pa likhain ang sanglibutan ng isang takdang bilang ng nawalang mga nilalang kung kanino nagpakita Siya ng habag at ng biyaya ayon sa Kanyang sariling layunin at kasiyahan. Hayag ang kanilang makasalanan at bulok na estado, wala ngang kahit anuman sa loob ng sinomang indibidwal na maaaring ikunsidera ng Dios bilang positibong gawa, kaya ang paghirang ng Dios ay magiging walang kundisyon at walang obligasyon.
3. Kung ang doktrina ng *Limitadong Pagtubos (Limited Atonement)* ay totoo, kung gayon si Cristo Jesus ay dumating sa Daigdig at namatay bilang kapalit para sa mga taong hinirang ng Dios, ganap na binigyang-kaluguran ang mga demanda ng

Kautusan, binayaran ang ating pangtubos at siniguro ang ating walang hanggang kaganapan. Ngunit ang sakripisyo at pagkabuhay na maguli tungo sa buhay ay mabisa lamang para sa mga indibidwal na pinili ng Dios inordina para sa buhay na walang hanggan. Ang makasalanang sanglibutan ay hindi yumayakap kay Cristo sa pananampalataya o nakikihati man sa mga kapakinabangan ng Kanyang gawain ng pagtutubos.

4. Kung ang doktrina ng *Hindi Malabanang Biyaya (Irresistible Grace)* ay totoo, kung gayon ang lahat ng hinirang na tao ng Dios ay tinahanan ng Banal na Espiritu, hinihila sila patungo sa Ama at dinadala sila tungo sa pananampalataya sa Anak. Ang kapangyarihan ng Dios na nagsalita ng liwanag sa sangsinukob ay patas na nagsasalita ng liwanag sa kaluluwa ng nadilimang mga makasalanan, dinadala sila tungo sa panibagong kapanganakan, sa pag-gising ng kanilang espiritual na pandamdam at sa pangako ng buhay na walang hanggan. Ang kapangyarihang ito ng Dios para supilin ang Kanyang mga nilalang ay hindi maaaring matalo, di pansinin o labanan. Positibo at buong katiyakang ililigtas ni Jesus ang lahat ng taong hinirang ng Dios.

Yamang ang lahat ng iyan ay tunay, ito'y parehong lohikal at intelektuwal na hindi matatakasang wakasan na ang bawat isang taong ganap at walang kundisyong nilayon ng Dios para sa buhay na walang hanggan ay siguradong mauuwing habangbuhay na ligtas at tiwasay sa presensya ng Ama. Ang isang Dios na makapangyarihan sa lahat ay buong katiyakang titingnan na ang Kanyang plano at hangarin ay ganap na makumpleto. At yaman ngang wala kahit anuman sa loob ng tao ang naging sanhi o nag-obliga sa Dios upang iligtas siya, kung gayon patas rin na walang anumang meron sa taong iyon ang naging dahilan upang pakawalan siya ng Dios, o ihabilin siya sa mga puwersa ng pagkawasak. Tulad na ngang kinakailangan ng isang makapangyarihan at mahimalang gawa ng Dios upang papagbaguhin ang isang makasalanan, ito'y mangangailangan din ng isang kaparehas na makapangyarihan at mahimalang gawa ng Dios para bulukin ang isang naniniwala pabalik sa kanyang dating katayuan.

Kaya nga ang pangwakas na doktrinang ito ay tinawag na "Ang Pagtitiyaga ng mga Banal." Inihahayag ng posisyong ito na ang bawat isa sa mga taong hinirang ng Dios ay nakakatiyak at malinaw na makararating sa kanilang itinadhanang gantimpala. Sila ay magsisipagtiyaga sa kabila ng oras, mga hadlang, mga kalaban at *"ng pagkakasalang pumipigil sa atin." (Hebreo 12:1)*

Ang debate ay sumesentro sa hakang Arminian na maaaring "malaglag" ang mga tunay na mananampalataya at mawala ang kanilang kaligtasan. Isang natural na kadugtong ng akalang iyan ay ang ideya na ang isang tao ay maaaring maligtas at mawalay ng ilang beses sa paglipas ng kanyang buhay. Patuloy na inilalagay ng posisyong-Arminian sa kamay ng walang kakayahang mga rebelde ang responsibilidad para sa wakas na kapalaran ng kahit sinong tao. Kaysa bigyang diin ang kapamahalaan ng Dios sa bawat aspeto ng kaligtasan – lalo na ang seguridad ng lahat ng mananampalataya samantalang nasa kanilang makalupang paglalakbay – naglalagay ng hindi dapat at hindi maipagtatanggol na diin ang posisyong-Arminian sa kapangyarihan ng kalooban ng makasalanang tao hindi lamang para "makuhang maligtas" kundi pati na rin ang manatili sa ligtas na kundisyon.

Ngunit kagaya ng isinaad kanina, kung ang kaligtasan ng mga tao ay isang proyekto ng Dios, batay sa hindi hihigit o kumulang pa kaysa sa biyaya, habag at mabuting kasiyahan ng Isang nagpapasya sa lahat ng mga bagay mula sa pasimula, kung gayon ito'y nangangailangan ng higit pa kaysa pagbabago lamang ng karakter o ng gawain sa parte ng tao upang iwanan siya ng Dios sa kanyang sariling pamamaraan at hayaan siyang mamatay. Ito'y mangangailangan ng isang pagbabago ng kaisipan, isang pagbabago ng pasya, at isang pagbabago ng determinasyon sa parte ng isang hindi nagbabagong Dios.

Ginagamit ng mga theologians ang salitang *hindi magbabago (immutable)* kapag isinasalaysay ang mga katangian ng Dios. Ang ibig sabihin na ang Dios ay walang kakayanang magbago. Hindi Niya binabago ang Kanyang isip, ang Kanyang direksyon, ang Kanyang pasya o ang Kanyang mga intensyon.

> *"Sapagkat akong PANGINOON ay hindi nagbabago, kaya't kayo, O mga anak ni Jacob ay hindi napapahamak." (Malakias 3:6)*

> *"Si Jesu-Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." (Hebreo 13:8)*

> *"Ang Diyos ay hindi tao, na magsisinungaling, ni anak ng tao na magsisisi. Sinabi ba niya at hindi niya gagawin? O sinalita ba niya at hindi niya tutuparin?" (Bilang 23:19)*

Ito ang importanteng karakter at kalikasan ng Dios, isa sa Kanyang tunay na mga katangian, na kung ano ang Kanyang nilayon mula sa pasimula ay sadyang napaka-perpekto na hindi na nito kinakailangan pang baguhin o pag-igihin pa.

> *"Ang bawat mabuting kaloob at ang bawat sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na nanggagaling sa Ama ng mga ilaw, na sa kanya ay walang pag-iiba, o anino man ng pagbabago." (Santiago 1:17)*

Kapag ipinapakilala ni Juan ang persona ni Jesus sa pinakasimula ng kanyang ebanghelyo, binanggit niya Siya bilang *ang Verbo*, mula sa Griego na *logos*. Ito ay isang tanging pangalang ibinigay sa Anak ng Dios, itinatalaga Siya bilang ang "nagsasalitang" ahensiya ng Dios na sa pamamagitan Niya ang lahat ng mga bagay na nalikha ay "sinalita" para umiral. Ang salitang "Logos" ay lumalabas paulit-ulit sa Bagong Tipan, nagtuturo ng

pagsangguni sa Kasulatan bilang ang nasulat na Salita ng Dios at kay Jesus bilang ang nabubuhay na salita ng Dios.

Nang ipadala ng Dios ang Kanyang Anak sa sanglibutan para ganapin ang partikular na tungkulin ng kaligtasan para sa mga hinirang, walang anumang katanungan sa mga tagapayo ng Langit kung ang tungkulin ay magiging kumpleto. Ito ay pinag-pasyahan at binigyang-kapangyarihan sa pamamagitan ng hindi pagbabago ng isang Dios na Makapangyarihan sa lahat. At si Jesus ay hindi babalik sa Kanyang Ama na hindi tinatapos ang pinaka-bagay kung saan Siya ay ipinadala upang gawin.

> *"Magiging gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko; hindi ito babalik sa akin na walang bunga, kundi gaganapin ang ayon sa layunin ko, at magtatagumpay sa bagay na kung saan ay sinugo ko ito." (Isaias 55:11)*

Kung ating kinukunsidera ang sinalitang salita ng Dios, ang nasusulat na salita ng Dios o ang nagkatawang-taong Salita ng Dios, ito ay ibinigay para sa isang layunin at hindi mabibigo sa layuning ito. Ngayong alam mo na ito, mayroon ba kailanman na anumang posibilidad na hindi ibabangon ng Dios ang Kanyang Anak mula sa libingan? Gugustuhin bang – *o maaari bang* – mabigo ang Dios na ibangong muli si Jesus? Ang Mang-aawit ay nagpropesiya ng imposibilidad ng gayong pag-aakala.

> *"Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan." (Awit 16:10)*

Buong katiyakang bubuhaying-muli ng Dios ang pisikal na katawan ng Kanyang Anak. Gayon din naman, walang kahit anumang pinaka-kaunting posibilidad na ang Dios ay mabibigong buhaying-muli ang "Katawan ni Cristo" sa daigdig. Si Jesus at si Pablo ay mariin sa puntong ito. Ang buhay na walang hanggan ay ibinibigay tangi at hindi matatalo sa lahat ng yaong kung kanino si Cristo ay namatay.

> *"Nang masabi na ni Jesus ang mga bagay na ito, tumingala siya sa langit at sinabi, "Ama, dumating na ang oras, luwalhatiin mo ang iyong Anak, upang luwalhatiin ka ng Anak." (Juan 17:1)*

> *"Subalit pinatutunayan ng Diyos ang kanyang pagibig sa atin, na noong tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin. Lalo pa nga, ngayong itinuturing tayong ganap sa pamamagitan ng kanyang dugo, ay maliligtas tayo sa galit ng Diyos sa pamamagitan niya. Sapagkat kung noon ngang tayo'y mga kaaway, ay pinakipagkasundo tayo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak, lalo ngayong ipinagkasundo na, ay maliligtas tayo sa pamamagitan ng kanyang buhay." (Roma 5:8-10)*

Ang reputasyon at ang katapatan ng Dios ang nakasalalay. Mangangako ba ang Dios ng mga tao para sa Kanyang Anak at pagkatapos ay mabibigong ibigay sila sa Kanya? Ipagkasundo ba Niya ang Kanyang Anak ng asawa at pagtapos ay mabigong makita na ang kasalan ay hindi matuloy? Kung ganyan, ang katibayan ng sari-ling mga pangako ni Jesus ay nasa panganib. Mangangako ba si Jesus ng buhay sa mga taong naniwala sa Kanya at pagkatapos ay mabigong ganapin ang transaksyon?

Siguradong hindi.

## † ANG ITATAGAL NG BISA NG KALIGTASAN

Tunay na ginanap ni Cristo ang kaligtasan ng Kanyang mga tao sa krus. Ngunit anong klase ng kaligtasan ba ito? Gaanong katagal ito matatapos? Tatagal ba ito? O may pagkakataon bang ito'y maaaring panandalian lamang?

Isa sa mga pangunahing konsepto sa Biblia, isang matibay na muog, ay ang konsepto ng "buhay na walang hanggan".

> *"At ito ang pangako na kanyang ipinangako sa atin, ang buhay na walang hanggan." (1 Juan 2:25)*

> *"Kayat siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan, upang ang mga tinawag ay tumanggap ng pangako na pamanang buhay na walang hanggan. Yamang naganap ang isang kamatayan na tumutubos sa kanila mula sa mga pagsalangsang sa ilalim ng unang tipan." (Hebreo 9:15)*

> *"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan." (Juan 6:47)*

> *"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig ng aking salita at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan." (Juan 5:24)*

Paulit-ulit ding nagsalita si Jesus patungkol sa *buhay na walang hanggan*:

*“At sila'y sasagutin niya, na nagsasabi, 'Katotohanang sinasabi ko sa inyo, yamang hindi ninyo ito ginawa sa isa sa pinakamaliliit na ito, ay hindi ninyo ito ginawa sa akin.' At ang mga ito'y mapupunta sa walang hanggang kaparusahan, ngunit ang mga matuwid ay sa buhay na walang hanggan.” (Mateo 25:45-46)*

*“Upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” (Juan 3:15-16)*

*“Kaya't sinabi ni Jesus sa labindalawa, "Ibig din ba ninyong umalis?" Sumagot sa kanya si Simon Pedro, "Panginoon, kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.”*
*(Juan 6:67-68)*

*“Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin: At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailanma'y hindi sila mapapahamak, at hindi sila aagawin ng sinuman sa aking kamay.” (Juan 10:27-28)*

*“Nang masabi na ni Jesus ang mga bagay na ito, tumingala siya sa langit at sinabi, "Ama, dumating na ang oras, luwalhatiin mo ang iyong Anak, upang luwalhatiin ka ng Anak, yamang binigyan mo siya ng awtoridad sa lahat ng laman upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kanya. At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at si Jesu-Cristo na iyong sinugo.” (Juan 17:1-3)*

Kapag kinukunsidera natin ang mga salitang tulad ng walang hanggan at eternal, dapat nating tingnan sila mula sa perspektibo ng Dios. Ang Dios ay hindi saklaw ng oras, hindi rin naman siya nahahadlangan nito. Ang oras ay imbensyon ng Dios at ang oras ay nasa ilalim ng pamamahala ng Lumikha. Gumagawa sa labas ng at sa ibabaw ng oras, pinasyahan ng Dios na ang kaligtasan ng Kanyang hinirang na mga tao ay magaganap sa kamatayan ng Kanyang Anak – ang Korderong pinaslang. At ang gawaing sakripisyong iyan ay pinagpasyahan na bago pa man ang pundasyon ng sanglibutan.

> *"Nalalaman ninyong kayo'y tinubos mula sa inyong walang kabuluhang paraan ng pamumuhay na minana ninyo sa inyong mga ninuno, hindi ng mga bagay na nasisira, tulad ng pilak o ginto, kundi ng mahalagang dugo ni Cristo, gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis. Siya ay itinalaga na nang una bago itinatag ang sanlibutan, ngunit inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo. Sa pamamagitan niya ay nanampalataya kayo sa Diyos, na bumuhay sa kanya mula sa mga patay at sa kanya'y nagbigay ng kaluwalhatian, kaya't ang inyong pananampalataya at pag-asa ay nakatuon sa Diyos." (1 Pedro 1:18-21)*

> *"At ang lahat ng naninirahan sa lupa ay sasamba sa kanya, ang lahat na ang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero na pinaslang buhat nang itatag ang sanlibutan." (Pahayag 13:8)*

Ang eternal na Dios ay lumikha ng eternal na utos na reresulta sa eternal na kaligtasan para sa kanila na eternal Niyang minahal. Dahil sa kanilang pinaka-kalikasan, ang mga utos ng Dios ay umaabot hindi lamang pasulong sa oras ng walang hanggang kinabukasan, sila'y patas na dinidipang pabalik ang kalaliman ng walang hanggang nakalipas. Sa ganitong paraan, ang kinahinatnan ng masakripisyong pagtutubos ni Cristo ay buhay na walang hanggan at eternal na kaligtasan, pinasyahan sa walang hanggang nakalipas at ginarantiya sa walang hanggang kinabukasan.

> *"Nalalaman ko na anumang ginagawa  ng Diyos ay mananatili magpakailanman; walang bagay na maidadagdag doon, o anumang bagay na maaalis. Gayon ang ginawa ng Diyos upang ang tao ay matakot sa harapan niya. Ang nangyayari ay nangyari na; at ang mangyayari pa ay nangyari na; at hinahanap ng Diyos ang nakaraan na." (Eclesiastes 3:14-15)*

Kasing-tiyak ng mangyayari sa kanya sa Langit, ang isang nahirang na mananampalataya ay makatitiyak din naman sa kaligtasan saanmang punto sa makalupang buhay na ito. Sa katunayan, ang kanyang kaligtasan ay sinigurado na mahabang panahong bago pa man ang kanyang sariling pagbabago. Ang Dios, na naghangad ng kanyang mapangyaring pagbabago, ang nagkokontrol ng mga pangyayari sa kanyang buhay at isinasaayos ang bawat hininga at tibok ng puso. Sa Kanyang sariling oras, batay sa Kanyang sariling mabuting kasiyahan, inihahayag ng Dios ang Kanyang sarili sa nahirang na tao. Ang hindi nagbabagong pasya ng Dios patungo sa isang makalangit na patutunguhan para sa taong iyon ay sinigurado na bago pa man ang taong iyon ay nabuo sa sinapupunan.

Ang eternal na kasiguraduhan ay hindi nagsisimula sa isang gawa ng kalooban, sa isang paghahayag ng pananampalataya, bautismo o pagkukumpisal. Ito'y nagsimula sa kaisipan ng Dios, bago pa man likhain si Adan. Ang mga pangyayari sa buhay

ng mananampalataya ay simpleng magdadala sa kanya upang mapag-alaman ang katotohanang ito.

> *"At nalalaman natin na sa lahat ng mga bagay ang Diyos ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, sa kanila na mga tinawag alinsunod sa kanyang layunin." (Roma 8:28)*

Anumang kay liit na kasiguraduhang nais na aminin ng Arminian ay karaniwang nagsisimula sa punto ng pagbabago at pasulong na tumatagal sa hinaharap. Ngunit iyan ay "hindi kumpleto" o "temporal" na kaligtasan – hindi ang eternal na kaligtasan. Ang isang kaligtasang maaaring mawala ay hindi tunay na "eternal"

Muli, ang ating seguridad ay hindi nakasalalay sa kapangyarihan ng ating mga kalooban, ng ating laman, o ng ating nais. Ang ating seguridad ay matibay na nakapundasyon sa hindi nagbabagong mga pasya ng Dios.

## † PARA SA KANYA NA SIYANG PANGWAKAS

Kaya, kung pinagpasyahan ng Dios na ang kaligtasang nasiguro kay Cristo ay tiyak at eternal, ilan kaya sa mga nahirang na hinangad ng Dios upang maligtas ang talagang maliligtas?

Lahat sila.

Si Jesus ay hindi makapagwawala ng kahit isa mang tupa na para sa mga ito'y ibinuhos Niya ang Kanyang dugo.

> *"Ano sa palagay ninyo? Kung ang isang tao ay may sandaang tupa, at isa sa kanila ay naligaw. Hindi ba niya iiwan ang siyamnapu't siyam, sa kabundukan, at hahayo upang hanapin ang naligaw?*

*At kung matagpuan niya ito ay katotohanang sinasabi ko sa inyo, magagalak siya rito nang higit kaysa siyamnapu't siyam na hindi naligaw. At kung matagpuan niya ito ay katotohanang sinasabi ko sa inyo, magagalak siya rito nang higit kaysa siyamnapu't siyam na hindi naligaw. Kaya't hindi kalooban ng inyong Ama na nasa langit na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak." (Mateo 18:11-14)*

Ang kapangyarihan ng Dios na pagharian ang Kanyang kaharian ay ang kasiguraduhan na pananatilihin ni Jesus ang pananampalataya ng Kanyang mga hinirang. Ang ipagpalagay na hindi dadalhin ni Cristo ang bawat huling natubos na banal patungong kaluwalhatian ay ang ipagpalagay na ang Dios mismo ay maaaring pabagsakin mula sa Kanyang trono. Kung ang isang tao na hinirang ng Dios ay mabigong manahin ang pangakong Makalangit, ang sariling deklarasyon ni Cristo na, *"At muli, Narito, ako at ang mga anak na ibinigay sa akin ng Dios" (Hebreo 2:13)* ay babalik ng walang kabuluhan sa Kanyang Ama. Ngunit, ang kalooban ng Tagapamahala ay mahigpit at tiyak. Ito ay maisasaganap, sapagkat walang sinoman ang makasisira sa Kanyang kapasyahan.

*"Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin: At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailanma'y hindi sila mapapahamak, at hindi sila aagawin ng sinuman sa aking kamay. Ako at ang Ama ay iisa." (Juan 10:27-30)*

*"At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin na sa lahat ng ibinigay niya sa akin ay huwag kong iwala ang anuman, kundi muli kong bubuhayin sa huling araw." (Juan 6:39)*

Sa Getsemani, ipinanalangin ni Jesus na ipagpatuloy na alagaan ng Kanyang Ama ang Kanyang mga nahirang habang Siya'y paalis na sa daigdig:

> *"Habang ako'y kasama nila, iningatan ko sila sa iyong pangalan, sila na ibinigay mo sa akin. Sila'y binantayan ko, at isa man sa kanila ay walang napahamak, maliban sa anak ng kapahamakan, upang matupad ang kasulatan." (Juan 17:12)*

Walang katanungang inaakay tayo ng mga talatang ito upang wakasan na ninanais ni Jesus na dalhin ang bawat isang naniniwalang hinirang na ligtas patungong Kaluwalhatian. Maaari bang mabigo magpakailanman ang kalooban ng Ama at ang malinaw na hangarin ng Anak dahil sa "isang iyon na nakawala" sa plano ng kaligtasan? Ang isang tao ba, puno ng kayabangan, matigas sa kanyang sariling-kalooban, ay maaaring gumawa ng sapat na kapamahalaan upang wasakin ang ganap na napaka-walang hanggang mga pasya sa mga konseho ng Langit?

Huwag nawang papangyarihin ng Dios.

## † ANG BINHI NG AHAS

> *"Sinabi ng PANGINOONG Diyos sa ahas, "Sapagkat ginawa mo ito ay isinumpa ka nang higit sa lahat ng hayop, at nang higit sa bawat mailap na hayop sa parang; ang iyong tiyan ang ipanggagapang mo, at alabok ang iyong kakainin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay. Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi.*

*Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong." (Genesis 3:14-15)*

Ang nag-iisang, mapalad na Binhi ng Dios na Siyang dumurog sa ulo ni Satanas ay walang iba kungdi si Cristo Jesus. Ngunit mula sa sandali ng deklarasyong iyon, hinati na ng Dios ang buong sangkatauhan sa dalawang grupo:

1) Ang pinagpalang lipi: ang binhi ng babae.
2) Ang isinumpang lipi: ang binhi ng ahas.

Ang mga hinirang na mananampalataya, nakalaan para sa Langit, ay malinaw na sa mapalad na lipi. Walang "alanganing lugar" at walang nasa gitna. Ngayon ito ang punto: para maiwala ng isang tao ang kanyang eternal na pamana ay kinakailangang ipagpalit niya ang kanyang katayuang kasama sa pinagpalang lipi upang maging isang anak ng Diablo. Ito ay higit pa kaysa isang intelektuwal na "pagbabago ng isip" lamang. Upang mailaglag ang isang naligtas na tao, nangangailangan ng isang ganap na pag-iiba sa kanyang eternal na karakter at kapalaran. Ngunit ang Biblia na rin ang nagsasabi na ang ganitong konsepto ay imposible.

Kapag ang Banal na Espiritu ng Dios ay tumahan sa isang lalaki o babae, sila ay mabisang ligtas laban sa kahit anumang pagsalakay mula sa mga dimonyo, o kahit kay Satanas na mismo.

*"Alam natin na ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi patuloy na nagkakasala; subalit ang ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kanyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama." (1 Juan 5:18)*

Nang hinarap ng mga Pariseo si Jesus at inakusahan Siya ng pagpapalayas ng mga dimonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Beelzebub, sinabi Niyang ang dalawang malakas na lalaki ay hindi maaaring manirahan sa iisang bahay. Kapag ang Banal na Espiritu ay pumasok sa isang tao na dati'y kinokontrol ni Satanas, iginagapos ng Espiritu ang dimonyo at itinatapon siya sa labas. Kapag ang nakahihigit na lakas ng Banal na Espiritu ay nanirahan sa bahay, hindi na ito kailanman masisira.

*"O paano bang makakapasok ang sinuman sa bahay ng malakas na tao at nakawin ang mga ari-arian nito, kung hindi muna gagapusin ang malakas na tao? At saka pa lamang niya mapagnanakawan ang bahay nito." (Mateo 12:29)*

*"Ngunit kung sa pamamagitan ng daliri ng Diyos ay nagpapalayas ako ng mga demonyo, dumating na nga sa inyo ang kaharian ng Diyos. Kapag ang isang taong malakas at nasasandatahang mabuti ay nagbabantay sa kanyang sariling palasyo, ang kanyang mga ari-arian ay ligtas. Subalit kung may dumating na mas malakas kaysa kanya at siya'y talunin, kukunin nito sa kanya ang lahat ng sandata na kanyang pinagtiwalaan at ipamimigay nito ang mga nasamsam niya." (Lucas 11:20-22)*

*Kayo'y sa Diyos, mga munting anak, at inyong dinaig sila sapagkat siyang nasa inyo ay higit na dakila kaysa sa nasa sanlibutan." (1 Juan 4:4)*

Kaya, nalalamang ang dimonyo ay walang kapangyarihang protektahan ang anumang muog laban sa nakahihigit na lakas ng ating Panginoon at hindi madadampian ang kahit sinong binili na ni Cristo, papaanong magiging posible para sa isang tao na maging sobrang tinukso na dahil dito'y buong kalooban niyang ipagpapalit ang kanyang makalangit na katayuan para sa tiyak na kaparusahan ng impierno? Ayon kay Pablo, ang mga pagsubok ng buhay na ito ay hindi maaaring sirain ang bigkis ng pagibig at kaligtasan na mayroon tayo kay Cristo.

*“Walang tuksong dumating sa inyo na hindi karaniwan sa tao, subalit tapat ang Diyos, na hindi niya ipahihintulot na kayo'y tuksuhin nang higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay naglalaan ng pag-iwas upang ito'y inyong makayang tiisin.” (1 Corinto 10:13)*

Maski ang bulaang mga propeta at ang Anti-kristo mismo ay walang kakayahang impluwensiyahan ang mga kaisipan nila na pinaligiran ng Dios at ginawan Niya ng bakod ng proteksyon. (Job 1:10)

*“Hindi ba't binakuran mo siya at ang kanyang sambahayan, at ang lahat ng nasa kanya sa bawat dako? Pinagpala mo ang gawa ng kanyang mga kamay, at ang kanyang mga pag-aari ay dumami sa lupain.” (Job 1:10)*

*“Sapagkat lilitaw ang mga bulaang Cristo at ang mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan, anupa't ililigaw, kung maaari, pati ang mga hinirang.” (Mateo 24:24)*

Ngunit ito nga’y hindi posible. Ang mga hinirang ay magpasawalang-hanggang ligtas mula sa mga kapangyarihan ni Satanas na naghahanap ng pagkakataong hilahin tayo papalayo mula sa mapagkalingang kamay ng Dios. Sa katunayan, binigyan tayo ni Pablo ng napaka-kumpletong listahan ng hindi mabilang na mga impluwensyang maaaring sumubok upang alisin tayo mula sa ating kaligtasan.

*“Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kahirapan ba, o ang kapighatian, o ang pag-uusig, o ang taggutom, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak?... Sapagkat ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, ni ang buhay, ni ang mga anghel, ni ang mga pinuno,*

*ni ang mga bagay na kasalukuyan, ni ang mga bagay na darating, ni ang mga kapangyarihan, ni ang kataasan, ni ang kalaliman, ni ang alin pa mang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Dios, na na kay Cristo Jesus na Panginoon natin." (Roma 8:35, 38-39)*

Ang terminong "*alin pa mang nilalang*" ay kasama ang tao. Dito'y kasama rin ang nag-iisang tao na susubok na kuhanin ang responsibilidad para sa kanyang sariling kaligtasan, o sa kawalan nito. Hindi tayo ligtas dahil tayo'y walang kapintasan at tapat. Ngunit tayo'y ligtas sapagkat ang Dios ay walang kapintasan at tapat.

*"Kung tayo'y hindi tapat, siya'y nananatiling tapat; sapagkat hindi niya maipagkakaila ang kanyang sarili." (2 Timoteo 2:13)*

## † MGA PAGTATALO

Ang pinaka-pangkaraniwang hindi pagkakasundo sa doktrinang ito ay nag-uugat higit sa karanasan kaysa mula sa Kasulatan. Ang iglesia ay palagi na lang napuno ng "kunwari'y" mga naniniwala na nagbibigay ng panglabas na mga palatandaan ng aktuwal na pagbabago, ngunit pagdaka'y "mahuhulog" at mawawalan ng interes sa mga bagay na patungkol sa Dios. Sa miron, ito'y nagmumukhang pagkawala ng kaligtasan. Ngunit nagbabala si Jesus sa mga gayong uri ng mga tao.

Sa Kanyang talinghaga ng maghahasik, sinasabi sa atin ni Jesus na ang binhi, ang Kanyang salita, ay pumupunta sa iba't-ibang klase ng lupa:

*“Ito ang mga nasa tabi ng daan na nahasikan ng salita. Nang kanilang mapakinggan ito, agad dumating si Satanas at inagaw ang salitang inihasik sa kanila. Gayundin naman ang mga nahasik sa batuhan, nang marinig nila ang salita, agad nila itong tinanggap na may galak; at hindi ito nagkaugat sa kanilang sarili, kundi panandalian lamang. Kaya't nang dumating ang kapighatian o ang mga pag-uusig dahil sa salita, kaagad silang tumatalikod." Ang iba'y nahasik sa tinikan. Ang mga ito ang nakinig ng salita, ngunit ang mga alalahanin ng sanlibutan, ang pang-akit ng mga kayamanan, at ang mga pagnanasa sa ibang bagay ay pumasok at sinakal ang salita at ito'y hindi nakapamunga. Ang mga ito ang nahasik sa mabuting lupa: narinig nila ang salita, tinanggap ito at namumunga ng tatlumpu, animnapu at isandaan.” (Marcos 4:15-20)*

Ang mga taong tinukoy ni Jesus bilang “batuhan” ay tinatanggap ang mabuting balita ng may kagalakan at sumisibol ng mabilis, nagbibigay ng indikasyon na sila nga’y tunay na mabuting lupa. Ngunit, pagkatapos lamang nilang masaktan at tumalikod papalayo ay makukuha natin ang kabatiran sa kanilang tunay na kalikasan. Ang pag-alis na iyan ang katibayan na sila’y hindi kabahagi ng hinirang na iglesia sa simula pa lamang.

*“Sila'y lumabas sa atin, ngunit sila'y hindi sa atin; sapagkat kung sila'y kabilang sa atin ay magpapatuloy sana silang kasama natin. Ngunit sa paglabas nila ay ginawa nilang maliwanag na silang lahat ay hindi kabilang sa atin.” (1 Juan 2:19)*

Ang pag-alis ng ganyang mga tao mula sa pananampalataya ni Cristo ay hindi pruweba na maaaring maiwala ng isang tao ang kanyang kaligtasan;  ito nga’y katibayan na kahit ang pinaka-totoong mga pagsisikap ng laman ay hindi maaaring magbunga ng isang tunay at hindi kumukupas na pananampalataya.

Ang panglabas na kaanyuhan ay nakalilinlang. Ang dimonyo mismo ay maaaring magpanggap na isang mananampalataya.

> *"At hindi nakapagtataka! Sapagkat maging si Satanas man ay nagpapanggap na anghel ng liwanag. Kaya't hindi nakapagtataka na ang kanyang mga ministro naman ay magpanggap na mga ministro ng katuwiran. Ang kanilang wakas ay magiging ayon sa kanilang mga gawa." (2 Corinto 11:14-15)*

Gayunpaman ang katotohanan ay palagiang maihahayag at dapat tayong magpasalamat na nililinis ng Dios ang katawan ng iglesia at itinataboy ang mga mandarayang sangkap.

> *"Nangyari sa kanila ang ayon sa tunay na kawikaan, "Nagbabalik muli ang aso sa kanyang sariling suka," at, 'Ang babaing baboy na nahugasan na, sa paglulublob sa putik." (2 Pedro 2:22)*

Ang siping ito sa 2 Pedro 2:22 ay karaniwang ginagamit ng mga debatistang Arminian para makipagtalo na maaaring maiwaglit ng tao ang kanilang kaligtasan at manumbalik sa kanilang dating katayuan, gaya ng mga asong bumabalik sa kanilang sariling suka at mga baboy na bumabalik sa putikan. Ngunit, pansinin na ang pagbanggit ni Pedro nang mga hayop na bumabalik sa kanilang dating mga asal ay walang pagtukoy patungkol sa "tupa." Ang mga binago tungo kay Cristo ay tinatawag na tupa dahil sa sumusunod sila sa kanilang pastol. Hindi nakipagtalo si Pedro na ang tupa ay biglaang naging baboy o mga aso. Ang dahilan na ang mga aso at baboy ay bumabalik sa kanilang dating mga gawi ay sa kadahilanang sila, sa katunayan, ay mga

aso at baboy. Hindi sila mga tupa. Hindi sila sumusunod sa pastol. Hindi sila kabahagi ng Kanyang kawan. Ang mga baboy ay palagiang magiging mga baboy, kahit na kuskusin mo man sila ng matagal. Ang mga aso ay palagiang magiging mga aso, kahit na sila'y nasa kalagitnaan ng mga tupa. Ngunit ang kanilang tunay na kalikasan ay mangingibabaw at sila'y magsisibalik sa kanilang dating mga gawi.

Sa isang banda, ang pag-aakala na maaaring maiwaglit ng isang tao ang kanyang kaligtasan ay lumilikha ng sarili nitong mga problemang theolohikal. Halimbawa, kung ang Dios ay nakaka-alam ng lahat, bakit Niya hahayaan ang isang tao na minsan ng "naligtas" na mabuhay pa ng matagal para lamang talikdan at wasakin niya ang kanyang sariling seguridad? Hindi ba ito'y magiging mas makatarungan at patas para sa Dios na patayin na lang ang taong iyon habang siya ay nasa isang katayuan pa ng paniniwala kaysa sa payagan siyang manatili sa daigdig nang mahaba-haba pa para lang "malaglag"? Dapat bang hindi kumilos ang pagkalinga ng Dios na nakaka-alam-sa-lahat upang iligtas ang taong iyon habang ito'y posible pa?

O, yamang ipinapangaral ng Hebreo 10:14 na sa pamamagitan ng isang sakripisyo ni Cristo ay Kanyang *"pinasakdal magpakailan man ang mga pinapagiging-banal,"* papaanong ang isang *"pinasakdal magpakailanman"* na tao ay pipiliing bumalik sa pagiging imperpekto, napag-aalaman na itong "pagsasakdal" *(pagpeperpekto)* na ito'y hindi naganap dahil sa kanyang sariling kalooban o kapangyarihan sa simula pa lamang?

O simple bang pupunta siya ng impierno na perpekto?

## † ANO YUNG MAHULOG MULA SA BIYAYA?

Isa pang popular na pakikipagtalong labas-sa-konteksto ang bumabangon kapag maling isinalarawan ng mga tao ang Kasulatan na sinasabi raw nito na ang isang tao ay maaaring "mahulog mula sa biyaya." Ipinahihiwatig ng kanilang argumento na maaaring maiwala ng isang tao ang kanyang kaligtasan dahil siya ay nahulog mula sa  mapagpanatiling kabutihan ng Dios. Ngunit minsan pang ang tamang konteksto ang magwawaksi sa kanilang maling

kaisipan. Ang katagang "nahulog mula sa biyaya" ay lumabas lamang ng minsan sa Kasulatan:

> *"Kayo'y hiwalay kay Cristo, kayong mga nagnanais ariing ganap sa pamamagitan ng kautusan; nahulog kayo mula sa biyaya." (Galacia 5:4)*

Sa konteksto, medyo mahirap mapagkamalan ang pakahulugan ni Pablo. Si Pablo ang apostol para sa mga Hentil. Palagian niyang ipinagtanggol ang Bagong Tipang doktrina ng kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya lamang laban sa mga Hudyo *(Judaizers)* na nagpumilit na ang mga Kristiano'y obligadong panghawakan ang Kautusan ni Moises. Para pabulaanan ang gayong aral, iginiit ni Pablo na kung sinuman ang umaasa sa kanyang sariling makalamang mga kakayahan para iligtas ang kanyang sarili ay *"nahulog mula sa"* o *lumiban na mula sa seguridad ng"* mapagbiyayang kaligtasan. Ang sigurado at tiyak na gawain ni Cristo ay walang anumang bisa sa mga taong nagpupumilit na tuparin ang kautusan bilang paraan ng ikaaaring-ganap sa harapan ng Dios.

Ang talatang ito ay malinaw na kaibahan sa pagitan ng mga hinihiling ng luma at bagong mga tipan. Hindi ito ang batayan ng anumang doktrinang nagtataguyod ng hindi makatuwirang pagkawala ng kaligtasan.

### † "GAWIN ANG INYONG SARILING PAGKALIGTAS"

Isa pang popular na di-pagkakasundo ay nasa tonong tulad nito: "Hindi ba sinabi sa Biblia na gawin natin ang ating sariling pagkaligtas na may takot at panginginig?" Ang pahiwatig ng argumentong ito ay ang pagpapa-alala ni Pablo sa mga mananampalataya na gumawa ng aktibong tungkulin upang siguruhin ang

Langit sa pamamagitan ng paggawa nito para sa kanilang mga sarili. Ilagay rin natin ang isang ito sa kanyang konteksto.

Isinulat ito ni Pablo para sa mga mananampalataya – sa iglesia ng Filipos. Naipangaral na niya sa kanila ang Doktrina ng Kapama-pamahalang Biyaya. Sa katunayan, binuksan ni Pablo ang sulat niya sa mga tiga-Filipos sa pagbating ito:

> *"Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. Ako'y nagpapasalamat sa aking Diyos tuwing kayo'y aking naaalala, na laging nananalanging may kagalakan sa bawat panalangin ko para sa inyong lahat, dahil sa inyong pakikibahagi sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, mula nang unang araw hanggang ngayon. Ako'y panatag sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa ay siyang magtatapos nito hanggang sa araw ni Jesu-Cristo."*
> *(Filipos 1:2-6)*

Pinarangalan ni Pablo ang Dios sa pagpapasimula ng mabuting gawa ng pagdadala sa mga mananampalatayang ito sa pakikisama sa ebanghelyo at muli niyang pinagtibay ang kanyang tiwala na ipagpapatuloy ng Dios at kukumpletuhin ang anumang Kanyang mag-isang sinimulan. Subalit si Pablo ay tinawag para maging isang misyonaryo. Bilang ganoon, hindi siya nanatili sa isang lugar ng matagalang panahon. At ang kanyang sulat para sa Filipos ay isinulat pagkatapos niyang umalis doon.

> *"Kaya nga, mga minamahal ko, kung paanong lagi ninyo akong sinusunod, hindi lamang sa harapan ko, kundi higit ngayon na ako'y hindi ninyo kasama, ay isagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan na may takot at panginginig." (Filipos 2:12)*

Ngayong siya'y wala, iniwanan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Filipos upang pangasiwaan ang gawain ni Cristo na wala siya. Subalit itinuro niyang ito'y hindi dapat daanin sa

pagbibiro. Dapat nilang pakitunguhan ang tungkulin na may *takot* – ang Griegong *phobos*, kung saan natin kinukuha ang salitang *phobia*, at *panginginig* – ang Griegong *tromos*, na kung saan natin kinukuha ang salitang *trauma*.

Ngunit upang pabulaanan ang maling pagpapaliwanag ng Filipos 2:12 na nagpupumilit na ipinangangaral daw sa atin ni Pablo na kuhanin ang responsiblidad para siguraduhin ang ating sariling kaligtasan, kailangan lang nating basahin ang talatang sumusunod dito:

> *"Sapagka't Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa kanyang mabuting kalooban." (Filipos 2:13)*

Ang kaalaman ni Pablo patungkol sa soberanong pag-aalaga ng Dios sa iglesia ng Filipos ang nagbigay sa kanya ng tiwala na iwanan sila sa mga kamay ng Dios. May katiyakang, kung ipinagpipilitan ni Pablo na ito ngang Dios mismo ang nagdudulot upang ibaling natin ang ating atensyon sa Kanya at itaguyod ang ating mga sarili batay sa Kanyang mabuting kasiya-han, hindi siya nakikipagtalo na tayo ang dahilang magpapasya para sa ating kaligtasan. Ang anumang interpretasyon ng mga talatang ito na dumadating sa gayong konklusyon ay ganap na sumablay sa pakahulugan ni Pablo.

† NGUNIT PAPAANO NAMAN ANG MGA NADULAS PABALIK? *(BACKSLIDERS)*

Sa kabila ng popular na paggamit ng salitang "backsliding" sa modernong Kristianong pakikipagusap, ang salitang iyan ay hindi lumabas sa Bagong Tipan. Wala sa mga anyo nito – *backslide, backslider, backslidden* – ay kailanman ginamit sa isang Kristiano. Wala kahit minsan. Ang *Backsliding* ay ginamit lamang sa Lumang Tipan bilang pagsasalarawan sa bansang Israel ng sila'y nabigo sa pagsunod sa mga kautusan at pamumuno ng Dios. Ang mga Kristiano ay lubusang binili ng kanilang Panginoon, sumusunod sa kanilang Pastol at tumatalima sa kanilang Hari o sila'y hindi Kristiano. Walang ganyang wika sa Biblia tulad ng *"backslidden na Kristiano"* o *"karnal na Kristiano"*. Mayroon lamang mga makasalanan na iniligtas ng biyaya. Ang haka ng *backslidden* o karnal na mga Kristiano ay pumapasok sa ating aral-Kristiano bilang lohikal na kinahinatnan ng Arminian na pag-iisip. Nagsisimula ito sa palagay na ang lahat ng dapat gawin ng tao para siguraduhin ang kanilang walang-hanggang pagsama sa Dios ay ang simpleng pagpapahayag ng kanilang pananampalataya o ang pagsasambit ng *"sinner's prayer."* Kapag nasambit na ang mga salitang iyan o nasundan ang ganyang pamamaraan, ang mga "bagong nagbalik-loob" na ito ay karaniwang pinapa-asa na sila ngayon ay ligtas na at wala ng makapagpapabago sa kanilang kapalaran. Ito ay klasikong *"once saved always saved"(minsang naligtas ay palagi ng ligtas)* na theolohiya – isang oposisyon sa doktrinang Biblikal ng Kasiguraduhang Eternal (*Eternal Security)*. Inilalagak ng theolohiyang *"Once saved always saved"* ang responsibilidad para sa kaligtasan sa pagkukumpisal ng makasalanan, samantalang ganap na inilalagay ng Biblikal na *eternal security* sa paanan ng soberanong Panginoon ang responsibilidad ng kaligtasan.

Ang problema'y lumalabas kapag ang mga "nagbalik-loob" sa *"easy believe-ism"* (madaling paniniwala) na mga ito ay mabigong tunay na magsisi, magbago o mamuhay ng buhay-Kristiano. Papaano sila uuriin? Hindi na ba sila mga Kristiano? Ayon sa Arminian, ang kanilang pagkabigo na magbunga ng anumang bunga ng tunay na pagbabago ay hindi magpaparupok sa

kanilang tunay na kaligtasan. Sila ay simpleng “nag-*backslide*” o mga *“carnal Christians”*. Ngunit muli, ang Biblia ay hindi nagpapahintulot para sa ganyang mga pumapagitnang-kategorya sa mga tinubos. Kahimang ang isang tao ay nailigtas ng ganap at mabisa sa pamamagitan ng pagtutubos ni Cristo o siya’y hindi ligtas. At silang mga naligtas ay maaasahang magbunga ng mga bunga ng pagsisisi at katuwiran.

Ngayon, hindi ako nakikipagtalo na ang lahat ng mga Kristiano – o talagang kahit sinong mga Kristiano – ay kailanma’y makapagtatamo ng perpeksyon o ng personal na katuwiran. Sinasabi ko na ang kalikuan ng kanilang mga buhay ay maitutuwid palayo mula sa kanilang sariling makasalan at makalamang mga pagnanasa patungo sa pagnanais na mabigyang kaluguran ang kanilang Panginoon. Ang tunay na pagbabago ang nagsisimula ng proseso ng pagbabago. Ito’y hindi nangyayari ng biglaan. Sa tabi ng daan ang mga tupa’y naliligaw, nagkakasala ang mga makasalanan, at ang mga taong imperpekto ay nadarapa. Ngunit tayo’y hindi pinapanatiling ligtas ng ating sariling kakayahan para tamuhin ang kaganapan:

> “Ako'y ililigtas ng Panginoon sa bawat masamang gawa at ako'y kanyang iingatan para sa kanyang kaharian sa langit. Sumakanya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.” (2 Timoteo 4:18)

Bagamang tayo’y nadarapa, tayo’y iingatan mula sa pagkawasak sa pamamagitan ng hindi nabibigong biyaya ng Dios.

> *“Ngayon sa kanya na may kakayahang mag-ingat sa inyo mula sa pagkatisod, at sa inyo'y makapaghaharap na walang kapintasan sa harapan ng kanyang*

*kaluwalhatian na may malaking kagalakan, sa iisang Diyos na ating Taga-pagligtas, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon, sumakanya nawa ang kaluwalhatian, ang karangalan, ang kapangyarihan at ang kapamahalaan, bago pa ang lahat ng panahon, at ngayon at magpakailanman. Amen." (Judas 24-25)*

*"Ang mga lakad ng isang tao ay ang PANGINOON ang nagtatatag; at siya'y nasisiyahan sa kanyang lakad; bagaman siya'y mahulog, hindi siya lubos na mabubuwal, sapagkat ang PANGINOON ang aalalay sa kanyang kamay. Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda na; gayunma'y hindi ko nakita na ang matuwid ay pinabayaan, ni ang kanyang mga anak ay namamalimos ng tinapay. Siya ay laging mapagbigay at nagpapahiram; at ang kanyang mga anak ay nagiging pagpapala." (Awit 37:23-26)*

*"Ikaw na aking kinuha mula sa mga dulo ng lupa, at tinawag kita mula sa mga pinakamalayong sulok niyon, na sinasabi sa iyo, "Ikaw ay aking lingkod, aking pinili ka at hindi kita itinakuwil. huwag kang matakot, sapagkat ako'y kasama mo, huwag kang mabalisa, sapagkat ako'y Diyos mo; aking palalakasin ka, oo, ikaw ay aking tutulungan; oo, ikaw ay aking aalalayan ng kanang kamay ng aking katuwiran."*
*(Isaias 41:9)*

Samantalang ito'y tiyak na totoo na ang mga Kristiano ay nabibigo, hindi tayo pinananatili ng ating kakayahang panghawakan si Cristo, tayo ay pinananatili ng kakayahan ni Cristo na panghawakan tayo. Hindi tayo ipagkakanulo ng kanyang mahabaging pagpapahinuhod.

*"Hindi niya babaliin ang tambong nasugatan, o papatayin ang nagbabagang mitsa, hanggang ang katarungan ay dalhin niya sa tagumpay." (Mateo 12:20)*

*“Umiwas kayo sa pag-ibig sa salapi at kayo'y masiyahan na kung anong mayroon kayo, sapagkat sinabi niya, "Sa anumang paraan ay hindi kita iiwan, o pababayaan man.” (Hebreo 13:5)*

Palagian na lamang tayong malalaglag na nagkulang habang tayo’y nakatira sa mga templong ito ng laman na may kanser ng kasalanang dumadaloy sa ating mga ugat. Iyan nga ang dahilan kung bakit ang pangako ng buhay na walang hanggan ay gayon din namang ang pangako ng isang bago at perpektong katawan na maisusuot sa ating bagong perpektong tirahan.

*“Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Tapat ang sa inyo'y tumatawag, na gagawa rin naman nito.”*
*(1 Tesalonica 5:23-24)*

## † ANG HALIMBAWA NI PEDRO

Sa lahat ng mga alagad na pinili ni Cristo, makikita natin ang pinaka-kumpletong “larawan ng personalidad” kay Pedro. Ang larawang nakikita natin ay ang palagiang paglusong at paggapang, pananampalataya at kabiguan. Ngunit nakatahing parang isang ginintuang sinulid sa buhay ni Pedro ay nakatatagpo tayo ng walang tigil na suporta, kapatawaran at pagpapanatili sa pamamagitan ni Cristo.

Halimbawa, si Pedro lamang ang alagad na harapang tinawag ni Cristo na “Satanas” sa kadahilanang hindi niya maaninaw

ang espiritual na kahalagahan ng kinakailangang kamatayan ni Cristo. (Mateo 16:23) Ngunit, ang kakulangan ba ng pang-unawa ni Pedro ang sanhi nang kanyang pagkawasak? Hindi, pagkatapos ay sinabi sa kanya ni Jesus, *"hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo: subalit ako ay nanalangin para sa iyo upang ang iyong pananampalataya ay huwag mawala." (Lucas 22:31)* Iwan sa kanyang sarili, pihadong nagpatuloy si Pedro sa kanyang kawalan ng malay at rebelyon. Ngunit pinanatili ni Cristo ang kanyang pananampalataya, ipinalangin siya at pinagtibay siya.

Si Pedro din ang tanging alagad na nakalakad sa binabagyong karagatan upang makalapit kay Jesus. Isang sandali ng mahimalang tagumpay! Ngunit habang nasa tubig ay napuno siya ng pangamba at pag-aalinlangan at nagsimulang lumubog. Tinawag siya ni Jesus na *"kayong kakaunti ang pananampalataya."* Ang kakulangan ba ng pananampalataya ni Pedro ang nagdulot ng kanyang eternal na pagkawasak? Hindi. Dagliang pagkatapos na sumigaw ni Pedro ng *"Panginoon iligtas mo ako!"* ay daglian ding ini-unat ni Cristo ang kanyang kamay at dinala siya palayo sa unos (Mateo 14:31). Nabigo si Pedro ngunit nanatili si Cristo.

Sa Bundok ng Transpigurasyon, hindi naunawaan ni Pedro ang pagka-Panginoon ni Cristo sa mga pinuno ng Lumang Tipan, sina Moises at Elias, ang kinatawan ng "kautusan at ng mga propeta." Nais magtayo ni Pedro ng tatlong mga tabernakulo para sambahin sila ng may kapantayan. Ngunit itinama si Pedro ng Dios mula sa langit na nagsasabing, *"Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan; siya ang inyong pakinggan." (Mateo 17:5)* Iwan sa kanyang sariling pangunawa, hindi kailanman mapagtatanto ni Pedro ang higit na kagalingan ni Cristo at ng Bagong Tipan ng kaligtasan sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Subalit si Pedro ay hindi iniwang sumandal sa sarili niyang pang-unawa. Siya ay ginabayan at inaralan ng Dios. Ang mga teolohikal na pagkukulang ni Pedro ay maaaring nanguna patungo sa kanyang huling kabiguan. Ngunit ang Dios ay tapat.

Sa Huling Hapunan, sinabi ni Pedro na kahit man ang lahat ng mga tao ay matisod dahil kay Cristo ay hindi siya maapektuhan. Hinulaan ni Jesus na itatatwa siya ni Pedro ng tatlong

beses sa gabing iyon. Maya-maya, habang nananalangin si Cristo sa halamanan ng Getsemani, nakiusap Siya ng paulit-ulit kay Pedro na manatiling gising at manalanging kasama Niya, ngunit si Pedro'y nakatulog. Maya-maya pa nung gabing iyon, habang ang paglilitis ay patuloy, ginanap ni Pedro ang propesiya, ipinagkaila ang kanyang Panginoon at nanangis ng may kapaitan sa kanyang pagkabigo. Ang pangatlong pagtatwa ni Pedro kay Cristo ang dapat na nagpasigurado ng kanyang walang hanggang tadhana. Ang kanyang kabiguang magtiyaga sa pananampalataya ang maaaring nagkaroon ng pangunguna sa kanya patungong kapahamakan. Ngunit pagkatapos Niyang mabuhay na magmuli, lumapit ng personal si Jesus kay Pedro at tinanong siya ng tatlong beses *"Iniibig mo ba ako?"* Sa bawat sagot ng pagsang-ayon ay tumugon si Cristo, *"Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:15-17)*. Si Pedro'y natisod, nagsumpa, nagtatwa at tumakas. Itinayo siya ni Cristo, pinanumbalik siya at dinala siyang pabalik sa kawan, ginarantiya ang kapalarang inihanda ni Cristo para sa kanya. Limampung araw pagkatapos, sa Pentecostes, hinirang ni Cristo si Pedro na ipangaral ang sermon na nagpanganak sa iglesia ng Bagong Tipan sa daigdig. (Gawa 2)

Kung tunay ang saling-Arminian patungkol sa kasiguruhan, maraming beses ni Pedrong naiwala at nakamtang muli ang kanyang kaligtasan sa kanyang buhay. Ngunit sa bawat halimbawa ng kanyang pagkabigo at pagtakwil kay Cristo, makikita nating si Jesus ang nag-iisang ahente ng pakikipagkasundo, hinihila si Pedrong pabalik sa Kanya at pinanatili ang kanyang pananampalataya. Ang mga desisyon ni Pedro ay nagsilbi lamang para isumpa siya, kailanma'y hindi para papagbaguhin siya. Ang mga desisyon ni Cristo ay nagsilbi palagi para iligtas si Pedro, kailanma'y hindi para isumpa siya. Iyan ang kasiguruhang mayroon tayo sa ating Panginoon. Ang ating mga kasalanan ay

pawang nabayaran na. Ang ating mga pagkabigo ay pawang napanagutan na. At ang katapatan ng Nag-iisang umibig sa atin ng isang walang hanggang pagibig ay nagsisilbi upang siguruhin tayo sa kabila nang ating mga sarili.

## † ROMA 8:29–30

Ito ang magdadala sa atin sa wakas. Makikita natin sa doktrinang nasa ibaba ang kaganapan ng hangarin at plano nang Dios na inisa-isa ni Pablo sa Roma 8:

> *"Sapagkat ang mga nakilala niya nang una pa ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid; at yaong mga itinalaga niya ay kanya namang tinawag at ang mga tinawag niya ay itinuring niyang ganap; at ang mga itinuring na ganap ay niluwalhati din naman niya."*

- Ang kabutihan at pagibig ng Dios ang nagtalaga sa ilang mga indibidwal na maging kapatid ni Cristo sa walang hanggan, kung saan si Cristo ang panganay, ibinibigay sa Kanya ang lahat ng mga karapatan sa mamanahin. Iyan ang Walang Kundisyong Paghirang na ginanap para sa mga Lubusang Nasirang mga tao. *(Total Depravity)*
- Silang itinalagang mga indibidwal ay napakabisang tinawag. Iyan ang Hindi Malabanang Biyaya. *(Irresistible Grace)*
- Ang mga tao ding iyan ay inaring-ganap sa pamamagitan ng pagtutubos ni Cristo. Iyan ang Limitadong Pagtutubos. *(Limited Atonement)*
- Sila din na inaring-ganap at hinirang na mga tao ay niluwalhati na sa paningin ng Dios. Iyan ang Pagtitiyaga ng mga Banal. *(Perseverance of the Saints)*

Sa estimasyon ng Dios tayo'y tiyak na na-upo sa mga lugar sa Kalangitan kasama ang ating Nakatatandang Kapatid, ang ating Panginoon at Tagapagligtas, ang Ulo ng Katawan, Ang Bato ng ating Pundasyon, ang ating Kasintahang Lalaki at ang Asawa, ang Mangingibig ng ating mga kaluluwa, ang ating Kordero ng Paskua, ang ating Kapalit at Tagapagligtas, ang ating Kaibigan at Mang-aaliw, ang ating Manunubos, ang ating Tagapamagitan sa Ama, ang May Akda at Tagapagtapos ng ating Pananampalataya, ang Walang Hanggang Logos, ang tanging Binugtong ng Ama, ang Pangunahing Bunga ng Pagkabuhay na Maguli, ang Tinapay ng Buhay, ang Tubig ng Buhay, ang Pangkalahatan – si Cristo Jesus.

Amen.

## † ANG HALAGA NG MGA TINUBOS

Ang mga Doktrina ng Biyaya ay nagtuturo sa atin na ang mga tao ay miserableng mga makasalanang nasa laman. Sila ay sa kabuuang walang halaga o kabutihan, sa loob at sa kanilang mga sarili. Subalit nang ang biyaya ng Dios ay inilagay sa mga tao, sila'y ginawang-muli, hinulmang-muli at ginawang bago tungo sa isang nilalang na sobrang kagila-gilalas para sa mga salita. Sila ay nilikhang-muli sa larawan ng Kanyang minamahal na Anak.

> *"Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya, sapagkat siya'y ating makikita bilang siya." (1 Juan 3:2)*

Ang mapagbiyayang pagbabagong iyan ang hindi maiiwasang resulta ng paghirang. Hindi sinasabi nang Kasulatan na ang mga tinubos at hinirang na mga makasalanan ay mananatiling kasuklam-suklam at hindi kaayaya na mga nilikha sa presensya ng Banal na Dios. Bagkus, inaanyuhan sila bilang mahahalagang mga kayamanan:

> *"At mula kay Jesu-Cristo na siyang saksing tapat, ang panganay mula sa mga patay, at ang pinuno ng mga hari sa lupa. Doon sa umiibig sa atin, at sa nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo." (Pahayag 1:5)*

> *"At sila'y iyong ginawang isang kaharian at mga pari para sa aming Diyos; at sila'y maghahari sa ibabaw ng lupa." (Pahayag 5:10)*

Ang mga banal ng Dios ay magkakaroon ng kapamahalaang mamahala at magharing kasama ng Hari ng mga hari.

> *"Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga banal ay hahatol sa sanlibutan? At kung ang sanlibutan ay hahatulan ninyo, wala ba kayong kakayahang humatol sa napakaliliit na bagay? Hindi ba ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel? Gaano pa kaya ang mga bagay na may kinalaman sa buhay na ito?"*
> *(1 Corinto 6:2-3)*

Hindi lamang iyan, ngunit gagawin rin Niya tayong mga bagay ng kagandahan. Sa *Isaias 61:3* sinasabi ng Dios na bibigyan ni Cristo ang Kanyang mga tao ng *"kagandahang kahalili ng abo."* Ipagpapalit Niya ang *"langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis at ang damit ng kapurihan kahalili ng kabigatan ng loob."* Darating ang araw na ang lumang daigdig na ito ay ititiklop na katulad ng damit pang-libing ni Cristo at tayo'y babaguhin sa isang katayuan ng kaluwalhatian na hindi natin lubos na maisalarawan.

*"Ngunit ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kanyang malaking pag-ibig sa atin, maging noong tayo'y mga patay sa pamamagitan ng ating mga pagsuway, binuhay niya tayo kay Cristo — sa pamamagitan ng biyaya kayo'y naligtas, at tayo'y muling binuhay na kasama niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus, upang kanyang maipakita sa mga panahong darating ang di masukat na kayamanan ng kanyang biyaya sa kagandahang loob sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus." (Efeso 2:4-7)*

*"Itinuturing ko na ang pagtitiis sa panahong kasalukuyan ay hindi karapat-dapat maihambing sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin." (Roma 8:18)*

Isaalang-alang ito: ang mga hinirang na tao ay ibinigay ng Ama para sa Kanyang Anak bilang regalo. Nakatitiyak, hindi bibigyan ng Dios ang Kanyang Anak ng isang walang kuwenta at pangit na regalo. Ang Iglesia ay binabanggit din bilang *"ang Kasintahan ni Cristo,"* malinis at dalisay. Si Jesus ay hindi magpapakasal at makikipag-isang laman sa isang bagay na walang kuwenta at marumi.

*"Ako'y nakakaramdam sa inyo ng maka-Diyos na panibugho, sapagkat kayo'y itinakda kong mapangasawa ng isang lalaki, na kayo'y maiharap ko kay Cristo bilang isang malinis na birhen." (2 Corinto 11:2)*

*“Tayo'y magalak at tayo'y magpakasaya at ibigay natin sa kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at inihanda na ng kanyang magiging asawa ang kanyang sarili. At sa kanya'y ipinagkaloob na magsuot ng pinong lino, makintab at malinis;" sapagkat ang pinong lino ay ang matutuwid na gawa ng mga banal. At sinabi ng anghel sa akin, "Isulat mo: Mapapalad ang mga inanyayahan sa hapunan ng kasalan ng Kordero." At sinabi niya sa akin, "Ito ang mga tunay na salita ng Diyos.”*
*(Pahayag 19:7-9)*

At ihaharap ng Anak ang mga taong iyan sa Ama. Sila ay nagmistula ngang may kamahalan. Ang punto ko ay ito: mayroong malaking pagbabagong magaganap. Ang pangakong pagtutubos ay higit pa kaysa simpleng pagpapatawad ng kasalanan, gaano mang iyan ay kahanga-hanga na. Ang ganap na katubusan ng bawat hinirang na tao, katawan, kaluluwa at espiritu ay ang huling resulta ng gawaing pagtutubos ni Cristo.

Ang halaga ng kahit anumang bagay ay nalalaman sa pamamagitan ng presyong ibinayad para dito; mas mataas ang presyo, mas higit na mahalaga ang bagay. Wala nang kailanmang mas hihigit pang halaga, sa Langit man o sa daigdig, kaysa sa halaga ng sariling dugo nang Dios na itinigis upang bilihin ang mga hinirang. Ngunit malinaw na ang dakilang sakripisyong halaga na iyan ay hindi binayaran dahil sa anumang pang-loob na halaga ng mga naligtas. Bagkus, sila’y lilikhaing muli upang maging *“mga sisidlan ng karangalan.”*

Ang patay, walang kuwenta at mapaghimagsik na mga napopoot sa Dios ay ginagawang mga tropeo ng biyaya – nadadamitan ng puti at hinugasang dalisay sa pamamagitan ng dugo ni Cristo – upang maupo sa hindi mabilang na mga panahon ng walang hanggan bilang saksi sa halaga ng pagtubos ng Anak at ng kapama-pamahalang habag ng Ama. Ang mismong katapatan ng Dios ang nananatiling kasiguraduhan ng bawat isang makasalanang hinirang sa eternal na destinasyon.

Gaganapin ng Dios ang Kanyang pagnanais na magtayo ng pekulyar na grupo ng mga tao.

Pagkakalooban ng Dios ang Kanyang Anak ng mapapangasawa.

Magkakaroon ang Dios ng mga taong sasamba at magpupuri sa Kanya *"sa espiritu at sa katotohanan"* ng magpasawalang-hanggan.

Ang misteryo ng biyaya ng Dios ay lagpas sa pang-unawa ng tao. Ngunit nalalaman natin na mayroong banal na hangarin ang Dios sa bawat bagay na Kanyang ginagawa. At tayo ang mga tagatanggap ng banal na pag-ibig at hindi pinaghirapang kabutihan para sa sariling layunin at kaluwalhatian ng Dios.

Gagawin Niya tayong tulad ni Cristo.

At gagawin ng Dios ang lahat ng mga ito sa paraan na Siya, ang sarili Niya, ang makakukuha ng lahat ng kaluwalhatian, ng lahat ng karangalan, ng lahat ng papuri at ng lahat ng pagsamba.

*“Sapagkat tingnan ninyo ang inyong pagkatawag, mga kapatid: kakaunti sa inyo ang matatalino ayon sa pamantayan ng tao, hindi marami ang makapangyarihan, hindi marami ang isinilang na marangal. Kundi pinili ng Diyos ang mga bagay na kahangalan sa sanlibutan upang kanyang hiyain ang matatalino. Pinili ng Diyos ang mga bagay na mahihina sa sanlibutan upang kanyang hiyain ang malalakas. Pinili ng Diyos ang mga bagay na mababa at hinahamak sa sanlibutan, maging ang mga bagay na walang halaga upang pawalang-saysay ang mga bagay na mahahalaga, upang walang sinuman ang magmalaki sa harapan ng Diyos. Subalit kayo ay na kay Cristo Jesus, na naging karunungan para sa atin mula sa Diyos, at katuwiran at kabanalan, at katubusan, upang ayon sa nasusulat, "Ang nagmamalaki ay ipagmalaki ang Panginoon.” (1 Corinto 1:26-31)*

Iyan ay soberano.
Iyan ay biyaya.
Iyan ay kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya lamang.